PROPHETIC
REVELATION

# LOGOS:
# ANG SIMULA NG PAGLIKHA NG DIYOS

**Ang Diyos ni Abraham, ni Isaac at ni Jacob**

*Siya na may pakinig ay makinig!*

# PROPHETIC*REVELATION

**Website:** http://www.propheticrevelation.net

**Email Address:** richardgan@propheticrevelation.net




**This brochure cannot be sold or used in any way for the soliciting of funds.**

**Published by Richard L.S. Gan**

**Translated into Tagalog by Bonifacio B. Tamparong Jr.**

For copies, kindly contact:

**THE BRANCHES OF CHRIST MINISTRY**
**Pastor:** Danilo B. Alcarado
**Mobile Numbers:** 09106644454, 09107455526
**Email Address:** bonbontamparong@gmail.com
**Address:** Regina Ville 2000, Inocencio, Trece Martires, Cavite, Philippines

## This is the TRINITY — Can you figure it?
## This is what you're defending — if you insist on being a Trinitarian!

# THE ATHANASIAN CREED

— fundamental doctrine of the Trinity as endorsed by Catholic, Protestant and Pentecostal Churches.

Extract from the *New Schaff Herzog Encyclopaedia of Religious Knowledge* Vol. XI pg. 202, quoting from *The Guardian*, London, 10/11/1909 which gave a revised translation of the *Athanasian Creed*, made at the request of the Archbishop of Canterbury pursuant to a resolution of the Lambeth Conference of 1908.

......

3. Now the Catholic Faith is this: that we worship the one God as a Trinity; and the Trinity as an Unity.
4. Neither confusing the Persons, nor dividing the Substance.
5. For there is a Person of the Father, another of the Son, another of the Holy Ghost.
6. But the Godhead of the Father, of the Son and of the Holy Ghost is one, their glory equal, their majesty co-eternal.
7. Such as the Father is, such is the Son, and such is the Holy Ghost.
8. The Father uncreated, the Son uncreated, the Holy Ghost uncreated.
9. The Father infinite, the Son infinite,, the Holy Ghost infinite.
10. The Father eternal, the Son eternal, the Holy Ghost eternal.
11. And yet they are not three Eternals, but one Eternal.
12. As also they are not three uncreateds, nor three infinites, but one infinite and one uncreated.
13. So likewise the Father is Almighty, the Son Almighty, the Holy Ghost Almighty.
14. And yet they are not three Almighties, but one Almighty.
15. So the Father is God, the Son God, the Holy Ghost God.
16. And yet they are not three Gods, but one God.
17. So the Father is Lord, the Son Lord, the Holy Ghost Lord.
18. And yet they are not three Lords, but one Lord.
19. For like as we are compelled by Christian verity to confess each of the Persons by Himself to be both God and Lord
20. So are we forbidden by the Catholic religion to speak of three Gods, or three Lords.
21. The Father is of none, not made nor created nor begotten,
22. The Son is of the Father alone, not made nor created but begotten,
23. The Holy Ghost is of the Father and the Son, not made, nor created nor begotten but proceeding.
24. There is therefore one Father, not three Fathers, one Son, not three Sons; one Holy Ghost, not three Holy Ghosts.
25. And in the Trinity none is before or after, none is greater or less
26. But all three Persons are co-eternal one with another and co-equal.
27. So that in all ways, as is aforesaid, both the Trinity is to be worshipped as an Unity, and the Unity as a Trinity.
28. Let Him therefore that would be saved think thus of the Trinity.

**Now — do you still believe in a TRINITY?**




# PROPHETIC*REVELATION

**Website:** http://www.propheticrevelation.net

**Email Address:** richardgan@propheticrevelation.net

# PAUNANG SALITA

*Si Mendel Kravitz, isang 84-taong gulang na Hudyo, ay nabangga ng isang kotse sa New York City at inilatag na duguan sa bangketa. Isang pulis ang dumating sa pinangyarihan at nang makita ang biktima ay agad na tumawag ng ambulansya at ng isang pari.*

*Ang pari ay naunang dumating, ito'y lumapit kay Kravitz at tinanong nito, "Naniniwala ka ba sa Ama, Anak, at sa Banal na Espiritu?"*

*Itinaas ni Kravitz ang kaniyang ulo, malawak na binuksan ang kanyang mga mata, lumingon sa mga tao na nagtipon sa paligid niya at nagsalita, "Nandito ako nakahiga at mamamatay na, pero tinatanong nya pa ako ng isang bugtong!"*

~~~~~~

**Ang kamangmangan ay hindi isang biyaya**. Ang mga manunulat ng Bagong Tipan ay patuloy na umaapila sa atin na alamin at maging sigurado sa kung ano man ang ating pinaniniwalaan. Ang tanong ni San Pablo na "*Hindi baga ninyo nalalaman*?" ay madalas na mababasa sa kanyang mga sulat.

Ang mga huwad na aral sa panahon ng Panginoong Kristo Hesus ay ang resulta ng mga kamangmangan ng tao sa Kasulatan kasama ng pagsasagawa ng "***mga aral na kanilang itinuturo ay mga kautusan ng mga tao***" (Matt.15:9). Gaano kalaki, kung ganun, ang kamangmangan ng mga Kristiyano ngayon? Ating isaalang-alang ang saway na ito ng ating Panginoong Hesus "*Hindi ninyo nakikilala ang inyong sinasamba*" (Jhn.4:22).

Kaibigan, kilala mo ba kung sino ang iyong sinasamba? O sinusunod mo lamang ang mga tradisyon ng inyong simbahan? Ang Diyos mo ba ay **ang Diyos ni Abraham, ni Isaac at ni Jacob?**

Ang layunin ng aklat na ito ay maipakita ng maikli at malinaw hangga't maaari, ang Kapahayagan ng Misteryo ng Kabanalan (1 Tim.3:16), o ang paksa ng **Pagka-Diyos** sa Banal na Bibliya. Ako ay taimtim na humihiling sa iyo na magsikap sa paghahanap sa Kasulatan hanggang sa ang katotohanan ay mahayag sa iyo.

Sa loob lamang ng mga 300 na taon pagkatapos ng Asensyon ng Panginoong Kristo Hesus, ang Kristiyanismo ay naging isang organisadong relihiyon at ang liwanag ng Isang Totoong Diyos ay pinadilim ng mga teologo na nangaral at nagturo ng mga mga kredo at mga dogma ng kanilang mga organisasyon at mga tradisyon ng tao sa halip ng Salita ng Diyos. Bilang resulta, marami ngayong may iba't-ibang interpretasyon sa doktrina ng pagka-Diyos. Ang karamihan ay naniniwala na ang Diyos ay may ***tatlong pagkakaisa*** o ***tatlong persona***, habang ang ilan naman ay naniniwala na Siya ay umiiral bilang dalawang katauhan. At may mga iba na naniniwala na Siya ay isa ngunit itinatanggi ang pagkaDiyos ni Hesu Kristo. Ang mga banal ng Biblia ay hindi kailanman nagkurokuro tungkol sa Diyos. Ang mga mananampalataya ay nagsimulang malimutan ang Salita ng Diyos at
~~~~~~

binaliwala ang pundasyon nito noong sila ay lumayo mula sa gabay ng Banal na Espiritu. Ang pagiisip ng tao ang nanaig, at ang mga maling kurokuro tungkol sa Diyos ay naging laganap.

Ang karamihan ng mga Hudyo, sa panahon at pagkatapos ng unang daang taon ng Ebanghelyo, ay mahigpit sa kanilang pananampalataya sa iisang Diyos, ngunit sila ay nabigong makita na si Hesus ang Kristo na kanilang Diyos na nanahan sa laman, ay ang kanila ring Mesiyas. Ang organisadong Kristiyanismo ay walang pinagkaiba sa kanilang paniniwala. Ang pananampalataya sa iisang Diyos ni Abraham ay ginawa nilang pananampalataya sa maraming Diyos. Ang kanilang mga teologo ay kinuha ang Diyos ni Abraham at tinadtad ito sa tatlong piraso, at pagkatapos ay sinubukang gawing Kristiyano ang kanilang mga lahi sa pamamagitan ng pagbibigay sa kanila ng ikalawang piraso. At ginagawa pa rin nila ito hanggang ngayon.

Ang doktrina ng **Kaisahan ng Pagka-Diyos** ay karaniwan nang pinaniniwalaan at tinatanggap ng ilang mga mananampalataya ng Bibliya na isang katotohanan, ngunit hindi pa rin ito ganap na naiintindihan ng marami sa kanila.

Huwag basta-basta makontento sa kung ano ang iyong pinaniniwalaan, kundi siguraduhin din na ang iyong mga pinaniniwalaan ay ang talagang katotohanan.

Masyadong maraming mga "mananampalataya ng Bibliya" na mas may alam tungkol sa kanilang mga paboritong mangangaral (maging sila ay apostol, propeta, ebanghelista, pastor o mga guro) at sa kanilang mga aral, ngunit napakakaunti lang ang puno ng Espiritu at nakukuntento sa Salita ng Diyos. Huwag mong sabihing "*naniniwala ako*" hanggat hindi ka nakakasiguro na ito ay tunay na naipinahayag ng Espiritu ng Panginoon. "*Nguni't ang taong ayon sa laman ay hindi tumatanggap ng mga bagay ng Espiritu ng Dios: sapagka't ang mga ito ay kamangmangan sa kaniya; at hindi niya nauunawaan, sapagka't ang mga yaon ay sinisiyasat ayon sa espiritu.*" (1 Cor. 2:14). Walang kapahayagan na totoong kapahayagan maliban kung ito ay ibinigay mula sa itaas. *"Nguni't ang mga ito ay ipinahayag sa atin ng Dios sa pamamagitan ng Espiritu; sapagka't nasisiyasat ng Espiritu ang lahat ng mga bagay, oo, ang malalalim na mga bagay ng Dios."* (I Cor. 2:10). Kaya, "*Ang Dios ay tapat, datapuwa't ang bawa't tao'y sinungaling*" (Rom 3:4).

Pagpalain ka nawa ng Panginoon sa iyong pag-aaral ng Kanyang Salita ay ang aking panalangin.



**Richard l.s. Gan**
Ang May-akda

Ang artikulong ito ay unang isinulat noong 1984 upang ilantad ang kamalian ng doktrina na tinatawag na banal na Trinidad.

Simula noon, ilang mahahalagang paksa ng katotohanan sa banal na kasulatan ang na lantad. Gayunman, ang paghahayag ng Isang Diyos (at ang kaisahan ng pagka-diyos) ay nananatiling tunay at hindi nagbabago.

Tulad ng Diyos na ginagabayan ang kanyang nobya sa ganap na kawastohan, ang lahat ng mga banal ni Kristo ay inaasahan na magkaroon ng isang mas malalim na pag-unawa sa katotohanan ng Diyos.

Samakatuwid, ang may-akda ay nagtalagang kinakailangan baguhin ang orihinal na artikulo para sa kapakinabangan ng mga mananampalataya sa katotohanan.

Ang artikulong ito ay naglalayong ipresenta sa mga mambabasa na may kabuuang layunin at pag-unawa sa Diyos - **Ang misteryo ng Diyos kay Kristo**. Dahil sa kakulangan sa espasyo, hindi dito nais idetalye lahat ng bawat posibleng argumento laban sa santisima Trinidad.

---

*Datapuwa't dumarating ang oras, at ngayon nga, na sasambahin ng mga tunay na mananamba ang Ama sa espiritu at katotohanan: sapagka't hinahanap ng Ama ang mga gayon na maging mananamba sa kaniya. Ang Dios ay Espiritu: at ang mga sa kaniya'y nagsisisamba ay kinakailangang magsisamba sa espiritu at sa katotohanan.* – Juan 4:23-24.

# *LOGOS*:

## ANG SIMULA
## NG
## PAGLIKHA NG DIYOS

### ANG PAGLIKHA

*“**Sa simula** ay nilikha ng Diyos ang langit at ang lupa;”* – ***Genesis 1:1***

Ito ay kilala sa pangkalahatan, at katanggap-tanggap na katotohanan na ang langit at ang lupa ay nilikha sa loob ng anim na araw. Ngunit ang lupa kung saan tayo ngayon nabubuhay ay muli nang nilikha, hindi na ito ang orihinal na nilikha pagkatapos ng ilang panahon simula pa ng una itong nilikha ng Diyos. Bago pa ito muling nilikha, ang lupa ay nasa estado ng lagim, kawalan, at kadiliman.

Bakit kaya naging ganito? At ano ang mga dahilan?

## *“PREHISTORIC ERA”*

Ating suriin ang Bibliya na talaan ng mga pagkakasunud-sunod na pangyayari at mga kaganapan na nauukol sa langit at lupa kung saan ang Diyos ang lumikha. Mula sa Genesis 1:1 naniniwala tayo na nilikha ng Diyos ang langit at ang lupa sa panahon na tinatawag na “**ANG SIMULA**” na kung saan ay milyong-milyong taon na ang nakararaan. Ito ay **ANG SIMULA ng Paglikha ng langit at ng lupa**. Si Propetang Isaias ay sinabi na ang Diyos *“ay ginawa niya itong matatag at nananatili, at mainam na tirahan.”* (Isa. 45:18) At ang mga natuklasan ng mga arkeolohiko ay nagpapatunay sa atin na nagkaroon ng isang panahon kung saan ang mga Dinosaurs at mga naglalakad na mga nilalang na kamukha ng tao ay nabubuhay sa lupa. Ito ay isang panahon na kung saan milyong-milyong taon na ang nakaraan bago *“ang lupa ay walang hugis o anyo. Dilim ang bumabalot sa kalaliman”* (Gen.1:2a) Ito ay kilala sa tawag na **“Prehistoric Era”**

## ANG MGA ANGHEL

Ang lupa, na ginawa sa isang mahusay na estado at kondisyon, ay nilalayong maging isang tahanan para sa lahat ng mga nilalang upang mabuhay ng may pagkakasundo at magkakasama sa panahon ng Prehistoric Era.

Ngayon, babalik muna tayo na lampas pa ***SA SIMULA ng langit at ng lupa*** papunta *SA SIMULA ng mga Anghel.*

Sa Job 38:4-7, inihayag ng Diyos ang kamangmangan ni Job noong tinanong sya ng Diyos:

> *“Nasaan ka nang likhain ko ang mundo?... kung saan, ang mga umagang bitui'y nag-awitan, at mga nilalang sa langit, sa tuwa'y nagsigawan?”*

Oo, ang mga bituin ng Diyos (mga mesaherong Anghel) ay kasama ng Diyos ng Kanyang inilatag ang mga pundasyon ng lupa. Bawat Binhing-Salita na mga anak ng Diyos ay nandoon na sa isip ng Diyos at nagsisigawan sa kagalakan. [Tandaan: madalas na nagsasabi ang Diyos ng mga di-umiiral na mga bagay na kung baga sila ay umiiral na (Rom.4: 17).]

Ang bawat nilalang na nilikha sa imahe at hugis ng Diyos ay pinagkalooban ng kapangyarihan upang pumili sa tama at mali. Wala sa mga ito ang nakaprograma katulad ng isang robot. Ang mga anghel, na nasa imahe at hugis ng Diyos, ay sinibukan sa kung anu ang kanilang pipiliin. At ang pinakamagandang lugar para sa kanilang pagsubok ay walang iba kundi ang ating planeta. Ang langit ay hindi kailanman nilayon upang gamitin sa anumang layunin, kundi ito’y lugar lang na tirahan ng Diyos.

## MGA ANGHEL NA NILAGLAG SA LUPA

Si Satanas ay isa nang **nilaglag na anghel** noong siya'y pumasok sa **Hardin ng Eden** na ginawa para kay Adan at Eva. Siya ay sinubok, at dahil hindi siya pumasa, siya'y nilaglag sa lupa tulad ng naitala sa Isaias 14:12-14 at Ezekiel 28:11-17.

Sa Juan 8:44, sinabi ni Hesus (sa mga hindi naniniwalang Hudyo):

> *"Ang diyablo ang inyong ama! At ang kagustuhan niya ang ibig ninyong gawin. Noon pa man ay mamamatay-tao na siya. Hindi siya pumanig sa katotohanan kailanman, sapagkat walang puwang sa kanya ang katotohanan. Likas sa kanya ang magsinungaling, sapagkat siya'y talagang sinungaling, at siya ang ama ng kasinungalingan."*

Sa mga salitang ito, ang Panginoong Hesus ay hindi tumutukoy sa pagpatay ni Cain kay Abel na binhi ng demonyo, o sa kasinungalingan na sinabi ng demonyo kay Eva. Si Kristo ay tumutukoy sa panahon ng pinagmulan ni Satanas at sa pagsubok sa kanya noong siya ay may sariling **Hardin ng Eden** dito sa lupa.

Sa Ezekiel 28, noong ang Propetang Ezekiel ay naghula, siya ay hindi lamang nagsaway sa hari ng Tyrus na isang taong mapagmataas na gustong itaas at dakilain ang kanyang sarili, pero pati na rin kay Satanas noong siyay nagsalitang, *"Ikaw nasa Eden, ang Hardin ng Diyos"* (v.13). **Subalit mangyaring tandaang mabuti na itong Hardin ng Eden, na kung saan ay ginawa para sa Prinsepeng Anghel bago ang kanyang pagkahulog, ay isang hardin ng mga mahahalagang bato at hindi isang hardin ng mga halaman.** Ang hardin ni Adan ay isang hardin na puno ng prutas at halaman. Ang salitang "Eden" ay nangangahulugan lamang na "*isang tuwa*" o "*paraiso*". Lahat doon sa hardin ng mga mahalagang bato ay ginawa para sa anghel na itinalaga. Bawat mahalagang bato ay kanyang panakip at kanyang kaluwalhatian. Siya ay itinaas sa isang posisyon ng kapangyarihan - "*Ikaw ay nasa banal na bundok ng Diyos*" (v.14). Siya ay perpekto sa kanyang mga paraan hanggang sa ang katampalasanan ay natagpuan sa kanya (v.15). Nabigo siya sa kanyang mga pagsubok at siyay nahulog. Pagkatapos nito, si Lusiper – *ang Anak ng umaga*, ay naging si Satanas, ang kaaway ng Diyos.

Noong ang pitumpung mga alagad ay bumalik kay Hesus pagkatapos ng kanilang matagumpay na misyon, sila ay napuno ng dakilang kagalakan na ang Panginoon ay nagsabi sa kanila: "*Nakita kong parang kidlat na nahulog si Satanas mula sa langit"* (Lk.10 :17-18). Oo, si Satanas ay itinaas ang kanyang sarili at siya ay nahulog mula sa kanyang unang estado, at "*Bumagsak sa lupa, at nahulog mula sa langit. Ikaw na nagpasama sa mga bansa!* " (Isa.14: 12).

Maliwanag na si Lusiper, na dating may kapangyarihan at may kontrol sa planetang ito, ay matagal nang lumalaban ng napakahirap

na laban upang mabawi ang kontrol mula sa **tao** na bagong pinuno at itinalaga para mamahala, simula pa noong **muling paglikha** ng Diyos. Siya'y gumagamit ng lahat ng mga paraan, upang makamit ang kanyang ambisyon. Ang kanyang mga masamang gawa ay pumuno sa lupa ng lahat ng anyo ng karahasan at kasalanan. O satanas! Gagawin nya ang lahat upang sirain ang lahat ng mga nilikha ng Diyos! Oo, siya ang diyos nitong masamang salinlahi!

Oo, si Lusiper ay perpekto noong siya ay nilikha. Ngunit hindi siya nakuntento sa kanyang pagaari at katayuan. Tila siya ay nabagot sa kanyang posisyon at nagsimulang kumimkim ng isang lihim na ambisyon na maging katulad ng Kataastaasan (Isa.14:14). Alam ito ng Diyos at sinimulang harapin siya. At doon nasumpungan ang kalikuan sa kanya at siya ay nagsimulang magdulot ng '**digmaan**' sa pagitan ng mga malalaking nilalang sa lupa. **Pumatay! Sumira! Nagwasak**! Kaya si Lusiper ay naging mamamatay!

At noong hinarap siya ng Diyos, kanyang sinabi ang kanyang unang kasinungalingan. Hindi siya sumunod sa katotohanan. *"Siya ay isang mamamatay-tao mula sa simula at nananahan ng hindi sa katotohanan, dahil walang katotohanan sa kanya."*

Ang lupa ay nasa isang estado ng kaguluhan at wala sa kaayusan. Lahat ng mga nilalang ay nag-away at nagpatayan na nagdulot ng kaguluhan sa kanilang kapaligiran. Ang mga nasira, kasama ng mga nabubulok na mga bangkay, ay nagdulot ng pagbabago sa klimatikong kondisyon ng lupa at ang mga lupain ay naging di kanaisnais. Hanggang sa ang Diyos ay nagpasyang itigil ang pandaigdigang pagkasira. Binalutan Niya ng yelo ang buong mundo. At ang nilaglag na prinsipe ng mga anghel ay kinuhaan ng kapangyarihan sa ibabaw ng lupa.

Lahat ng mga anghel na sumunod sa masamang pamumuno ni Satanas ay nahulog kasama niya. Iniwan nila ang kanilang unang estado dahil sa kanilang pinili. At ang mga anghel na napatunayang tapat sa Diyos ay nanatili sa Kanyang kanang kamay upang isagawa at isakatuparan ang Kanyang plano.

Ang mga "dakilang" theologo ay hindi kailanman nakakaalam ng malalim na katotohanan na nakatago sa Salita ng Diyos. Ihahayag lamang ng Diyos ang katotohanan sa mga baguhan at sa mga gustong matuto. Oo, ang Salita ng Panginoon ay ibinigay sa atin ng utos sa utos, linya sa linya, dito ay kaunti at doon ay kaunti upang matanggap natin ang buong katotohanan.

Kahit ngayon, may mga tao (lalo na ang mga naniniwala na ang lupa ay nasa 6000 na taong gulang pa lang) na nagtuturo na ang mga Dinosaurs ay nabubuhay noong mga araw ni Adan at ang lahat ng mga ito ay namatay noong ginunaw ang mundo sa panahon ni Noe. Iyan ay isang kahangalan! Kung umiiral ang mga dinosaurs sa Araw ni Noe, bakit wala sila sa Arka noong inutos ng Diyos kay Noe na kumuha ng

"*dalawa sa bawat uri*" ng mga hayop bago gunawin ang mundo sa pamamagitan ng baha? At kung sila ay nasama sa Arka, bakit wala sila dito sa atin ngayon? (Ang ilang mangangaral ay naghinala na dahil sa laki ng mga dinosaurs, nabuhay lamang sila ng maikling panahon pagkatapos ng baha dahil sa kakulangan ng pagkain.) Una sa lahat, maaari bang "*ang dalawa sa bawat uri*" ng mga Dinosaurs at mga heganteng ibon (kahit yaong mga bata pa) ay pwedeng magkasya sa Arka? Isipin ito dapat. Ang Baha sa araw ni Noe (na halos 4,400 taon pa lamang ang nakakaraan) ay hindi syang sanhi ng pagkamatay ng mga Dinosaurs.

Ang Arkeolohiya ay nagpatunay na nabuhay sila nang milyon-milyong taon na at hindi lamang noong 6,000 taong nakalipas sa panahon ni Adan. Kung ang baha ay ang sanhi ng pagkalipol ng Dinosaurs at iba pang mga nilalang sa lupa, bakit ang mga Trilobites at ang iba pang mga arthropods na nabubuhay sa dagat ay hindi rin nabuhay sa baha? Paano at bakit sila napatay sa pagkagunaw? Ang sagot ay dahil hindi sila nabuhay sa panahon ni Adan kundi sa panahon bago pa man noon. Sila'y namatay noong gawin ng Diyos na nagyeyelo ang lupa pagkatapos nyang isagawa ang kanyang paghatol kay Satanas at sa mga nilaglag na mga anghel.

Hindi naitala sa Genesis 1:1 kung gaano katagal ang panahaon ng paglikha ng Diyos ng langit at lupa. Ang mga kaganapang nangyari dito ay hindi rin naitala sa taludtod na ito. (Malinaw na ito'y para itago ang katotohanan sa mga matatalinong tao.) Ang proseso ay maaaring sakop ng ilang panahon ng oras.

Oo, si Lusiper ay may Eden. Si Adan ay may Eden. At sa pagkakaroon ng *Bagong Henerasyon* (Regeneration) kung saan ang ating Panginoong Hesu Kristo ay uupo sa trono ng Kanyang kaluwalhatian upang maghari sa kanyang Nobya, Siya ay magkakaroon ng Eden (Matt.19: 28; Isa.65:18-25). Ang sa hinaharap na "*Bagong langit at Bagong Lupa*" na nilikha mula sa kasalukuyan ay ang tunay na Eden (Rev.21: 22).

## ANG MULING PAGLIKHA

Ang paglaglag kay Satanas ay nagdala ng malungkot na kalagayan sa lupa tulad ng naitala sa Genesis 1:2a. Ang lupa ay walang liwanag. Ito ay walang laman at inilatag na basura. "*At ang Espiritu ng Diyos ay kumilos sa mukha ng mga tubig"* at sinimulang likhaing muli ng Diyos ang lupa (sa loob ng anim na araw) para mapanirahan muli. Sa pagkakataong ito, ang mga hayop ay ginawa na Niyang mas maliit kaysa sa dati.

"*At sinabi ng Diyos, likhain natin ang tao ayon sa ating larawan, ayon sa ating wangis*" (Gen.1: 26). At ang tao ay binigyan Nya ng kapangyarihan na mamahala sa bawat nilalang na nabubuhay sa ibabaw ng lupa. Ito **ANG SIMULA ng tao** na nilikhang mababa ng

kaunti kaysa sa mga anghel pero kinoronahan ng kaluwalhatian at karangalan, at itinakda sa lahat ng mga gawa ng kamay ng Diyos.

## ANG PAGKADIYOS

Sa Genesis 1:26, ang Diyos ay hindi nakikipag-usap o nagpapayo sa iba pang dalawang Diyos, tulad ng Anak at ng Banal na Espiritu, na gustong ipaniwala sa atin ng mg teyologong Trinitarian dahil sa salitang "*natin*". Kasalungat ng sinasabi nila, ang kasunod na taludtod ay nagsasabing "*At nilikha ng Diyos ang tao ayon sa* ***kanyang sariling*** *imahe...*" Ang paggamit ng isahan na panghalip ay nagbibigay-diin na ang paglikha ay gawa ng **IISANG BANAL NA MANLILIKHA**. (Tingnan din ang John 1:3,10.) ***Kanino ngayon nakikipagusap ang Diyos doon?*** Iyon ay walang iba kundi ang kanyang mga sinubukan at subok na na mga anghel. (Tingnan ang Isaias 6:1-8.) Dahil sa kapakumbabaan, ang dakilang Diyos ay inihayag sa kanila ang Kanyang intensyon. Kahit na ang mga anghel ay hindi lumilikha at hindi rin nila ipinapangaral ang Ebanghelyo, sila ay interesado din sa mga gawa ng Diyos. Sila ay mga alagad ng Diyos, at minsan tinutukoy din sila bilang mga "*lalaki*" (Gen.18: 22; 19:1; Mga Gawa 1:10). Walang nagtuturo sa Diyos, ngunit ang Diyos ay naghahayag sa mga anghel at mga tao. (Tingnan ang 1 Peter 1:12, Gawa 10:1-8; Genesis 18:17-33; 19:01; Awit 103:20)

Walang bagay na tinatawag na ***Trinidad ng Diyos***; walang ***Tatlong Persona o Tatlong Pagkatao sa iisang Diyos***. Ang Biblia ay hindi kailanman nagtututro ng ***Kaisahan ng pagkaDiyos ng Tatlong Diyos*** o ng "***Tatlong mga Diyos" sa pagkaDiyos***. Ang mga Trinitarians ay itinuturo ito at tinatawag nila itong isang *misteryo*. At talaga naman, ito ay mananatiling misteryo sa kanila hangga't pinapalagay nila ang Diyos ayon sa kanilang sariling katalinuhan. Una sa lahat, ang misteryong ito (kung tawagin nila) ay isang misteryosong teorya na ginawa ng may limitasyong-isip na kinasasangkutan ng kawalang-hanggang pagkaDiyos! At ito ang isang halimbawa na teorya ng isang Trinitarian (Keith L. Brooks):

> *"Kung ang doktrina ng Trinidad ay hindi tatanggapin, si Kristo ay hindi banal at ang character ng Kanyang pagtubos ay mauuwi sa wala. Kung mayroong Trinidad ... at ang pagsamba ay hindi kay Hesus at sa Banal na Espiritu, samakatuwid ay kinuhaan ng pagsamba ang dalawang-ikatlo bahagi ng pagkaDiyos."*

Itong **'Isang Diyos na binubuo ng Tatlo**' ay ang pinakamalaking hadlang sa mga Hudyo, Muslim at maraming pang ibang naghahanap ng katotohanan. Ngunit marami sa mga Kristiyano na tinuruang maniwala sa "Misteryong" ito, ay buong karangalang ngunit may kamangmangang ipinagtatanggol ito sa pamamagitan ng deklarasyon na:

*"Ang Trinidad ay isang pangunahing artikulo ng Kristiyanong relihiyon, at ang sinomang hindi naniniwala dito ay maaaring mawala ang kanyang kaluluwa, at ang sinomang nagsusumikap maunawaan ito ay maaaring mawala ang katinoan ng kayang pag-iisip."*

Ang pagtuturo ng may tatlong pagkakaisa ng Diyos ay isang direktang pagkakasalungatan sa simpleng mga kasulatan ng Colossians 1:19 at 2:9 kung saan ***nasasaad na kay Kristo Hesus nananahan ang KAPUNUAN ng Diyos sa katawan.*** **Siya ang LAHAT NG PAGKADIYOS**. Walang aral sa Bibliya na Siya ay *isang-ikatlong* bahagi lamang sa pagkaDiyos. Kahit ang ilan ay naniniwala na may *tatlong hiwalay na mga trono* sa langit na kung saan ang Anak ay uupo (o ngayon ay nakaupo) sa kanang kamay ng Diyos. Ang ganitong mga tao ay nililimitahan ang Espiritu ng Diyos sa katawang tao.

Si San Juan ay itinala na "*Walang taong nakakita kailan man sa Dios; ang bugtong na Anak lang, na nasa sinapupunan ng Ama, siya ang nagpakilala sa kanya."* (Jhn.1:18). Ito ang tama. kailanman, walang taong nakakita sa Diyos, ni sinumang makakakita sa Kanya. "*Sya na walang kamatayan, na nananahan sa liwanag na di malapitan; na di nakita ng sinomang tao, o makikita man: sumakaniya nawa ang kapurihan at paghaharing walang hanggan. Amen.*" (1 Tim.6:16). **Ang Diyos ay Espiritu. Siya ay nananahan sa walang kapantay na liwanag at pinili na itago ang Kanyang sarili, samakatuwid, Sya ay nanatiling hindi nakikita** (Isa.45:15; Col.1:15).

Ang ilan ay maaaring iniisip na si Stephen, noong siya ay binato at mamamatay, ay nakita niya ang Diyos dahil ipinahayag niya na nakita niya si Hesus na nakatayo sa kanang kamay ng Diyos (Gawa 7: 55-56). Ang terminong "*kanang kamay ng Diyos*" ay nagpapahayag ng *Kaluwalhatian* ng Diyos at *Kapangyarihan*. Ito ay nagsasaad din ng *awa, biyaya, at awtoridad*, samantalang ang "*Kanyang kaliwang kamay*" ay nagsasaad ng *Hatol* ng Diyos. Mangyaring basahin ang Exodo 15:6 at Mateo 25:31-46 para sa isang mas mahusay na pag-unawa. Noong naniwala ang mga may maraming diyos na nakita nga ni Stephen ang Diyos ay sinasalungat nila ang Kasulatan na sinasabi nilang kanilang pinaniniwalaan - Juan 1:18, 1 Timothy 6:16, Colosas 1:15, atbp.

Sa Biblia, kapag si Hesus ay inilalarawang nakatayo, Siya ay nasa posisyon o opisina ng Mataas na Pari, sa Kanyang gampaning tagapamagitan. Ito ang Kanyang opisina ngayon. Gayunpaman, hindi Siya palaging nasa opisina ng Mataas na Pari. Isa sa mga araw na ito, Sya ay magiging Hukom at Hari kapag Siya ay nakaupo na sa Kanyang trono ng kaluwalhatian upang husgahan ang mundo.

Samakatuwid, sa kanyang pangitain, nakita ni Stephen si Hesus bilang isang Mataas na Pari ng Diyos na binigyan ng buong

kapamahalaan at kapangyarihan ng Dios (Rev.1: 13; Matt.28: 18). Siya ang awa at ang biyaya ng Diyos.

Ang konsepto ng Trinidad ay isang **Babeloniyang paniniwala**. Ito ay itinataguyod bilang isang batayang doktrina sa *Nicene Council* noong 325 AD sa pamamagitan ng Iglesia ng Roma na walang iba kundi ang "*Dakilang Misteryosong Babeloniya, ang Ina ng mga Patutot at Karumaldumal ng Mundo*". Ang Romanong Iglesiang ito ay hindi lamang hinati ang Diyos sa tatlo, ngunit ginawa din nyang tagapamagitan sa panalangin ang mga namatay na banal tulad ng ginawa ng mga paganong Romano sa kanilang mga ninuno. Ang Apostate Christianity ay nagbibigay lamang ng madilim na turo. Nakakalungkot pero totoo, ang mga doktrina at mga aral na itinataguyod ng karamihan ng mga simbahan ay batay lamang sa mga karnal na pag-iisip at pangangatwiran ng mga mangangaral at hindi sa orihinal na mga salita ng mga Apostol at mga Propeta.

Nang ang mga pilosopiko at teolohikal na isipan ay ginawa ang Trinidad, ang Kasulatan ay hindi pinansin o di kaya ito ay kanilang binaluktot para ito'y maangkop sa kanilang mga tradisyunal na imahenasyon. At ang mali ay tinanggap bilang tama, at ang tunay na kaalaman ay itinuring na mali.

***Isaalang-alang ito: Sino ang Ama ni Hesus?*** Hindi ba sinasabi sa Mateo 1:18 na si Maria "*ay natagpuang may anak ng Espiritu Santo*" (i.e. ang ama ay ang Espiritu Santo)? Ngunit inaangkin naman ni Hesus na ang Diyos ay ang Kanyang Ama. Kung gayon, ang "*Diyos Ama*" at ang "*Diyos Espiritu Santo*" (termino na madalas ginagamit ng mga Kristiyano) ***ay isa at parehong Espiritu***, kung hindi ay magkakaroon si Hesus ng dalawang Ama. (Tandaan: Walang terminolohiyang "*Diyos Espiritu Santo*" at "*Diyos Anak*" sa Banal na Kasulatan. Ang mga katagang ito ay ginagamit ng Apostate na Kristiyanismo upang ipakita na hiwalay ang mga personalidad sa pagka-Diyos.)

Malinaw sa Efeso 4:4 at Juan 4:24 na may **IISANG ESPIRITU**. Sinabi rin ni Hesus na Siya at ang Kanyang Ama ay isa, hindi dalawa. Ito'y nagpapahayag ng **IISANG DIYOS!** "*Isang Dios at Ama ng lahat, na higit sa lahat, at sumasa lahat, at nasa lahat*" (Eph.4: 6). At mayroong IISANG PANGINOON. "*Datapuwa't sa atin ay may isang Diyos, ang Ama, na buhat sa kanya ang lahat ng bagay, at tayo'y sa kanya; at isang Panginoong Hesu-Kristo, na sa pamamagitan niya ay ang lahat ng bagay, at tayo'y sa pamamagitan niya*" (1 Cor.8:6). "*Pakinggan, O Israel; Ang Panginoong na ating Diyos ay isang Panginoon*" (Deut.6: 4; Mk.12: 29).

Nilikha ng Diyos ang lahat ng bagay sa Kanyang sariling mabuting kalooban (Rev.4:11). Ang pagiging may walang hanggang karunungan ay ipinanukala Nya (Eph.1:9) *"lahat ng bagay ayon sa pasiya ng Kanyang kalooban*" (Eph.1:11), hindi ayon sa pasiya ng kanilang (Trinidad) kalooban. Sa Pahayag 1:8 ay mababasa na *"AKO... NGAYON*

*AT NANG NAKARAAN AT SA DARATING, ANG MAKAPANGYARIHAN. ", at hindi "TAYO... NGAYON AT NANG NAKARAAN AT SA DARATING, ANG MGA MAKAPANGYARIHAN".* Iyan ay ang paghahayag ng Isang Diyos, hindi tatlo. Isang Diyos na nagpapayo sa Kanyang sarili, hindi sa kanilang sarili. Kaya mayroon lamang Iisang Diyos.

## ANG WALANG HANGGANG ESPIRITU

Walang may walang hanggan kung hindi ang Makapangyarihang Espiritu, ang nagiisang kataas-taasan, ang sapat na nagiisa. Siya ang "*Mataas at Matayog na naninirahan sa kawalang-hanggan, na ang pangalan ay Banal*" (Isa.57: 15 cf. Heb.9: 14). Itong "*Isang Mataas at Matayog*" ay si **ELOHIM**, ngunit Siya ay kilala rin sa maraming iba pang mga pangalan sa wikang Hebreyo. Kahit ang **ELOHIM na salita ay lumilitaw na pangmaramihan, ito ay hindi nangangahulugan ng maramihang kataohan, kundi ito'y naglalarawan ng Kanyang kataas-taasang kamahalan at kadakilaan**, dahil sa Kanyang sarili ay may mga iba't-ibang katangiang nahayag - Ama, Manlilikha, Tagapanatili, Manggagamot, Tagapagligtas, atbp. Ang **Elohim** ay may kinalaman sa Kanyang pagkaDiyos o Banal na kamahalan. Kaugnay ng ELOHIM, ang salitang **YAHWEH (YHWH)** ay ginagamit din. Ang **YAHWEH** ay nangangahulugang "**Ang Isang Sapat na**" o "**Ang Isang Walang Hangang Nabubuhay sa Kanyang Sarili**". Si **Yahweh** ay iniuugnay ang Kanyang sarili sa tao na Kanyang nilikha mula sa alabok ng lupa, at Sya ang nakitang anyo ng Elohim na nagpakita sa pamamagitan ng isang salitang-katawan. **Si ELOHIM ang naghayag ng Kanyang sarili bilang si YAHWEH**. Yahweh ang pangalang itinalaga ng Diyos sa Lumang Tipan upang iligtas ang mga anak ni Israel (Ex.6-13) ayon sa pangako na ibinigay Niya kay Abraham (Gen.15:13-16). Basahin ang Mga Bilang 6:22-27. Sa Bagong Tipan, nang si Yahweh ay hinayag ang Kanyang sarili sa katawang tao, kinuha Niya ang pangalang **YAHSHUA** (Hesus).

[Paalala: Upang ipakita ang kamahalan ng kanilang maraming diyos, ang mga pagano din ay gumamit ng (pangmaramihang pangalan) salitang "Elohim" para sa kanilang mga diyus-diyosan at pagsamba sa mga ito. Ang mga Kristiyano na ang isip ay nakatutok lang sa partikular na mga salitang Hebreyo at Griyego ay matinding nagpalagay na ang salitang "Elohim" ay malinaw na nagpapakita ng maraming Diyos sa pagka-Diyos. Kung ito ay totoo, isaalang-alang itong mga salita na sinalita ng Panginoon kay Moises sa Exodo 32:8:

> "*Sila ay mabilis na humiwalay sa daan na aking iniutos sa kanila. Sila ay gumawa sa kanilang sarili ng **inukit na bisiro**, at sumamba dito at naghandog dito, at sinabi, 'Ito ang inyong **diyos*** [Heb: **Elohim**], *O Israel, na nagdala sa inyo palabas sa lupain ng Ehipto!'"*(New KJV, ang orihinal na KJV ay ginamit ang "mga dios" para sa salitang "Elohim ".)

Malinaw na alam ng Diyos na may isang ginintuang bisiro lamang. Ang mga nanlalamig na mga Israelita ay nagukit ng isang bisiro lamang at sinamba ito (Ex.32:4). Maaari bang ang sinumang Kristyano ay maging ganon ka bulag para maniwala na higit pa sa isa ang ginuntuang bisiro doon?

Ang pag-aaral ng salita ay mabuti, ngunit ang pag-aaral ng salita ay hindi laging humahantong sa kapahayagan ng Katotohanan. Ang Katotohanan ay dumating lamang sa pamamagitan ng paghahayag ng Banal na Espiritu habang Siya ay nagbibigay liwanag sa Kanyang Salita.

Isaalang-alang ang turo na ang Ikalawang Kamatayan daw ay isang walang-katapusang paghihirap ng mga masasama sa lawa ng walang hanggang apoy. Ang salitang "walang hanggan" o "walang katapusan" [Greek: *aionios*] na ginamit sa paglalarawan sa apoy ay nagdulot sa maraming teologo ng Bibliya at mga Kristiyano na maniwala na ang mga masasamang kaluluwa ay masusunog ng walang hanggan at walang katapusan. Kung ang turong ito ay tunay na ayon sa Bibliya, ang KAMATAYAN kung ganun ay hindi talaga kamatayan. Ngunit papaanong ang mga masasama ay mabubuhay ng walang wakas sa dagatdagatang apoy? Paanong mabubuhay magpakailanman ang masasamang kaluluwa nang wala ang Espiritu ng Diyos?

Tiyak na kung wala ang Espiritu ng Banal na Diyos ay walang buhay, at mas walang mabubuhay ng walang hanggan. Ang KAMATAYAN ay KAMATAYAN. Ito ay ang pagtigil ng buhay. Lahat ng masasama "*ay magkakaroon ng **kanilang bahagi** sa lawa ng nagniningas sa apoy at asupre; na siyang ikalawang kamatayan*" (Rev.21: 8). Kung gaano katagal ang bawat masamang kaluluwa masusunog sa lawa ng apoy ay depende sa matuwid na hatol ng Banal ng Israel.]

Hayaan nyong bigyan ko ng diin: Walang umiiral sa **walang hanggang nakaraan** maliban sa **Walang Hanggang Banal na Espiritu - si ELOHIM**. Nagsalita siya kay Isaias, na naitala (sa ilang mga talata sa Isaias kabanata 43 at 44), *na walang ibang Diyos maliban sa Kanya.* At "*sa Kanya tayo ay nabuhay, at gumalaw, at nagkaroon ng ating pagkatao*" (Gawa 17:28).

> *"Kayo'y aking mga saksi, sabi ng Panginoon, at aking lingkod na aking pinili: upang inyong malaman at maniwala kayo sa akin, at maunawaan na ako nga: **Bago ako ay walang ng ibang Diyos na nabuo, o magkakaroon man pagkatapos ko, samakatuwid baga'y ako, ang Panginoon; at liban sa akin ay walang tagapagligtas**"(Isa.43:10-11).*

**Ang "Kawalang-hanggan" ay nangangahulugang walang hanggan sa oras at lugar**. Ito ay walang simula at walang wakas. Ito ay palaging ganun noon, ngayon at sa hinaharap. Kaya **kasalungat na tawagin si Hesus na Walang Hanggang Anak ng Diyos**, dahil bawat "anak" ay

may simula. Ang terminong "Walang Hanggang Anak" ay isang Trinitaryang likha. **Si Hesus ay ang Bugtong na Anak ng Diyos** (Heb.1: 6). Tingnan ang mapropetang salita ng Awit 2:7:

> *"Aking ipahahayag ang atas: Ang sinabi ng Panginoon sa akin, Ikaw ay aking anak; sa araw na ito ay ipinanganak kita."*

Ang salitang "*sa araw na ito*" (o "*ngayon*") ay walang koneksyon sa kawalang-hanggan. Ito ay nagsasalita ng oras. Ngunit ang **Makapangyarihan Espiritu** ay "*tumatahan sa walang hanggan.*" Siya ay walang anyo o katawan na naglilimita sa Kanya; Siya ay makapangyarihan at nakakaalam ng lahat, kaya Siya ay nasa lahat din ng dako. Siya ay **hindi nakikita** (Col.1:15; 1 Tim.1:17; 6:16), at walang taong maaaring makakita sa Kanya at mabubuhay (Jhn.1: 18; Ex.33: 20). Kaya paanong naniniwala ang mga Trinitaryan na makikita nila ang Diyos, ang Ama, na nakaupo sa trono sa Langit? Paanong inaangkin ni Joseph Smith (ng Mormonism) na nakita nya ang **Diyos Ama at si Hesu Kristo?**

Ang ilan sa inyo ay maaaring tinatanong: "*Sino pala kung gayon ang nakita ni Moises, Joshua, Abraham, at ng iba pang mga santo sa panahon ng Lumang Tipan noong binanggit na nakita nila ang Diyos o nakipag-usap sila sa Kanya nang harap-harapan*?" (Para sa halimbawa: tingnan sa Exodo 33:11; 24:9-11; Josue 5:13-15; Genesis 17:1; at iba pa)

Para sa kasagotan, kailangan nating tumingin sa maraming mga Kasulatan at tumingin mula sa iba't ibang mga anggulo. Ngayon alam natin na ang mga Banal na Kasulatan ay madalas may maraming kahulugan at ang Diyos ay may banal na layunin para sa pagtatago ng katotohanan habang sa parehong oras ay hinahayag ang mga ito. Ito'y makikita sa paggamit ng mga Propeta at mga Apostol ng ilang partikular na mga pahayag na kung saan, ang mga **malalim na mga bagay ng Diyos** ay nakatago sa likod ng "titik" ng Salita, na hindi maintindihan ng natural na tao. Kahit si Kristo Hesus ay nagsasalita sa paraan "na ang Banal na Kasulatan ay matupad." (Para sa mga halimbawa, basahin ang Juan 2:19; 6: 53-58; 13:18).

Tingnan ang Exodo 33:14.

> "*At sinabi niya, Ang aking presensiya* (Heb: *Aking Mukha*) *ay sumama sa iyo ...*"

Ngayon, ano ang ibig sabihin ng "***Aking presensiya***" (o "***Ang aking Mukha***")? Ang Isaias 63:9 ay nagsabi:

> "*Sa lahat ng kanilang kapighatian Siya ay naghihirap, at ang anghel ng Kanyang presensiya* (o ang kanyang mukha) *ay niligtas sila...*"

Itong "***Presensiya ng Panginoong Diyos***" ay Siya ring bumisita kay Adan at Eva sa hardin ng Eden (Gen.3: 8).

"*Ang Anghel ng Kanyang presensiya*" na "nagligtas" sa Israel ay ang kanilang Tagapagligtas, at alam natin na mayroon lamang **nagiisang Tagapagligtas**. Kaya nga ang mga banal na taong iyon ay nakita o nakipag-usap sa Mesiyas na siyang **Mukha** o **ang Nakikitang Presinsiya** ng Makapangyarihan sa lahat, ang Siyang "mangunguna sa kanila", "tiniis sila at dinala sila" at "tinubos sila".

Sa Exodo 23:20-23, mababasa natin,

> *"Narito, nagpadala ako ng isang anghel (Heb: mensahero) sa unahan mo, upang ingatan ka sa daan, at upang dalhin ka sa dakong aking inihanda. Mag-ingat sa Kanya, at sundin ang Kanyang tinig, huwag Syang galitin. Dahil hindi Nya patatawarin ang inyong pagsalangsang: DAHIL ANG PANGALAN KO AY NASA KANYA. Ngunit kung ikaw ay susunod sa Kanyang tinig, at gawin ang lahat ng sinabi ko, ako ay magiging kaaway ng iyong mga kaaway, at kaalit ng iyong mga kaalit. DAHIL ANG ANGHEL KO ay pupunta sa unahan mo, at magdadala sa iyo..."*

Ang mga talatang ito ay malinaw na nagpapakita na ang Diyos na Makapangyarihan ay nagkaroon ng isang mensahero na ginanap ang TALAGANG KALOOBAN ng Diyos. Literal Siyang tumayo sa halip ng Diyos at Sya ang Diyos. Ang mga anak ng Israel ay binigyan ng babala na sundin ang Kanyang tinig at huwag Syang galitin. Ang pagsunod sa Kanyang tinig ay nangangahulugang paggawa sa lahat ng SINABI ng Diyos (sa pamamagitan Niya) dahil ang PANGALAN NG DIYOS AY NASA KANYA. At mayroon lamang isang tao sa langit at sa lupa na may PANGALAN NG DIYOS SA KANYA. Siya ay walang iba kundi si Hesus na Kristo, ang Anak ng Buhay na Diyos!

> *"Ako ay naparito sa Pangalan ng aking Ama"* (Jhn.5: 43).

> "*Sapagka't ang Ama ay hindi naghahatol sa tao, ngunit ipinagkatiwala ang lahat ng paghatol sa Anak: Nang ang lahat ng tao ay dapat parangalan ang Anak, na gaya ng kanilang pagpaparangal sa Ama. Ang syang hindi nagpaparangal sa Anak ay hindi rin nagpaparangal sa Ama na nagsugo sa Kanya.*" (Jhn. 5: 22-23).

Ngayon, ang ibig bang sabihin nito bago ipinanganak si Hesus sa lupa ay umiiral na Sya? Sino ang NAKIKITANG PRESENSIYA ng Diyos na nagdadala ng PANGALAN NG DIYOS at ang Tagapagligtas ng Israel?

## HINDI NAKIKITANG ESPIRITU, NAKIKITANG SALITA

Ang iba't-ibang mga sagot sa mga tanong tungkol sa pag-iral na ni Hesus bago pa Sya ipinanganak ay nagdulot ng maraming pagkalito sa mga mananampalataya ng Bibliya. Bukod sa mga Trinitaryan, may mga hindi Trinitaryan din na naniniwala na si Hesus ay umiiral na bago pa Sya nabuhay dito sa lupa. [Paalala: Minsan, ang tila baga tama at

lohikal na sagot ay sya palang maling sagot. Halimbawa, karaniwan sa mga Kristiyano na ibigay ang talata sa Banal na Kasulatan kung saan ang Ama, Anak at Banal na Espiritu ay nabanggit, at agad na magpalagay na ang Diyos ay isang Trinidad ng Tatlong Kataohan na Iisa. Ang isa pang halimbawa ay ang paggamit ng maling pormula sa pagbibinyag sa tubig. Sa halip na ang pormula na malinaw na inireseta sa Gawa 2:38 ang sundin, ang karamihan ng simbahan ay sinunod lamang ang utos sa Mateo 28:19 ng walang tunay na pagka-unawa sa natatagong kahulugan nito. Iyon ang dahilan kung bakit napakaraming iba't-ibang interpretasyon sa pagka-Diyos at maraming ibat-ibang mga doktrina ng Biblia.]

**Hindi, si Hesus ay hindi pa umiiral bilang isang hiwalay na tao mula sa Dios, ni hindi pa Sya umiral bilang isang Anak ng Diyos sa anumang oras bago pa Sya ipinanganak sa Bethlehem**. Gayunman, ang espiritu ng 'Pagka-anak' ng Diyos ay nasa SALITA na. Ito ay isang katangian sa SALITA na nahayag kay Hesu Kristo. Kung wala ang espiritu ng Pagka-anak sa SALITA, ay wala ding Anak ng Diyos. Ngunit maling sabihin na ang SALITA ay si Hesus at Siya ay umiiral na bago pa Sya ipinanganak. [Paalala: Mangyaring basahin ang huling talata sa ilalim ng topikong "DALAWAHANG KATANGIAN" para sa isang katulad na linya ng pag-iisip sa pagsagot sa tanong na: Ang Diyos ba ay namatay para sa ating mga kasalanan?] Mula noong mga dalawang libong taon na ang nakaraan, si Kristo ay naging malaking misteryo ng Diyos sa sangkatauhan nang napakaraming taon. Ang misteryo ng relasyon ng Ama-Anak ay nakatago. Si Hesus na nasa sinapupunan ng Diyos, ay ipinadala upang ihayag ang Ama - Ang kanyang Ama at ang ating Ama, ang Kanyang Diyos at ang ating Diyos (cf. Jhn.20:17).

Mga minamahal, kailangan nating maayos na maunawaan ang malaking misteryo na nakatago sa **SALITA** na nasa Diyos. Hindi natin gagawin ang ginawa ng ilang mga tagasalin at tagaunawa ng Bibliya na direktang ginawa ang **SALITA** na si HESUS. Sa halip na sabihing "**ang SALITA ay Diyos**", ay sinasabi nila na "**ang SALITA ay si Hesus**". Ito ay isa sa napakaraming klasikong tradisyonal na interpretasyon sa mga Trinitaryan. Kung ito ay tunay na interpretasyon, ang Minamahal na Apostol Juan ay sana isinulat ito sa ganitong paraan. Ang maling interpretasyon ay kinuha mula sa mga salita na nakatala sa Juan 1:14: "At ang Salita ay ginawang laman...". Subalit ang talatang ito ay walang direktang kaugnayan sa kapanganakan ng batang si Hesus sa Bethlehem o noong pinaglilihi palang Sya sa sinapupunan ni Maria; ito ay tumutukoy sa SALITA na nahayag sa buhay (laman) ni Hesus, sa Kanyang ministeryo, pagkatapos mismo ng ang Diyos ay manahan sa Kanya sa Ilog ng Jordan. Tandaan, **si Hesus ay ang Bugtong na Anak ng Diyos, <u>hindi</u> ang walang simulang Anak ng Diyos**.

Isang paboritong talata na gustong gamitin ng ilang mga Trinitaryan ay ang 1 Juan 5:7:

*"Sapagka't may tatlong nagpapatotoo sa langit, ang Ama, ang Salita, at ang Espiritu Santo: at ang tatlong ito ay iisa."*

Sinumang seryosong estudyante ng Bibliya ay alam na ang talatang ito ay hindi bahagi ng Banal na Kasulatan. Ang mga pinakaunang nakuhang manuskrito ay hindi naglalaman ng talatang ito. Gayunman, ang mga kamangmangang argumento ay nagmumula sa gitna ng mga Trinitaryan na sinusubukang patunayan ang Trinidad sa talatang ito gamit ang pariralang "*ang tatlong ito ay iisa*". Ngunit ang mga salitang "*ang tatlong ito ay iisa*" ay hindi nagsasabi na "*ang tatlo ay nagkakaisa bilang isa*". Ni hindi ito nagpapahiwatig ng "tatlo sa isang" Diyos o ng Nagkakaisang pagka-Diyos ng Tatlong Diyos.

[Paalala: Para sa mga taong naniniwala na si Hesus ay isa ng Anak bago pa man Sya ipinanganak sa Bethlehem dahil sa sabi ng Kasulatan "na ipinadala ng Ama ang Anak", kailangan nilang mapatunayan na si Juan Bautista ay isa na ring ganap na tao bago pa ang kanyang natural na kapanganakan, dahil ang Banal na Kasulatan ay nagsasabi din, "May isang tao na ipinadala mula sa Diyos na ang pangalan ay Juan." Isa pa, para igiit na ang SALITA na ibinigay noong pasimula ay ang bugtong na Anak ng Diyos, kailangan nating patunayan na si Adan ay isa ding bugtong na anak bago ang kanyang kapanganakan sa mundo sa katawang alabok. Tulad ng espiritu ni Adan, ang KATAWANG SALITA ay parehong lalaki at babae. Si Adan na noon ay parehong lalaki at babae sa kanyang espiritung estado, ay hindi maaaring tawaging anak. Ang mga katangian ng 'anak na lalaki' at 'anak na babae' ng Diyos na nasa espiritu ni Adan ay nahayag lamang ng si Adan ay naging isang buhay na kaluluwa na. Nagkaroon muna ng lalaki at pagkatapos ay ang asawa ng lalaki (ang babae). Katulad nito, ang mga katangian ng Anak ng Diyos at ng Kanyang Iglesia (Espirituwal na Nobya) ay nasa SALITA lamang hanggang sa ang isang katawanng laman ay nabuo para tirhan Nito. Nagkaroon muna ng taong Kristo Hesus at pagkatapos ay ang Kanyang Nobya (ang Iglesia) na kinuha mula sa Kanyang tagiliran sa Kalbaryo. Ang espirituwal na taong si Hesus ay ang kasalungat na tipo ng likas na taong si Adan.]

Bago ang isang anak maipanganak, siya ay palaging isang binhi muna sa lomo ng kanyang ama. Pero ang mga anak ay hindi umiiral bilang isang hiwalay na mga tao sa kanilang ama, ngunit bilang isang binhi sa kanya. Tandaan na ang Makapangyarihang Espiritu ay may maraming mga katangian, tulad ng isang Manlilikha, isang Manggagamot, isang Tagapagligtas, isang Mandirigma, isang Manananggol, atbp. Ang lahat ng mga katangiang ito ay naroon sa BINHI na nagdadala ng PANGALAN NG PAMILYA. Upang mahayag ang mga katangiang ito, ang Diyos ay kailangang gumawa ng isang **TRABAHO** upang ipahayag ang Kanyang **Salita** at upang mahayag ang Kanyang **Pangalan** (Jhn. 5:17; 17:3-10). Sa Kanyang sariling pagpapayo (Eph.1:11), Kanyang itinakda at Kanyang iniluwalhati at tinawag ang mga bagay na hindi pa umiiral na para bang sila ay

umiiral na (Rom.4:17). At si Hesus, na “**Siyang BINHI**” sa DAKILANG WALANG HANGGANG ESPIRITU, sa sinapupunan ng Ama, ay kalaunang isinugo bilang bugtong na Anak ng Dios upang matupad ang itinakdang Plano ng Diyos (Jhn.1:18).

> *"Sinabi sa kanila ni Hesus, Kung ang Dios ang inyong ama, ay inyong iibigin ako: Dahil ako ay nagmula at nanggaling sa Dios; sapagka't hindi ako naparito sa aking sarili, kundi pinadala niya ako" (Jhn.8:42)*

> *"Ako ay lumabas mula sa Ama, at ako ay dumating sa mundo: muli, iiwan ko ang mundo, at pupunta sa Ama." (Jhn.16:28)*

Ang salitang "*nagmula*" ay nangangahulugang "*lumabas, nanggaling, ipinanganak*". Ang "*Pinadala*" ay nangangahulugang "*inilaan para sa isang misyon o ministeryo*". Ang bawat tao na ipinanganak sa mundo ay nagmula sa Diyos, ngunit kaunti lamang ang ipinadala ng Diyos para sa isang ministeryo.

Si Hesus ay binanggit lamang sa hula bilang "*ang isang darating*" sa Lumang Tipan, at laging kaugnay ng Diyos Ama, dahil Siya ay ang **SALITA** na inihatid at nahayag sa iba't ibang panahon at sa iba't ibang paraan sa mga Patriarko sa pamamagitan ng mga Propeta (Heb.1:1). Nasa isip lamang Sya ng Diyos nang pasimula bilang **SALITA** at **TINAPAY**, na sa paglaon ay bumaba mula sa langit bilang Anak ng Diyos (Juan 6). At noong ang kaganapan ng panahon ay dumating, isinugo ng Diyos ang Kanyang Anak, na ipinanganak (ginawa - Gal.4:4) sa isang birhen na babae. Si Hesus ay bugotng na anak ng Dios ngunit ipinanganak ng isang birhen na babae. Ang panganay na anak ni Maria ay ang tanging bugtong na Anak ng Dios. Si Hesus ay isa ding "*panganay sa maraming magkakapatid*" (Rom. 8:29).

Ngayon, itong nakikitang kataohan, ang Anghel ng Diyos, ay hindi isa pang Diyos at Tagapagligtas. Dahil ang Diyos ay naghayag:

> "*Walang Diyos liban sa akin: isang ganap na Dios at Tagapagligtas; walang iba liban sa Akin*" (Isa.45: 21).

Tulad ng pagkakaintindi ng karamihang iskolar ng Bibliya, itong Nakikitang Kataohan na lumitaw sa buong Lumang Tipan sa mga Propeta ay walang iba kundi ang **THEOPANY**, isang paghahayag ng Diyos. Ito ay **ang SALITA NG DIYOS, ANG PAGIISIP at ISIPAN ng Diyos na NAHAYAG at NABUNYAG sa isang paraan o anyo**.

Ating tingnan ng malapitan ang ***SALITANG*** ito ng Diyos sa Kasulatan upang malaman natin kung ano ang pinanukala at nilayun ng **Dakilang Walang Hanggang Espiritu** na gagawin Nya sa Kanyang sarili.

## "MONOGENE" – ANG SIMULA NG PAGLIKHA NG DIYOS

Sa Barclay Translation, ang unang limang talata ng Ebanghelyo ni Juan ay mababasa:

> *"Noong nagsimula ang mundo, ANG SALITA ay naroon na. ANG SALITA ay nasa Diyos, at ang katangian ng SALITA ay kapareho sa katangian ng Diyos. ANG SALITA ay naroon noong simula sa Diyos. Sa pamamagitan ng ahensiya ng SALITA na ang lahat ay naging. Kung wala ang SALITA walang nagiisang bagay ang naging. Para sa buong nilikha, ANG SALITA ay ang buhay na simulain sa kanila, at ang buhay na yaon ay ang liwanag ng mga tao. Ang liwanag ay patuloy na lumiwanag sa kadiliman, at ang kadiliman ay hindi kailanman napatay ito".*

**ANG SALITA** (Grk: LOGOS) ay ang ahensiya na ang lahat ng bagay ay naging. Kung wala ANG SALITA, walang iiral o nalikha. Dahil ***"ANG SALITA ay Diyos***". **ANG SALITA** ay hindi maaaring maging anumang bagay na mas mababa dahil *ITO* ay naroon ng simula sa Diyos. Walang pagaalinlangang ang **BUHAY** ay nasa SALITA. Ito ay ganoon pa rin ngayon. Sinabi ni Hesus, "*Ang mga salita na aking sinasalita sa inyo, sila ay espiritu, at pawang buhay*" (Jhn.6: 63).

Dahil ang lahat ng bagay ay nagmula sa Kanyang SALITA (ang sentrong tema ng Buhay) kung saan ang Simula ng Paglikha ng Diyos, maaari nating sabihin na ITO ay ang **BINHI NG BUHAY**. Maaari nating tawagin ito sa terminong ang ***MONOGENE NG DIYOS***. At kung alam natin ang ating Bibliya, ating mapapansin na ang **SALITA** ay ipinahayag sa mga Patriarko ng (Greek: *in*) mga propeta sa buong Lumang Tipan "sa maraming magkahiwalay na paghahayag – ang bawat isa ay naglahad ng bahagi ng KATOTOHANAN - at sa iba't-ibang paraan "(Heb.1:1, Amplified). Subalit ang Diyos "sa ganitong mga huling araw nagsalita sa atin sa pamamagitan ng Kanyang Anak.... na Siyang sinag ng Kaniyang kaluwalhatian, at tunay **nahayag na imahe** ng Kanyang **katauhan** (Greek: **hupostasis - kakanyahan; totoong katangian**. Ang salitang "katauhan" ay hindi tamang pagsasalin) ... "(Heb.1:2-3).

Ang SALITA ng Diyos ay ipinahayag sa mga propeta ng Lumang Tipan sa iba't ibang mga kaugalian at sa iba't ibang paraan, hindi lamang **ipinahayag at narinig ngunit nahayag at nakita** ng mga banal na tao ng Diyos. At sa bawat mga **KAPAHAYAGANG** yaon, ang SALITA ay ipinahahayag sa isang paraan na **gumaganap o naglalarawan sa KRISTO** (si Hesus) na SIYANG darating bilang ang kapuspusan ng SALITA, upang tuparin ang lahat ng sinasabi ng KASULATAN (ANG SALITA) tungkol sa Kanya. Kaya nga, nasa MONOGENE ang espiritu ng pagiging Anak (ang buhay ng BINHI) na sa kalaunan ay ipinahayag bilang si Hesus, ang bugtong na Anak ng Dios.

*"SA SIMULA ay ang SALITA, at ang SALITA ay nasa Diyos at ang SALITA ay Diyos." - Juan 1: 1*

**Ang terminong "*sa simula*" ay hindi nangangahulugang "*sa kawalang-hanggan*" o "*walang simula*"**. Kung paanong ang langit at ang lupa, at ang mga anghel ay may kanya-kanyang simula, ang "**Ang SALITA**" ay **mayroon ding SIMULA**. At itong "SALITA" sa paglaon ay naging laman at tumahan kasama ng mga tao.

Ang salitang "***SALITA***" ay nagmula sa salitang Griyego na "**LOGOS**" na nangangahulugang **PAGPAPAHAYAG NG KAISIPAN** at hindi lamang ang pag-iisip o pagnilay-nilay sa kaisipan (Greek: noema) o pangangatwiran (Greek: dialogismos). Hindi maaaring paghiwalayin ang tao sa kanyang isip (Greek: nouns) kung saan naroon ang kanyang mga kaisipan. Kaya kung saan ang Makapangyarihan Diyos, ang Kangyang Isip ay nasa Kanya din.

Sa walang hanggang nakaraan, bago pa ang anumang bagay ay naging, naroon lamang ang Makapangyarihan sa lahat. Siya ang **SARILING-SAPAT**. Lahat ng Kanyang mga KAISIPAN ay nasa Kanyang ISIP. Subalit ang mga ito'y hindi nahahayag. ANG SALITA ay hindi nahayag. ITO ay naroon lamang sa Kanyang isip.

**Ang kaisipan ay isang salita na hindi pa naisalita o hindi pa nahayag**. Ito ay nasa isip pa lamang. Sa kabilang dako, **ang salita naman ay isang kaisipang nahayag na o sinalita na**. At ang pahayag ay isang kaisipan sa anyo ng salita o kilos. Ang LOGOS ngayon ay walang iba kundi ang KAISIPAN at ang kanyang KAPAHAYAGAN (o REBELASYON). Samakatuwid, ang LOGOS ay nangangahulugang ***SINALITANG SALITA***, pati na rin ***ANG NAGSASALITA SA LIKOD NG SALITA.***

Sa ganitong kaisipan, makikita natin kung bakit isinulat ni Juan - "*SA SIMULA ay ANG SALITA* (ANG LOGOS)". Bago pa ang SIMULA, ay naroon lamang ang Makapangyarihan sa Lahat at ang Kanyang mga Kaisipan (hindi ang LOGOS). Subalit matapos na Siya ay tapos nang magpayo sa Kanyang sarili at magpanukala sa Kanyang Isip, sinimulan Niyang ihayag ang mga ito "ayon sa pasiya (Greek: boule) ng Kanyang Sariling kalooban" (Eph.1:11). At iyon na nga ANG SIMULA NG LOGOS o ang pagpapahayag ng Kanyang mga Kaisipan. **Si Elohim ay nagsimulang bumuo ng isang ESPIRITUNG KATAWAN na tinatawag na SALITA,** isang katawan na halos kapareho sa mga anghel. Ngunit hindi tulad ng mga espiritung katawan ng mga anghel, ang ESPIRITUNG KATAWAN na lumabas kay Elohim ay ang BUHAY mismo dahil dinadala nito ang KAPAHAYAGAN ng Salita ng Dios na siyang Buhay. Kaya, "*Nasa kaniya ang buhay;..."* (Jhn.1:4a). At nang ang Diyos ay isinalita ang Kanyang mga Kaisipan sa pamamagitan ng Kanyang SALITANG KATAWAN, ang mga bagay ay nagsimulang mangyari!

[Tandaan: Ang ilang mga teyologo na naniniwala sa Dalawang Diyos ay nagtuturo na ang salitang "Diyos" sa pariralang "*ang Salita ay nasa Dios*" (Jhn.1:1) ay dumating bilang "Yahweh" sa wikang Hebreo. At dahil ang salitang "Yahweh" ay ginamit sa halip ng "Elohim", pinawalang-halaga nila ang pariralang "SA SIMULA", at pinaglalaban na ang LOGOS ay isang hiwalay na Espiritu na parehong umiiral kasama ng Makapangyarihan sa lahat (Elohim) "*sa kawalang-hanggan*". Tulad ng mga Trinitarian, tinatawag nila ang LOGOS na "*Ikalawang Miyembro ng Pamilya Elohim*". (Makikita natin mamaya kung bakit nabigo ang ganitong doktrina sa paglalarawan sa tipo ng Tabernakulo ni Moises.)]

**ANG SALITA AT SI HESUS**

Panalangin ko na magkaroon ka ng kapahayagan tungkol sa ***pagkakaiba*** ni **HESUS at ng SALITA.** Maraming mga iskolar ng Bibliya ang nagpapaniwala sa atin na ang SALITA ay si Hesus noon pang simula, at Siya ay naging tao halos dalawang milenyo na ang nakakaraan. Ngunit sa pagsasabing ang SALITA ay si Hesus, sinasabi din nila na sa walang hanggang nakaraan (o sa panahon ng "simula" sa Juan 1:1), ay may dalawang Diyos – ang Diyos Ama at Diyos Anak. Tingnan ang talatang ito:

> *…walang ibang Dios liban sa akin; isang ganap na Dios at Tagapagligtas; walang iba liban sa akin* "(Isa.45:21)

Kung ang LOGOS ay isa pang DIYOS, kung gayon ang talatang ito ay hindi totoo. Ang LOGOS ay walang iba kundi ang KATAWANG SALITA na sa pamamagitan Niya ay nagsalita ang Diyos upang maisagawa ang paglikha at para sa Kanyang piniling mga tao, ang Israel. Ito ay tumatayo sa pagitan ng mga di-nakikita at nakikita tulad ng isang tagapamagitan. "*Ngayon, ang isang tagapamagitan ay hindi tagapamagitan ng isa, ngunit ang Diyos ay iisa*" (Gal.3:20). Bilang LOGOS, gayon din ang Panginoong Hesu Kristo na tagapamagitan ng Diyos at ng tao sa bagong tipan ng Kanyang dugo (cf. Tim.2 1: 5).

**Ang SALITA ay hindi si Hesus. Ang SALITA ay Diyos. Gayunpaman, si Hesus ay ang SALITA ng Diyos na nahayag sa laman. Si Hesus ay hindi ang kasama ng Diyos sa simula; kundi ang SALITA (na nahahayag sa taong si Hesus).** At ang SALITA ay ang '***Monogene***' (BINHI) na nagmula sa Dios upang ihayag ang Kanyang sarili. Ang SALITA ay may simula, ngunit dahil Ito ay lumabas mula sa Walang-hanggang Espiritu, ang SALITA ay wala ring hanggan (dahil ang SALITA ay Diyos), ngunit ang Taong si Hesus, na ipinanganak at nilikha, ay mayroong simula. Ang SALITA ay ang **kabuohang pangunang-anyo ni Kristo** na lumabas mula sa ISIP ng Diyos upang ipahayag ang Diyos, ang Walang-hanggang pagka-Diyos. Sa simula, ang Diyos ay binubuo ng hindi nakikitang Makapangyarihang Espiritu at ng Kanyang nakikitang Katawang Salita (Grk: LOGOS) at hindi ng Ama at ng Anak.

Ang minamahal na Apostol na si Juan ay mayroong hindi-maipagkakailang malinaw na kapahayagan ng SALITA (*LOGOS*) ng buhay na isinulat niya:

> *"Yaong buhat sa simula, yaong ating narinig, yaong nakita ng ating mga mata, yaong ating namasdan, at hinahawakan ng ating mga kamay, tungkol sa salita ng buhay; (Dahil ang buhay ay nahayag, at ating nakita ito, at nagpapatotoo, at ipinakita sa inyo ang buhay na walang hanggan, na nasa Ama, at sa atin ay nahayag;)"* (1 Jhn.1:1-2)

Pansinin na tinawag niya ang **LOGOS** na "buhay" at "buhay na walang hanggan" na nasa Ama noon pang simula, kasing katulad ng payahag nyang ginamit sa paunang salita ng kanyang ebanghelyo - "Sa simula ay ang Salita, at ang Salita ay nasa Diyos, at ang Salita ay Diyos ". Sinabi niya na itong buhay na walang hanggan ay nahayag sa mga banal na nakarinig NITO, nakita ITO, tumingin DITO at kahit pa ang napangasiwaan ITO. Ang BUHAY NA WALANG HANGGAN ay walang iba kundi si Yahweh na nag-anyong LOGOS. At ang LOGOS ng buhay na walang hanggan ay kinalaunang nahayag sa Anak ng Diyos, si Hesu-Kristo. Kaya, ang ESPIRITU NG DIOS (ang AMA) at ANG LOGOS (ng buhay na walang hanggan) ay **hindi** dalawa ngunit ISA.

Maliban kung mayroon tayong pahayag, iisipin natin na ang SALITA (LOGOS) ay si Hesus, ang Anak ng Diyos, sa simula. Subalit si Hesus ***na magiging*** SALITA ng Diyos (nagtabernakulo at nahayag) sa laman (mga 2000 na taon na ang nakaraan) ay naihayag na doon sa LOGOS. Dahil sa katangian ng pagiging-ama ng Diyos, ay dapat magkaroon ng isang Anak. At ang LOGOS ng Diyos ay lumabas na may Espiritu ng pagiging Anak upang ipahayag ang Anak ng Diyos na Sya pang darating. (Tandaan na ang anak na lalaki ay tagadala at tagabuo ng apelyedo ng pamilya.) Kaya nga, ang "Espiritu ng Pagiging Anak" ni Hesus ay isang panloob na bahagi ng LOGOS na nagbuhat sa Dios upang ipahayag ang mga katangian ng Diyos. Si Hesus, na Syang Monogene (Binhi, 'Anak') ng Diyos, ay ipinahayag sa pamamagitan ng SALITANG katawan. Siya ay ang tunay na Espiritu at Kaluluwa ng Diyos. Ang LOGOS na sa kalaonan ay nagtabernakulo kay Hesus, ang Anak ng Diyos, ay ang 'Anak', sa pasimbolong pasasalita. At ayon sa Dakilang Kalooban ng Diyos, ang Diyos ay **niluwalhati** Siya, ang Anak ng Diyos, sa Kanyang **SALITA** (Jhn.17:5). Pagkatapos ang Diyos ay **ipinako** Sya sa krus at **pinatay** Sya bilang KORDERO bago pa ang pundasyon ng mundo (Rev.13:8). Si Elohim ay pinanukala ang Kanyang **SALITA** ayon sa pasiya ng Kaniyang Sariling Kalooban (Eph.1:11), at nagsasalita ng mga di-umiiral na mga bagay-bagay na para bang sila ay umiiral (na) (Rom.4:17). Bilang mga tinubos ng Diyos, tayo man ay pinili din at nilinis kay Kristo bago pa itinatag ang mundo, dahil ang Diyos ay nakita tayo sa pag-ibig (Eph.1:4). Tayo ay bahagi ("pagiging anak") ng **SALITA** dahil tayo ay bahagi ng katawan ni Kristo. Tayo ay mga "binhi" na nanggaling sa "Monogene" (Binhi) na kung saan ay

ipinahayag sa Lumang Tipan at natupad sa Bagong Tipan ayon sa Pamunong Plano ng Diyos. Dahil tayo ay may espiritu ng pagiging anak, maaaring ipanganak tayo sa laman (mga tao) at **isilang na muli** bilang mga anak ng Diyos. "Na ang sino mang ipinanganak sa laman ay laman at ang ipinanganak sa Espiritu ay Espiritu" (Jhn.3:6). Bukod dito, tayo din ay niluwalhati gaya ng itinatag sa Isip at sa Salita ng Diyos (Rom.8:29-30). Oo, sa pamamagitan ng paunang kaalaman ng Diyos, Kanyang **itinakda** at **itinalaga** ang **Kanyang Planong Pagtubos** na kahit ang mga pangalan ng Kanyang mga anak na lalaki at babae ay nakasulat sa Aklat ng Buhay ng Kordero bago pa ang pundasyon ng mundo (Rev.13:8).

Si Adan, na unang nilikha bilang isang espiritu, ay hindi pa isang anak ng Diyos. Siya ay hindi maaaring tawaging anak ng Diyos hanggang sa siya ay binigyan ng isang katawang laman - ipinanganak sa mundong ito. Doon sa espiritung anyo, taglay lamang niya ang katangian ng pagiging anak. Ang ilang mga mananampalataya ng Biblia ay naniniwala na gaya ni Adan, lahat ng mga tao (o iyong mga tunay na anak ng Diyos lang) ay nilikha, at umiiral na, bilang mga espiritu bago pa sila ipinanganak. Ang isang paboritong bersikulo na suporta nila sa ganitong ideya ay ang Job 38:4-7: "Nasaan ka nang inilagay ko ang mga pundasyon ng mundo? Sabihin mo, kung mayroon kang unawa ... Noong ang mga umagang bituin ay kumanta ng sama-sama, at lahat ng mga anak ng Diyos ay sumigaw sa kagalakan?" Ibig ba nilang sabihin na ang mga espiritu ng lahat ng mga tao (o lahat ng mga "anak ng Diyos") ay nalikha na kasama ng espiritu ni Adan bago pa ang mundo ay itinatag? Isa pa, bago pa ang lupa ay inilatag, ang espiritu ba ni Eva ay umiiral na kasama ng lahat ng mga babaeng espiritu o siya ay bahagi pa ng espiritu ni Adan?

Ang lahat ng mga "anak ng Dios" (kasama ang mga anak na babae) ay umiiral lamang sa makapangyarihan Isip ng Diyos. Sila ay bahagi ng LOGOS, bilang "binhi" (anak ng Diyos) na ilalabas ng BINHI (Anak ng Diyos) kapag Siya ay dumating upang ialay ang Kanyang buhay sa mundo (Jhn.12: 24). Bilang mga "binhi" na nasa BINHI (e.g. mga (buto) ng mangga na nanggaling sa ISANG BUTO ng MANGGA sa pagdating ng panahon), hindi sila literal na umiiral bilang mga espiritung nilalang. Ang "mga anak ng Diyos" ay napapaloob sa LOGOS

Alam natin na ang Diyos ay isang Manlilikha, ngunit hindi siya maaaring maging Manlilikha kung ang paglikha ay umiiral lamang sa Kanyang Isip. Siya ay kailangang lumikha at isakatuparan ang Kanyang paglikha bago Siya matawag na Manlilikha. Alam natin na Siya ay Tagapagligtas, ngunit kung walang literal makasalanan upang Kanyang iligtas, ay hindi Siya maaaring tawaging Tagapagligtas.

Ang **Ama-anak na relasyon** sa pagitan ng Diyos at ni Adan ay kailangang maihayag at maipakita. Si Adan ay ang simula ng sangkatauhan (Hebrew: Adam). Kahit na siya ay unang nilikha bilang

isang espiritu (na parehong lalaki at babae), siya ay hindi katulad ng LOGOS na siyang KATAWANG SALITA ng Diyos. Siya ay nagmula sa Diyos na nilikha mismo ng SALITA. Si Adam ay bahagi lamang ng KATAWANG SALITA. Ang pagiging anak na katangian ni Adan ay nasa espiritu ni Adan ngunit kailangang **makikita muna itong mahayag** bilang isang **tao** (physical na tao) bago tunay itong matawag na anak ng Diyos. Si Adan ay kailangang magkaroon ng isang panlupang katawan mula sa alabok ng lupa. [Ano ang **tao**? Tingnan ang seksyon sa ilalim ng "KATAUHAN AT PERSONALIDAD".] Pagkatapos na bumuo ng isang katawang lupa, ay kinuha ng Diyos ang espiritu ni Adan at hininga ito sa katawang lupa, at si Adan ay naging isang buhay na kaluluwa, isang tao na may buhay at sigla ng kanyang Manlilikha (Gen.1: 27). Siya ay maghahayag ng Buhay ng Diyos na nasa kanya. (Ang buhay na kaluluwa ay ang paghahayag ng espiritu.) Kahit na si Adan ay anak ng Diyos, ang kaalaman ng Ama-anak na relasyon ay hindi nahayag sa Lumang Tipan. Ang relasyon ng Diyos kay Adan at sa mga anak ni Israel ay isang Panginoon-alipin na relasyon. Ang kapahayagan ng Ama-anak na relasyon ay dumating lamang pagkatapos na si Hesus ay ipinadala bilang Anak ng Diyos para maging kabayaran sa ating mga kasalanan (1 Jhn.4: 10).

Ang espiritwal na isip ni Adan ay isang paghayag mula sa Espiritu ng Dakilang Diyos, kaya nga iyon ay parte ng imahe ng Diyos. Ang (pagiging anak) espiritu ni Adan ay parehong lalaki at babae. At hangga't si Adan ay nasa ganoong anyo ay hindi sya maaaring ihayag bilang isang anak ng Diyos. Iyon ay nahayag lamang pagkatapos ng si Adan ay naging isang tao, isang lalaki. Pagkatapos, mula sa kanyang tagiliran, ang paggiging babaeng bahagi ay tinanggal para makabuo ng isang babae. Gayundin, noong ang SALITA ay nahayag sa kataohan ni Hesu Kristo, nakita natin ang pagpapahayag ng parehong lalaki at babae. Si Kristo ay ang "lalaki" (lalaking ikakasal) at ang Iglesia ang "babae" (nobya) na kung saan ay kinuha at binuo mula sa Kanyang tagiliran doon sa Kalbaryo.

Ang mga Anghel ay walang espiritu ng pagiging anak, kahit na sila ay ginawa sa imahe ng Diyos (sa espiritung anyo) at wangis (nakikitang katangian). Hindi sila maaaring ipanganak bilang tao. Hindi sila maaaring maging tao. Sila ay hindi mga tao kahit na maaari silang magpakita bilang tao. Hindi sila maaaring maging anak ng Diyos. Sila ay nilikha at nakalaan lamang bilang mga espiritung tagapaglingkod.

Ang propeta-mensaherong si William Branham ay nagsabi:

> *"Ang Dakilang Walang-hanggan ay nagumpisang bumuo ng Kanyang sarili sa laman, sa isang Theophany; ito ay tinawag na SALITA, isang KATAWAN. At ito ang Kanyang anyo noong Siya ay nakipagkita kay Abraham. Siya ay tinatawag na Melchizedec. Siya ay nasa anyo ng Theophany." "Itong Dakilang Espiritu ay nagsimulang mag-anyo (doon sa paglikha)*

*at ANG LOGOS na lumabas mula sa Kanya ay ang "Anak ng Diyos". Iyon ay ang tanging NAKIKITANG anyo na mayroon ang ESPIRITU. At Iyon ay isang Theophany na nangangahulugang isang KATAWAN, at ang KATAWANG Iyon ay tulad ng isang tao. "Ngayon, 'walang taong nakakita sa Ama sa anumang oras. Walang taong maaaring makakita sa Diyos dahil ang Diyos ay wala sa anyo ng katawan. Ang Dios ay Espiritu ... Pagkatapos ako ay nagsimulang makakita ng isang maliit na banal na LIWANAG na nagsimulang magporma ng katulad sa isang halo o isang bagay. Makikita mo lamang ito sa pamamagitan ng espirituwal na mga mata ... Ano iyon? Iyon ay tinawag ng mga mambabasa ng Bibliya na 'LOGOS', o 'ang Pahid', ang bahagi ng Diyos ay nagsimulang bumuo sa isang bagay para ang mga tao ay magkaroon ng ideya kung ano Iyon. Iyon ay ang SALITA ng Diyos."*

Ang Diyos ay isang **Espiritu**, ganun Siya. Kahit na ang **SALITA** ay Diyos, hindi lahat ng Diyos ay **SALITA**. Sa theolohiya maaari nating sabihin na ang ***ESPIRITU ni Elohim*** ay ang mas malaking bahagi at ang Kanyang **SALITA** ang maliit na bahagi (dahil ang panghuli ay nagmula sa nauna). Ang mas mababang bahaging Ito ay ang nakikitang bahagi ng Diyos (na tinatawag na SALITA) na kung saan ay naging isang tao. Kaya, ang **SALITA ay ang Panginoon ng langit** (1 Cor.15: 47; Jhn.3: 13). At ang SALITA ay nahayag sa Katauhan ni Hesu-Kristo.

**Ang pag-iisip at pagpapahayag ng Diyos – ANG SALITA - ay lumabas mula sa Kanya na isang Espiritung-Katawan bilang ANG SIMULA NG PAGLIKHA NG DIYOS (ANG SIMULA o ANG MAY-AKDA NG PAGLIKHA NG DIYOS), ANG PANGANAY NG LAHAT NG NILALANG, ANG PANGANAY SA MARAMING MAGKAKAPATID**. Sa pamamagitan nitong SALITA na ang lahat ng mga nilikha ng Diyos ay lumitaw.

*"Sapagka't sa pamamagitan Niya na ang lahat ng bagay ay nalikha na nasa langit, at ang mga nasa lupa, nakikita at di-nakikita, maging mga luklukan o mga nasasakop o mga pamunuan o mga kapangyarihan. Lahat ng mga bagay ay nilalang sa pamamagitan Niya at para sa Kanya. At siya'y una sa lahat ng bagay, at sa kanya ang lahat ng bagay ay nabuo "(Col.1: 16-17 NKJ bersyon).*

*"At para ang lahat ng mga tao ay makita kung ano ang pagiging kaisa sa hiwaga, na mula pa sa simula ng mundo ay inilihim ng Diyos, na lumikha ng lahat ng bagay [sa pamamagitan ni HesuKristo]" (Eph.3: 9 [ang nasa bracket na teksto ay wala sa orihinal]).*

Ang Salita ng Diyos ay dumating sa pamamagitan ng KATAWANG SALITA. Nagsalita ang Diyos sa pamamagitan Niya at sinabi, "Magkaroon ng liwanag" at nagkaroon ng liwanag; "Magkaroon ng mga

isda" at nagkaroon ng mga isda. Siya ay ang **Tagapagsalita ng Diyos**. At sa pamamagitan nitong **SALITANG** (o **ESPIRITU**) KATAWAN na ang Espiritu ng Diyos nagpakita ng Kanyang sarili at nakita ng Kanyang mga lingkod na mga propeta. Tinatawag natin ang ganung pagpapakita na Theophany.

**THEOPHANY**

Ngayon, ang '**paglabas**' ng LOGOS (mula sa Diyos) upang ipakita ang layunin ng Diyos ay ipinahayag sa anyo ng isang tao. **Ang LOGOS ay ipinahayag sa isang KATAWANG ESPIRITU (na tinatawag na SALITA)**. Tuwing ang LOGOS ay lumalabas mula sa Diyos, ITO ay babalik sa Kanya pagkatapos gawin ang misyon NITO. Ang Kanyang anyo bilang tao ay pwedeng panlupa o di kaya'y nakikitang hindi konkretong anyo. **Ang bawat anyo ng theophany ay isang paunang paglalarawan kay Kristo na pansamantala lamang at nasa isang lugar lang**. Nabasa natin kung paano Siya ay isang beses naging si **Melchizedec,** Mataas na Pari ng Diyos; sumunod, Siya ay ang **Hukom** at **Tagapagligtas** ng Israel; at pagkatapos, Siya ay ang Kaibigan ni Abraham na kung saan sa kanya Siya ay nagkaroon ng matamis na pakikipag-isa.

Alam ni Abraham na si **Melquisedec**, na nagpala sa kanya, ay ang Pari ng Kataas-taasang Diyos at binigyan niya Siya ng ikapung bahagi ng buong meron sya (Gen.14: 17-20). Alam niya na Siya ay walang iba kundi ang SALITA ng Diyos. Si Melquisedec ay hindi si Hesus, ngunit Sya ay isang paunang pagaanyo kay Kristo sa Ministeryo Nya bilang Mataas na Pari. Sinabi ni Pablo na si Melquisedec ay "walang ama, walang ina, walang tandaan ng lahi, at walang pasimula ng mga araw ni katapusan ng buhay" (Heb.7: 3); ngunit Ito ay hindi katulad ni Hesus na ipinanganak na may isang katawan na binubuo ng mga elemento ng lupa, na ang Kanyang "ina" ay ang Birheng Maria. Kaya si Melquisedec, ay ang nakikitang bahagi ng Diyos, ANG SALITA, ang Kanyang kaisipang nahayag, na nagpakita kay Abraham. Dahil ang SALITA ay Diyos, si Pablo ay direktang nagsabi na si Melquisedec ay "walang ama". Tunay nga, dahil ang Ama-Anak na relasyon sa pagitan ng Diyos at ng SALITA ay hindi umiiral.

Pagkatapos, sa mga kapatagan ng Mamre, tatlong TAO ang nagbisita kay Abraham. Dalawa sa kanila ay hindi nakikitang mga Espiritung Anghel (anghelikong nilalalang) na naganyo ng kanilang mga sarili upang maging nakikitang mga tao, mga katawang binubuo ng mga nilikhang elemento. Nakilala ni Abraham ang ikatlong tao at tinawag niya Itong Panginoon. **ANG SALITA ng Panginoon** ay muling nagpakita (theophany) upang makasama at kumain kasama si Abraham (Basahin ang Genesis 18). Ito ay ang parehong tao, ang Anghel (Mesahero) ng Panginoon, na nagpakita din sa iba't ibang oras, suot ang iba't ibang damit, sa lahat ng iba pang mga propeta at mga lingkod ng Panginoon sa kani-kanilang mga araw. Ang iba't ibang mga

pagpapakita ay naglalarawan at nagpapakita ng maraming mga tungkulin at katangian ng Diyos, gaya ng Tagapagligtas, Tagapagtanggol, Tagapamagitan, Kaibigan, Hukom, Taga-aliw, at iba pa.

Ngayon, ang *TAONG* nakita ng lahat ng mga banal na tao ng Diyos ay ang **parehong TAO** na may **parehong mukha**. Ang mukhang iyon ay ang mukha ni Hesus. Mayroon lamang isang mukha ang Diyos at ito ay ang Panginoon ng Langit. Ang LOGOS ay maaari lamang magpakita sa ganoong mukha dahil ang Diyos ay kailangang ipakita ang Kanyang "Anak" na Syang darating at tutupad ng lahat ng isinalita tungkol sa Kanya. Sinabi ni Hesus sa mga Hudyo, "*Ang inyong amang si Abraham ay nagalak na makita ang aking araw: at nakita niya, at natuwa*" (Jhn.8: 56). Samakatuwid, si Hesus ay ang Espiritu ng pagiging Anak, na ipinahayag sa LOGOS ng Diyos, na ipanganganak sa mundo bilang ang bugtong na Anak ng Dios para tuparin ang iba't-ibang mga katangian ng Diyos, na ipinakita sa mga banal na tao.

## ANG KANYANG MALIKHAING PAGHAYAG NG KANYANG SARILI

Atin ng naintindihan na ang SALITA ng Diyos (Grk: LOGOS; Heb: Dabar) ay higit pa sa binigkas na salita; ito ay Kanyang **paghahayag sa sarili, "ang bahagi ng Diyos na nakatungo sa mundo**". Nauunawaan din natin mula sa 'paunang salita' ni San Juan na ANG LOGOS ay hindi isang bulag, hindi personal na malikhaing prinsipyo o buhay na puwersa, ngunit Ito ay ang PERSONAL PAGPAPAHAYAG NG BUHAY NA DIYOS kay HesuKristo. Si Hesus ay ang tunay na diwa ng LOGOS ng Diyos, ang Kapahayagan ng banal na liwanag, buhay, kaluwalhatian at Katotohanan sa isang pantaong personalidad (Jhn.1: 4,9 cf. 1 Jhn.1: 1-4).

Tulad nga ng Sinabi ko, ang SALITA ay hindi si Hesus. At ayon kay Juan, ang SALITA ay Diyos. Si Hesus, "Na Syang Imahe ng hindi nakikitang Diyos" ay ang SALITANG nahayag. Siya ay ANG KAPAHAYAGAN NG DIYOS. Si Hesus ay kung ano ang SALITA. Siya ay ang Kristo, ang **misteryo ng pagkaDiyos na nahayag** sa mga banal. Siya ay ang BINHI ng Diyos, ang 'monogene' ng Diyos, ang bugtong na Anak ng Diyos, na nasa DIBDIB ng Ama, na nahayag sa LOGOS sa buong Lumang Tipan. Samantalang si Hesus Kristo ay naunang inilarawan sa Lumang Tipan, Siya ay inilahad at ipinahayag sa Bagong Tipan. Sa luma, Siya ang Espiritu ng "pagiging Anak" na likas sa LOGOS na nahayag; sa bago, Siya ang Anak ng Diyos, ang LOGOS na nagkatawang tao. Sa luma, ang LOGOS ay ipinahayag sa pamamagitan ng espiritung katawan; sa bago, ang LOGOS ay ipinahayag sa pamamagitan ng katawang tao. Sa parehong luma (katawang espiritu) at ng bago (katawang tao), ang LOGOS ng Diyos ay mayoon lamang isang mukha, ang mukha ni Hesu Kristo.

ANG SALITA ay hindi isa pang MAKAPANGYARIHANG ESPIRITU o isa pang Dios. Sa Kanyang 'Sariling Payo', ang Isang Totoong Makapangyarihang Espiritung Diyos ay nagpasya sa Kanyang sarili na maglabas ng mga anak (ng Diyos) para sa Kanya. Gaya ng nabanggit, dapat mayroong isang **BINHING-SALITA** upang makagawa at makalabas ng buhay. Ang Katawang Salita ay ang daluyan na sa pamamagitan Nito ipinakita at inihayag ng Diyos ang Kanyang sarili. Ang Espiritu ng Diyos at ang Kanyang Salita ay iisa. Ito ang langkapan na pagkakaisa ng pagka-Diyos na si Elohim.

Alam natin na ang isang binhi ay magbubunga ng kanyang sariling uri. Iyan ay batas ng Diyos (Gen.1: 11-12,21,24-25). Halimbawa, ang isang buto ng mansanas kapag itinanim ay lalaki na isang puno ng mansanas kung saan ay mabibigay din ng mga mansanas na may buto ng mansanas din sa kanila. Ang buto ng mansanas na yaon (na bumaba sa lupa) ay nagmula sa kanyang 'magulang' na buto ng mansanas. Kaya sa tipo, naiintindihan natin na **ang SALITA ay ang monogene (BINHI) ng Diyos, at Ito ay Diyos – sapagkat yaong Espiritu ay Espiritu**.

## WALANG BINHI, WALANG BUHAY

Kapag kumuha ka ng *binhi* ng mansanas para tumubo, sa pamamagitan ng pagtatanim nito, ito ay magkakaroon ng isang usbong, pagkatapos dahon, tangkay, sanga, at iba pa. Pagkatapos ang mga bulaklak ay lilitaw at mawawala. Ang *pistil* nito ay lalaki upang maging mansanas na naglalaman ng parehong uri ng binhi katulad ng orihinal na itinanim. Ang *binhi* na simula ng produkto, sa pamamagitan ng kanyang iba't-ibang mga manipestasyon sa iba't ibang yugto nito ay lilitaw bilang binhi din mismo sa huli. Kaya naiintindihan natin na *ang LOGOS*, bilang ang *BINHI ng Diyos* na lumabas bilang *Ang Simula ng Paglikha ng Diyos*, ay nahayag sa mga Patriarko at mga Propeta sa iba't ibang panahon at sa iba't ibang paraan, at ("sa mga huling araw na ito" – Heb. 1:2) ay inihayag sa atin bilang *Ang Bugtong na Anak (monogene - Binhi) ng Ama*. Ang kumpletong LOGOS ng Dios ay nasa **Anak ng Diyos**. Samakatuwid si **Hesus ay ang SALITA (LOGOS) ng Diyos**. Siya ay ang paghahayag ng Diyos sa sangkatauhan (cf. 1 Pet.23-25).

Dahil *ANG LOGOS ay ANG BINHI (monogene)* ng Diyos na inilabas ng Diyos sa Kanyang sariling Dibdib upang ipahayag ang Kanyang mga katangian na pagiging-ama, ito ay hindi maaaring maging anumang mas mababa kaysa sa *'Anak' ng 'Ama'*, **ANG TANGING BUGTONG NA ANAK NG AMA, ANG SIMULA NG PAGLIKHA NG DIYOS, ANG IMAHE NG HINDI NAKIKITANG DIYOS, ANG PANGANAY SA LAHAT NG MGA NILALANG, ANG PANGANAY SA MARAMING MAGKAKAPATID** – **Si Elohim** na gumagawa ng Pamilya sa Kanyang Sarili. Ito ang "Misteryo ng Kabanalan; Ang Diyos ay nahayag sa laman, pinaging-banal sa espiritu, Nakita ng mga anghel, Ipinangaral sa mga Hentil, Sinampalatayanan sa sanglibutan, Tinanggap sa itaas sa

kaluwalhatian" na pinanukala sa isip ng Makapangyarihan bago pa ang lahat ng bagay ay nalikha, at inilabas upang mahayag kay Kristo Hesus na ating Panginoon. **Si Hesu-Kristo, ang Anak ng Diyos, ay dumating sa laman. Siya ang SALITA ng Diyos na nahayag sa laman. Sa lahat ng mga bagay, Siya ang kadakilaan.**

Ngayon, dahil "*ang Salita ay kasama ng Diyos,...*" (Jhn.1:1), samakatuwid Ito ay tumahan kasama ng Makapangyarihang Espiritu sa Liwanag (Haliging Apoy) na hindi malapitan (cf. 1 Tim.6:16). Ito ay tumahan sa dibdib (puso) ng Diyos. Ang Diyos, bilang 'Ama', ay "inaruga" ang Salita, ang Kanyang Binhi, ang Kanyang Anak. ***Ang espiritu ng PAGIGING ANAK (Si Hesus, ang Anak ng Diyos) ay nasa SALITA***. Si Hesus ay ang 'Anak ng Diyos' na ipinahayag sa KATAWANG SALITA. Kaya nga si Hesus, ang Anak ng Diyos, ay ang SALITA ng BUHAY - parehong sa Paglikha at Pagtubos (Jhn.1:4; 1 Jhn.1:1). Samantalang ang Mesiyas (Tagapagligtas) ay dapat na tao, ang SALITA ay dapat ilagay sa laman ng tao. Upang magawa iyon, ang Diyos ay kailangang gumawa ng bagong nilikha para maging tahanan ng SALITA - *"... isang katawan ang inihanda mo sa akin"* (Heb.10:5b). Oo, isang katawan na laman (**hindi** katawan ng isang sanggol) ay inihanda para sa SALITA ng Diyos para maihayag. Iyon ay isang katawan na hindi nahipo ng pantaong genetiko. Ang katawang iyon ay ang katawan ni Hesus. At ang Dios ay nasa Kanya, naghahanda sa Kanya para sa SALITA na mananahan sa Kanya kapag Siya ay dumating na sa wastong edad (Lk.1:80; 2:40,52; Jhn.1:14). [Paalala: Ang Ebanghelyo ayon kay Lucas ay naglalarawan kay Hesus bilang Anak ng Tao, ang Kanyang Sangkatauhan at ang ebanghelyo ni Juan ay nagtatalakay kay Hesus bilang Anak ng Diyos, ang Kanyang pagka-Diyos at pagiging Diyos.]

Noong ang sanggol na si Hesus ay ipinanganak sa Bethlehem, inihinga ng Diyos sa Kanya ang espiritu ng pagiging Anak (na nahayag sa Espiritung Katawan ng SALITA). Ang bagong panganak na sanggol na si Hesus ay naging isang buhay na kaluluwa at lumaki upang ipahayag ang Buhay ng Diyos. Mula roon ay wala nang anumang paghahayag ng Espiritung Katawan (SALITA). Ang Theophany ay natigil ngunit ang SALITA ay kasama pa rin ng Diyos. Kahit na si Hesus ay walang kasalanan at mayroong **banal na katangian**, tulad ni Adan bago ang kanyang pagkahulog, si Hesus ay hindi Diyos. Hanggang sa Siya ay 'pinagtibay' (cf. Gal.4:5, tingnan ang seksyon sa ilalim **HUIOTHESIA**), Siya ay hindi napahiran. Hanggang sa Siya ay napahiran (sa Kanyang Bautismo sa tubig), hindi Siya ang kaganapan ng Salita. At hanggang sa Siya ay pinananahanan ng Salita, hindi siya maaaring maging Diyos, hindi siya maaaring maging Diyos na nagkatawang-tao.

> "*Sapagakat nalulugod ang Ama na sa Kanya ang buong kapuspusan ay tumahan.*" (Col.1:19)

"*Sapagka't sa Kanya nananahan ang buong kapuspusan ng Diyos sa katawan.*" (Col.2:9)

Samakatuwid, si Hesus ay hindi nasa pagka-Diyos ngunit ang pagka-Diyos ay nasa kay Hesus.

Kahit na ang bawat bagay na may buhay, maging mga hayop o tao man, ay natanggap ang kanilang mga espiritu ng buhay mula sa Buhay na Diyos, tanging ang mga itinalagang mga anak na lalake (at babae) ng Diyos lamang ang nasa Diyos bilang bahagi sila ng Kanyang SALITA ayon sa Kanyang itinalagang plano. Sinabi ni Hesus:

> ***"Ang lahat ng ibinibigay sa akin ng Ama ay magsisilapit sa akin****; ...* "(Jhn.6:37a).
>
> "*Datapuwa't hindi kayo nagsisampalataya, sapagka't hindi kayo ang aking mga tupa, gaya ng sinabi ko sa inyo.* ***Kilala ng aking mga tupa ang aking tinig, at sila'y aking nakikilala, at sila'y nagsisisunod sa akin: At sila'y binigyan ko ng walang hanggang buhay; at hindi sila mawawala, ni hindi sila ninuman mabubunut sa aking kamay****. Ang aking Ama, na nagbigay sa kanila sa akin, ay lalong dakila kay sa lahat; at walang sinoman ang makagagawang bunutin sila sa kamay ng aking Ama* "(Jhn.10:26-29).
>
> *"Katotohanan, katotohanang sinasabi ko sa inyo, maliban na ang* ***butil ng trigo*** *ay mahulog sa lupa at mamatay, ay mananatili itong magisa; nguni't kung ito'y mamamatay,* ***magbibigay ito ng maraming bunga.***" (Jhn.12:24).

Si Hesu Kristo, ang SALITA ng Buhay, ay ang "*butil ng trigo*" - ang BINHI ng Diyos, na namatay at nagbigay ng "*maraming bunga*" – ang mga anak na lalaki at babae ng Diyos. Itong mga anak na lalaki at babae ng Diyos ay ang mga itinalagang binhi ng Diyos sa MONOGENE ng Diyos. (Alalahaning ang isang BINHI ay nagbubunga ng binhi na kanyang uri.) Samakatuwid, tanging ang mga itinalagang binhi lamang ang nagtataglay ng espiritu ng pagiging anak, kahit na sila ay ipinanganak sa mundong ito sa kasalanan. Ang mga apostol ay sumulat:

> *"Ngunit ang Dios ay ibinigay ang kanyang pagibig sa atin, na* ***habang tayo ay makasalanan, namatay si Kristo para sa atin****" (Rom.5:8). "Sapagkat ang Diyos, na mayaman sa awa, dahil sa kaniyang malaking pagibig kaya tayo'y inibig Nya,* ***kahit na tayo'y mga patay sa kasalanan, tayo'y binuhay na kalakip ni Kristo*** *(sa pamamagitan ng biyaya kayo'y nangaligtas), At nagtaas sa atin, at nagpaupo sa atin na magkasama sa sangkalangitan kay Kristo Hesus: Na sa mga panahong darating ay maipakaita ang Kanyang pagiging dakilang mayamanan sa biyaya sa Knayang kagandahang-*

*loob sa atin kay Kristo Hesus. Sapagka't sa biyaya kayo'y naligtas sa pamamagitan ng pananampalataya; at ito'y hindi sa inyong sarili:* ***ito'y kaloob ng Dios****: Hindi sa pamamagitan ng mga gawa, upang ang sinoman ay huwag magmapuri.* ***Sapagka't tayo'y kaniyang gawa, na nilalang kay Kristo Hesus para sa mabubuting gawa, na itinalaga noong una ng Dios upang dapat nating lakaran****" (Eph.2:4-10).*

*"Ang sinomang ipinanganak ng Dios ay hindi nagkakasala, sapagka't ang kaniyang binhi ay nananahan sa kaniya: at siya'y hindi maaaring magkasala, sapagka't siya'y* ***ipinanganak ng Dios****" (1 Jhn.3: 9).*

*"Ang pagiging ipinanganak muli,* ***hindi sa binhing nasisira, kundi sa walang kasiraan, sa pamamagitan ng salita ng Dios*** *na nabubuhay at namamalagi ng walang hanggan." (1 Pet.1: 23).*

Ito ay malinaw na si Hesu Kristo, ang Anak ng Diyos, ay hindi nilampasan ang Salita (Espiritung Katawan). Siya, bilang ang Monogene, ay ang espiritu ng pagiging anak sa Katawang SALITA. Siya ay dumating mula mismo sa SALITA at Siya'y Diyos na nagkatawang tao pagkatapos ng Kanyang bautismo sa tubig sa ilog Jordan. Siya ay naging "*ang SALITANG ginawang laman*". Samantalang ang mga itinalagang mga anak na lalaki at babae ng Diyos, na mga "bunga" ng Monogene, ay kailangang lampasan ang kanilang mga Katawang (Espiritung) Salita at para "masakop ng kabiguan, hindi sa kalooban, kundi dahil sa Kanya na isinailalim ito sa pag-asa" (Rom.8:20 NKJ Version). At bilang ang "*malalim ay tumatawag sa kalaliman*" (cf. Psm.42:7), ang itinalagang binhi ay likas na tutugon sa Kapahayagan ng SALITA dahil sila ay isang bahagi ng MONOGENE na SALITA. Sila ay bahagi ng katawan ng BINHI (Kristo) na namatay. Sila ay Kanyang nga "bunga" na lumabas mula sa Kanya na namatay bilang isang "butil ng trigo" (sa Kalbaryo). Ang mga banal ay likas sa Pagiging Anak ng Panginoong Hesu-Kristo.

Tulad ni Hesus na ipinanganak na isang **bata** (hindi **Anak ng Diyos**) mula sa sinapupunan ni Maria, ang mga inihalal na mga binhi ay ipinanganak ding mga **bata** (hindi **mga anak ng Diyos**) mula sa sinapupunan ng kanilang mga ina. Katulad ni Hesus na tumanggap ng kapuspusan ng SALITA para maging Anak ng Diyos, ang mga inihalal na mga binhi din ay kailangang matanggap ang SALITA para maging mga anak ng Diyos.

## GAYA NG AMA, GAYON DIN ANG ANAK

Anuman ang mga tinukoy tungkol sa Diyos sa Lumang Tipan ay na kay Hesus. Mababasa natin na ang Diyos ay kinikilala bilang Hari (Psm.5:2; Jer.10:10; Zech.9:9). Nang si Hesus ay dumating sa mundo, Siya ay sinamba bilang Hari (Matt.2:2) at magiging Hari sa araw na

Siya'y uupo sa kanyang trono ng kaluwalhatian (Matt.25:31-32 cf. 1 Tim.1:17; Rev.11:17; 15:3). Mababasa natin ang Diyos bilang Hukom (Psm.58:11; Isa.33:22), at si Hesus ang Hukom (Jhn.5:30; Rev.19:11). Ang Diyos ay ang Manunubos (Psm.19:14; Isa.43:14), gayon din si Hesus (Gal.3:13; Heb.9:12). Ang Diyos ay ang "*AKO*" (Ex.3:13-14; Isa.44:6b), inangkin ni Hesus na Siya ang "*AKO*" (Jhn.8:24; 57-58; Rev.1:17- 18).

Lahat ng mga halimbawang ito sa Kasulatan at ng iba pa ay HINDI nagpapatotoo sa dalawang Diyos. Sa kabilang banda, sila ay nagpapakita na ang Panginoong Hesus ay ang Diyos mismo sa laman. Ang Banal na Kasulatan ay binigyang-diin na **may-iisang Diyos**, ang Ama, na lumikha sa lahat ng bagay, at may **Isang Panginoon**, si Hesu-Kristo, na sa pamamagitan Niya ang lahat ng bagay ay nabuo (o magkaiisang tumatayo). Tungkol kay Hesukristo, sumulat si Pablo:

> *"Dahil sa Kanya na ang lahat ng mga bagay ay nilikha, ang mga nasa langit, at mga nasa ibabaw ng lupa, ang mga nakikita, at ang mga di-nakikita, maging mga trono, maging mga kapanginoonan, maging mga pamunuan, maging mga awtoridad; lahat ng mga bagay sa pamamagitan niya, at para sa kanya, ay nilikha, at ang kanyang sarili ay una sa lahat, at ang lahat ng bagay ay nasa kanya ang kabuuan"*(Col.1:16-17 Young's Literal Translation).

Ito ay malinaw na si Hesu Kristo ang dahilan ng Diyos sa paglikha. Si Hesus ay ang panganay sa pagtatalaga, paglikha at pagtatakdang plano ng Diyos. Siya ay ang PANGUNAHING TEMA ng kaluwalhatian ng Diyos. Ang Diyos ay ang May-akda na nagpanukala sa langit at sa lupa **kay** Kristo. Si Yaweh ang Manlilikha, hindi si Yahshua.

> *"Ngunit sa ganang atin ay may isang Diyos, ang Ama, na sa kanya ang lahat ng bagay, at tayo'y nasa Kanya; at isang Panginoon, si Hesukristo, na sa pamamagitan niya ay ang lahat ng bagay, at tayo'y sa pamamagitan niya" (1 Cor.8:6).*

Amen. Ang **Diyos** Ama ay ang Diyos, at si Hesus (ang Anak ng Diyos), na Siya ngayong kapwa **Panginoon** at **Kristo**, ay sinamba bilang Diyos dahil Siya ang pangkatawang kapuspusan ng Diyos (cf. Gawa 2:36; Col.1:19; 2:9; Rev.4:11; 22:1).

## KRISTO

Sa paghahangad na mapatunayan ang doktrina ng Trinidad, ang ilang mga Trinitarian ay kinuha ang salitang "*Kristo*", sa 1 Corinto 10:1-4 (kung saan nagbabala si Pablo sa Iglesia sa Corinto na huwag maging katulad ng mga anak ni Israel na tinukso si Kristo) at sinabi na si HESUS ay umiral na noong una dahil Siya ang "*espirituwal na Bato*" na sinundan ang mga anak ni Israel.

Ang salitang "*Kristo*" sa Kasulatan ay hindi laging tumutukoy sa taong si Kristo Hesus. Ito ay maaaring mapatunayan sa pamamagitan ng pagbabasa ng Mateo 24:5 (at mga katulad na mga bersikulo) kung saan si Hesus ay nagsalita tungkol sa Huwad na Kristo o huwad na mga pinahiran na darating sa mundong ito. Isa pa, marami sa mundong ito ay tinatawag din sa pangalang Hesus, ngunit may isa lang na tinatawag na ***ANG KRISTO.***

Ang salitang Griyego para sa **KRISTO** ay **CHRISTOS** na nangangahulugang ***NAPAHIRAN o PINILI***. Mga propeta ng Diyos ay tinatawag na HOI CHRISTOI THEOU na nangangahulugang ANG NAPAHIRAN NG DIYOS. At ang Pagpapahid ay nagmula lamang sa ESPIRITU (LOGOS) ng Diyos.

Sa Gawa 2:36, sinabi ni Pedro *"NA GINAWA ng Dios ang parehong si Hesus na inyong ipinako sa krus, bilang parehong Panginoon at Cristo"*. Ngayon, bakit kinailangang gawin ng Diyos si Hesus na parehong **Panginoon at Cristo** kung si Hesus ay umiral na bilang isang Espiritu na kung tawagin ay Kristo? At kung si Hesus ay umiral na bilang isang hiwalay na Espiritu (Ang pangalawang persona ng pagka-Diyos ayon sa mga Trinitarian) mula sa Diyos (Ama), hindi ba ang titulong ***Kristo*** na ibibigay sa Espiritu, na Siya ring Diyos, ay isang *pagsasalungat*? Ang Diyos ay nagpapahid lamang; Hindi Siya ang tumatanggap ng pahid. Tanging ang mga nilikhang tao at mga bagay lamang ang nakakatanggap ng pagpahid. Samakatuwid, ang taong si Hesus, ay tumanggap ng pahid mula sa Diyos na Kanyang Ama.

Kaya, *yaong espirituwal* na Bato ay walang iba kundi ang pinahirang DABAR (SALITA) na dumaloy mula sa Makapangyarihang Espiritu ng Diyos upang bigyan ang mga anak ni Israel ng kanilang mga espirituwal na karne at inumin sa ilang. Ang *Batong* iyon ay ang parehong Kristo *(Pinahirang Salita)* na kung saan ang bawat tunay na hinirang ay nakikibahagi ngayon. Siyempre, ang pinahirang Salitang iyon ay dumating sa Israel sa pamamagitan ng Anghel (Mensahero) ng Diyos na nagdadala ng Pangalan ng Diyos. Siya ang SALITA na nanguna sa mga anak ni Israel. Siya ay ang Mukha (presensya) ng Panginoong Diyos.

## PAGKAKATAWANG-TAO

Ngayon, alalahaning mabuti ang Juan 1:14:

*"Ang SALITA ay ginawang laman, at tumahan sa atin ..."*

Madalas sinabi na ang "ESPIRITU ay ginawang laman", o "ang DIYOS ay naging laman". Ang ganitong mga pahayag, na kung saan ay karaniwang binabalewala, ay humahantong sa pagdadala sa mga Kristiyano sa maling palagay na ang Dakilang Makapangyarihan Espiritu ay *naglaho* upang maging isang tao. Ang kaparehong konsepto na nasa Trinidad ay nagsasabi na ang ikalawang Persona ng Diyos na tinatawag na "Diyos Anak" ay binagong anyo ang kanyang sarili upang

maging isang embriyo sa sinapupunan ng Birheng Maria para ipanganak na "Anak ng Diyos". Ito rin ay nagpapahiwatig na ang SALITA (na ipinalagay na si Hesu Kristo mismo) ay naging sanggol sa sinapupunan ni Maria at, samakatuwid, ang bata ay ang banal na Diyos (ang Anak). Yaong mga Kristiyano na naniniwala sa konseptong ito ay tinatawag itong ***ang pagkakatawang-tao ng Anak ng Diyos.*** Sila ay lalong naniniwala na ang ***Diyos (ang Ama) ay nagkatawang-tao ng Kanyang sarili sa Anak*** pagkatapos ng Kanyang bautismo sa Ilog Jordan. Ang ganitong lapastangang turo ay walang pundasyon sa Banal na Kasulatan. (Tandaan: Ang salitang "nagkatawang-tao" ay nagmula sa salitang Latin na "incarnare" na nangangahulugang "dadamitan ng laman".)

Paanong naniniwala ang isang tao na ang Diyos, na isang Espiritu, ay babaguhin ang Kanyang anyo sa isang embriyo para lumalaki sa sinapupunan ni Maria? Papaanong naniniwala ang ilan na ang Diyos, na isang Espiritu, ay magiging tao gayong ang katawan ng tao ay binubuo ng mga ginawang mga elemento? Ang ilan ay maaaring bumulalas: "Oh, ang Diyos ay maaaring gawin ang lahat ng mga bagay na ito dahil Siya ay Diyos!" Ang mga ganitong mangmang na tao ay naniniwala ding maaaring lumikha ang Diyos ng isang malaking bato na napakabigat na Siya mismo ay hindi kayang iangat ito.

Ating pakaisipin itong mabuti. Mayroon bang katinu-an ang maniwala sa ganun ka balighong ideya na ang Diyos ay minsang isang lumalaking sanggol sa sinapupunan ni Maria? Noong ang sanggol na si Hesus ay ipinanganak, siya ay lumabas na umiiyak tulad ng lahat ng iba pang mga sanggol: iyon bang umiiyak na sanggol ay Diyos? Noong ang sanggol na si Hesus ay sumususo sa dibdib ni Maria, iyon ba ay ang Diyos na pinapasuso ng gatas? Tiyak na hindi! Ang Diyos ay Espiritu. Siya ay hindi isang tao; Hindi Siya gawa sa laman, dahil *"ang mga ipinanganak sa laman ay laman at ang ipinanganak sa Espiritu ay espiritu*" (Jhn.3:6).

**Iyon ay ang SALITA ng Diyos, ang Kanyang nakikitang Sariling-Kapahayagan, ang naging (na nahayag sa) laman**. Iyon ay ang ***KATAWANG SALITA*** na lumalabas mula sa Diyos, at nagpakita sa iba't-ibang mga banal ng Lumang Tipan sa ***pansamantalang Theophany*** na mga anyo, na ganap nang nawala. Iyon ay tumigil na sa Bethlehem dahil ang Diyos ay ipinasya na ang **LOGOS** ay dapat kumuha ng isang **permanenteng ANYONG TAO.**

*"Sapagka't sa atin ang <u>isang bata ay ipinanganak</u>, sa atin ang isang **<u>ANAK NA LALAKI ay ibinigay</u>**" (Isa.9: 6a).*

*"At ang SALITA ay ginawang laman, at tumahan sa gitna natin (at nakita natin ang kaniyang kaluwalhatian, ang kaluwalhatian gaya ng sa bugtong ng Ama), na puspos ng biyaya at katotohanan" (Jhn.1:14).*


**"*Ang Salita ay nagkatawang tao*" lamang noong nagkatawang-tao ang Diyos mismo sa Taong si Hesus doon sa Kanyang bautismo**

WALANG HANGGANG NAKARAAN


ANG WALANG HANGGAN NA ESPIRITU

## HINDI NAKIKITANG ESPIRITU

## NAKIKITANG LOGOS




...ANG DIYOS SA KANYANG SALITA KAY HESU KRISTO..


"Ako ang ALPHA at OMEGA,
ang simula at ang wakas."
ANG
MALUWALHATING
KRISTO
Ang ngayon,
Ang nakaraan
at ang darating pa.
ANG MAKAPANGYARIHAN
(Rev. 1.8 of 1:4
I
AM
MONOGENE
(BINHI)
WORD
unexpressed
ISANG
KATAWAN
na ang pangalan ay HESUS ay INIHANDOG
(Hebreo 10:5)
at
1 "Isang BATA ay IPINANGANAK"
[Bethlehem]
WORD becomes
PAG-AAMPON
"Ito ang Aking pinakamamahal
na ANAK,na sa Kanya Ako ay
lubos na nalulugod"
(Mat 3:17)
"Ang ANAK na LALAKI
ay ibinigay.."
2 [Jordan]
"Dahil ikinalulugod ng AMA
na sa KANYA manahan
ang kapuspusan."
(Col. 1:29 of 2:9)
HESUS
6 PANGINOON AT KRISTO
"Ang lahat ng kapamahalaan sa
langit at sa ibabaw ng
lupa ay naibigay na sa Akin."
(Mat. 28:18)
5 Ang muling
pagkabuhay
at ang
pag-akyat
3
[Gethsemane]
(John 17:5; 7:39; 12:28)
4
[KALBARYO]
ANG KATAWAN
NI HESUS
NA NAKALIBING
(Eph. 4:8-10; 1 Pet 3:18-22)
Si Hesus ay nanalangin sa Diyos na
KANYANG AMA
(John 17 of Eph.1:3-17)
Ang SPIRITU ni KRISTO
na bumababa sa kailaliman
ng lupa at nangaral
sa mga kaluluwa na bilanggo sa
SHEOL.
Ang mga
masamang espiritu
Ang mga
matuwid na espiritu
SHEOL
(kailaliman ng lupa)

sa Ilog Jordan sa harapan ng maraming tao na tinutupad ang propesiya ng Malakias 3:1:

*"... At **ang Panginoon** na inyong hinahanap, **ay biglang paroroon sa kaniyang templo**, maski pa ang mensahero ng tipan na inyong kinaliligayahan, ..."*

Iyon ay kung kailan ang <u>**BUONG SALITA**</u> ng Diyos ay tumahan kay Kristo.

> *"At si Hesus, nang Siya ay mabautismuhan, ay umahong deretso mula sa tubig: at, narito, ang langit ay nabuksan sa kanya (Juan Bautista), at nakita niya ang Espiritu ng Diyos na bumababang tulad ng isang kalapati, at lumalapag sa Kanya at narito ang isang tinig na mula sa langit, na nagsasabi, Ito ang Aking Pinakamamahal na Anak, na sa Kanya ako LUBOS NA NALULUGOD. "*- Mateo 3:16-17

> *"Dahil sa ikinalulugod ng Ama na sa Kanya DAPAT ANG BUONG KAPUSPUSAN AY MANAHANAN."* - Colosas 1:19 (cf. Jhn.14:10; Col.2:9.)

Pansinin na ang hula sa Isaias 9:6 ay tumatawag para sa isang **anak na lalaki, *hindi* sa isang bata**, para ibigay bilang isang sakripisyo para sa kasalanan (cf. Jhn.3:16-18). Kaya nga, ang <u>*Pinahirang Tao*</u>, si Hesus, ay tinatawag na ang <u>*huling Adan*</u> o <u>*ikalawang Tao*</u> bilang kaibahan sa unang Adan o unang tao na nilikha at ginawang tao, isang anak ng Diyos, at hindi isang bata. Isa pa, ang Diyos ay hindi kailanman lumitaw sa Theophany bilang isang sanggol, isang bata, o kahit na isang binata dahil ang Katawang Salita ay palaging nagpapakita bilang isang ganap na tao.

> *"At ang SALITA ay ginawang laman, at tumahan sa gitna natin **(at nakita natin ang kaniyang kaluwalhatian, kaluwalhatian gaya ng sa bugtong ng Ama), na puspos ng biyaya at katotohanan." (Jhn.1:14)***

Malinaw na ang pahayag na ito ni Apostol Juan ay tiyak na hindi tumutukoy kay Hesus noong Siya ay isang sanggol pa lamang na pinapasusu o kahit na noong siya ay nagbibinata pa lamang na wala pang ministeryo. Sa halip, siya ay tumutukoy sa kaluwalhatian na ipinapahiwatig sa buhay at ministeryo ng Anak ng Diyos pagkatapos ng Kanyang bautismo. Walang duda na si Juan (at ang lahat ng mga tagasunod ni Kristo) ay nasaksihan ang kaluwalhatian (ang Pangalan, Salita at ang Gawa, cf. Juan 17) ng walang hanggang Ama sa buhay at ministeryo ni Kristo. Oo, nakita nila ang kaluwalhatian ng Diyos noong ang "*Salita ay nagkatawang tao*", iyon ay, noong ang Salita ay nahayag sa katauhan ni Hesu Kristo sa laman.

Sa paghahalintulad, si Hesus ay tulad ng isang binhi. Ang isang binhi ay dapat gumulang at mabuluhan upang magkaroon ng BUHAY at kung ito'y "mamatay" ito ay magbubunga ng mga prutas. (Ang isang

bata pa o hindi pa nabubulong binhi ay walang kakayahang gawin ito.). Gayundin, ang Anak ng Diyos ay kailangang lumaki mula sa pakabata at tumanda bilang isang tao. Pagkatapos Siya ay "inampon" at binigyan ng kapangyarihan ng Salita ng BUHAY (cf. Lk.4:18-19). Ang Anak ng Diyos ay dumating bilang isang Lingkod na may isang Propesiyang Ministeryo upang paglingkoran ang sangkatauhan (cf. Isa.42:1; Matt.12:17-21; 20:28). Kaya nga, ang isa sa Kanyang mga titulo – ay **Anak ng tao**. Siya ay itinakda upang maihatid ang **SALITA ng Diyos.**

> *"Ang Espiritu ng Panginoon ay sumasaakin, sapagkat **Ako'y pinahiran** Niya upang ipangaral ang mabubuting balita sa mga dukha: Ako'y sinugo niya upang pagalingin ang mga may bagbag na puso, upang mangaral ng paglaya sa mga bihag, at pagapanumbalik ng paningin sa mga bulag, upang bigyan ng kalayaan ang mga inaapi, upang ipangaral ang kaayaayang taon ng Panginoon "(*Lk.4:18-19, cf. Isa.42:6-7; 61:1. Basahin din John 1:32; 3:34)

Dahil sa ang SALITA ay nagkatawang-tao sa Kanya, si Hesus ay nagawang ibigay ang Kanyang buhay, upang magbunga ng mga prutas.

> *"Ako ang muling pagkabuhay at ang buhay: ang sumasampalataya sa akin, bagama't siya'y patay, gayon ma'y siya'y mabubuhay: At ang sinomang nabubuhay at sumasampalataya sa akin ay hindi na mamamatay ..." (John.11:25-26).*

Si Hesus ay hindi lamang isang buhay na kaluluwa, Siya *"ay ginawang isang tagabuhay na espiritu",* isang espiritung nagbibigay buhay (1 Cor.15:45).

**Nang ang kapunuan ng Diyos ay tumatahan sa katawan ni Kristo Hesus, ay hindi nangangahulugang ang buong kalangitan ay ganap nang nawalan ng Makapangyarihang Espiritu**. Ang Diyos, na isang ESPIRITU, ay **LAGING NASA LAHAT NG DAKO** (dahil Siya ay makapangyarihan at nakakaalam ng lahat). Kaya, hindi lahat ng Dios ay nasa kay Kristo Hesus, *ngunit* **ang lahat ng kung ano ang Diyos ay na kay Kristo Hesus**. Ang katawan ni Hesus ay ang tinatahanan lamang (ang templo) at ang buong pagpapakilala (kaluwalhatian) ng Diyos. Sa madaling salita, **inilagay ng Diyos ang Kanyang Espiritu *na walang sukat* sa Anak**. Si Hesus sa samakatuwid, ay **ang buong kapahayagan ng mga katangian ng Diyos**.

Ang isang napaka-halagang pahayag na ginawa ni Hesus ay matatagpuan sa Kanyang panalangin sa Juan 17:3. Sinabi niya,

> *"At ito ang buhay na walang hanggan, na ikaw ay makilala nila, ang tanging tunay na Diyos, at si Hesu Kristo, na iyong ipinadala."*

Ang pahayag na ito ay malinaw na sumusuporta sa katotohanan ng Isang Tunay na Diyos at si Hesu Kristo ay ipinadala bilang ang

direktang kapahayagan. Si Hesu Kristo ang Buhay ng Diyos. Siya ***ang SALITA*** ng Buhay.

> *"Ang sino man na sumasampalataya sa Anak ay may buhay na walang hanggan; at ang hindi sumasampalataya sa Anak ay hindi makakakita ng buhay" (John.3:36, cf. Heb.1:3).*

**Dahil si Hesu Kristo ay isa *NGAYONG NAHAYAG NA IMAHE NG DIYOS* (Col.1:15) at ANG KAPUNUAN NG DIYOS SA KATAWAN (Col.2:9), samakatuwid imposible para sa Diyos na ihayag ang Kanyang sarili na labas, o maliban kay Hesus (ng hindi iniiba ang pagka-orihinal at pagpapatuloy ng Kanyang *KAISIPAN* kagaya ng nilayon sa Kanyang *ISIP*)**.

## ANG LAMAN – PAGIGING TAO

> *"Ang Salita ay naging tao at nanirahan saglit sa gitna natin." - Juan 1:14 (Barclay)*

Isaalang-alang muli ang tanong na ito: Dahil *ANG SALITA* ay Diyos, ibig ba nitong sabihin na ang katawan na laman ay Diyos?

Hindi. Ang katawan ni Hesus ay tao gaya ng iba pang mga tao maliban sa ito ay ipinanganak ng birhen at walang kasalanan. Sinasabi ni Apostol Pablo na **naghanda ang Dios ng katawan para sa *SALITA*** (Heb.10:5). **Ang laman ay hindi Diyos ngunit ito ay katawan ng Diyos - Ang kanyang tinitirhan.**

Sinalita ng Diyos ang SALITA. Ang lahat ng bagay ay lumabas sa pamamagitan ng **BINIGKAS NA SALITA (Logos)** ng Diyos. Sa Genesis, mababasa natin kung paano ang mga bagay ay nabuo pagkatapos na mabigkas ng Diyos ang Salita: "Magkaroon ng liwanag: at nagkaroon ng liwanag" at iba pa. ANG BINIGKAS NA SALITA ay mapanlikha (Heb.11:3). Sa pamamagitan ng parehong tanda, nagsalita ang Makapangyarihang Diyos (lumikha) ng isang **selulang tamud** (sperm) at isang selulang itlog, pinagisa sila, at itinanim Niya ang embriyo sa sinapupunan ng birheng Maria. Noong ang bata ay ipinanganak, ang espiritu ng pagiging Anak, sa LOGOS, ay pumasok sa bata at Siya ay naging kaluluwang may buhay. ANG LOGOS ay dadalhin ng batang ito kapag Siya ay dumating sa tamang edad - isang ANAK (cf. Isa.9:6). Na kung saan ay nahayag sa mga banal na tao noon sa iba't ibang paraan na inihayag din sa Israel at sa buong mundo sa isang mas konkretong anyo, sa katawan ng isang TAO sa laman, na ipinanganak ng isang birheng babae. Ang taong iyon ay si Hesu Kristo. Siya ay ang **BUONG KAPAHAYAGAN** ng Diyos sa sangkatauhan. Siya ay ang templo ng Dios na buhay, na walang sukat. **<u>Hindi</u> Iyon EMMANUEL sa THEOPHANY, ngunit Iyon EMMANUEL sa PAGSILANG. Ang Taong si Hesus ay isang nilikha (lalaki - Heb: Adam), ang Theophany ay hindi.** Nakita nyo ang pagkakaiba? *ANG SALITA* ay lumabas upang kunin ang *katangian ng tao*, **ngunit ang katangian ng tao (Heb: Adam) ay hindi**

**katangian ng Diyos**, **at ang Diyos ay hindi tao** (Num.23:19a). Ang katangian ng tao ay katangian ng isang nilikhang nilalang (lalaki - Heb: Adam). Noong ang Emmanuel ay lumabas sa Theophany, ang Theophany ay hindi nilikhang nilalalng: ito ay isang Espiritu (Katawang Salita). Ngunit si Hesus, ang Anak ng Diyos, ay isang nilikhang nilalang (lalaki - Heb: Adam) sapagkat Siya ay ipinagbuntis sa pamamagitan ng Banal na Espiritu sa sinapupunan ng Birheng Maria at isinilang sa mundo.

> *"Ngayon, ang pagkapanganak nga kay Hesu Kristo ay sa ganito: Nang si Maria na kanyang ina ay magaasawa kay Jose, bago sila magsama, ay nasumpungang siyang nagdadalang tao ng anak ng Espiritu Santo." (Matt.1: 18 cf. Gal.4: 4)*
>
> *"At ang anghel ay sumagot at sinabi sa kaniya, Ang Banal na Espiritu ay papasaiyo, at ang kapangyarihan ng Kataas-taasan ay lililim sayo: kaya naman ang banal na bagay na ipapanganak mo ay tatawaging Anak ng Diyos" (Lk.1: 35)*

Ang salitang "kapanganakan" ay mula sa Griyegong salita na "genesis" na nangangahulugang "simula, pinagmulan, pagpapadami". Ngunit pansininn na ang kapanganakan (simula, pinagmulan) ni Hesukristo ay noong ang Espiritu Santo ay lumilim kay Maria. Ang katotohanang si Hesus ang Anak ng Diyos noong Siya ay ipinanganak, ay batay sa ("kung gayon", ayon sa) hindi pangkaraniwang pagbubuntis sa bata.

[Tandaan: Ang ilang mga denominasyon ay nagtuturo na si Hesus ay ipinanganak sa pamamagitan ng selulang itlog ni Maria at ng tamud na nilikha ng Banal na Espiritu. Pinaninindigan nila na ito ay kinakailangan para si Hesus ay maging isang tunay na TAO sa lupa. Ang turong ito ay pinupunit palayo ang sentro ng katotohanan na si Hesus ay ang NATATANGING BUGTONG NA ANAK (monogene) NG DIYOS. Ang paglilim sa Birhen (Lk.1:35) ay hindi para purgahin o para pabanalin ang kanyang itlog para mapabunga ng tamud na nilikha ng Banal na Espiritu; Iyon ay ang kapangyarihan ng Diyos na dumating sa kanya upang dalhin ang pasimula ng Batang lalaki (Matt.1:20). Siya ay pinili upang maging 'ina' ng Bata. Dahil ang parehong tamud at itlog ng sangkatauhan ay nagdadala ng genetikong katangian ng pagiging makasalanan, at dahil ang pagiging isang bagong nilikha ng makasalanang sangkatauhan ay maaaring maganap lamang sa pamamagitan ng espirituwal na muling pagkasilang, tiyak na salungat sa Diyos na kumuha ng isa sa mga itlog ni Maria at alisan ito ng kanyang likas na genetikong katangian para madalang-tao ang kanyang Anak. Kaya, sa walang pag-aalinlangan, ang parehong tamud at itlog, na kung saan naging dahilan ng pagdalang-tao at pagsilang kay Hesu Kristo, ay ganap na nilikha ng Dios.]

Ngayon, noong ang embreyo ay naitanim sa sinapupunan ni Maria sa pamamagitan ng Banal na Espiritu, ito ay nagsimulang lumago upang maging isang fetus at maging isang sanggol. Ang embreyo ay hindi Diyos. Ang fetus ay hindi Diyos. Ang sanggol ay hindi Diyos. Sa buong proseso ng paglago nito mula sa pagiging selula, ang sanggol ay tumatanggap ng nutrisyon mula sa dugo ng kanyang ina sa pamamagitan ng plasenta, sa parehong paraan tulad ng ibang sanggol. Ang nutrisyon ay ang mga elemento ng lupa na nagbibigay ng paglago sa katawan. At ang Diyos ay hindi binubuo ng bagay. Ang Diyos ay ESPIRITU.

Ang sanggol ay isang "banal na bagay" - isang banal na anak. Siya ay ipinanganak bilang "Anak ng Diyos" upang ipahayag at ganapin ang lahat ng nasusulat tungkol sa Kanya. Sinabi ni Hesus "Ang Kasulatan ay dapat na matupad" (Mk.14:49; Mat.1:22). Ang mga pastol ay nagbigay ng kanilang pagsamba sa batang Tagapagligtas at ang mga Mago ay nagbigay ng kanilang pagsamba sa batang Hari. [Tandaan: Maraming mga Kristiyano ang nakikipagtalo na ang sanggol na si Hesus ay Diyos dahil ang mga pastol at ang mga pantas ay "sumamba" sa Kanya. Ang salitang "pagsamba" ay may higit pa sa isang kahulugan. Basahin ang Apocalipsis 3:9 – kung saan, ang mga banal ba ng Simbahan ay **tunay na mga Diyos** dahil sila ay sinamba? Mark 15:19 - **ang mga sundalo ba ay tunay na sumasamba** kay Kristo bilang kanilang Diyos?] Ngunit bilang isang sanggol, isang bata, at isang tao, si Hesus (Heb: YAHSHUA - ang pangkaligtasang pangalan ng Diyos) ay potensyal lang na Tagapagligtas at Hari. Siya ay naging Tagapagligtas na noong ibinigay Niya ang Kanyang buhay sa krus sa Kalbaryo, at magiging HARI lamang kung Siya ay babalik upang pamahalan ang Kanyang Kahariang Milenyal.

Nagkaroon lamang ng ISANG pagkakatawang-tao ang Diyos at Iyon ay sa bautismo sa tubig ni Hesus. Samakatuwid, sa 30 taong panahon ng kanyang buhay bago Siya nabautismo sa tubig, si Hesus ay hindi ang MAKAPANGYARIHANG DIYOS na nagkatawang-tao (o ang Salitang nagkatawang-tao) Siya ay isang tao lamang, Anak ng Diyos, na gaya ni Adan na isang tao at anak din na lalaki ng Diyos na walang kasalanan bago ang kanyang pagkahulog. (Ang Espiritu ni Hesus ay siyang Monogene mula sa Diyos ngunit ang espiritu ni Adan at ang mga espiritu ng lahat na mga tinubos na anak ng Dios ay mga “genes” mula sa Diyos.) At dahil Siya ay dumating direkta mismo galing sa Diyos na Walang Hanggan, si Hesus ay walang kasalanan; Siya ay perpekto. May buhay na walang hanggan sa Kanya. Kung Siya ay hindi nagalay ng Kaniyang buhay sa Kalbaryo, Siya sana ay buhay pa sa lupa hanggang ngayon at halos nasa 2,000 taong gulang na.

Kaya, sa unang 30 taon ng kanyang buhay, si Hesus ay isang tao lamang sa gitna ng mga tao. Sa mga panahong ito siya ay tinuruan ng Banal na Espiritu ng Diyos habang Sya ay naglalakad sa

pananampalataya ni Abraham, Isaac at Jacob. Siya'y lumaki; Siya'y natuto.

> *"At lumaki ang sanggol, at lumakas sa espiritu, at napupuspos ng karunungan: at ang biyaya ng Diyos ay nasa Kaniya" (Lk.2:40).*
>
> Sa panlabas na kaanyo-an, walang espesyal sa Kanya - *"Siya'y walang anyo o kagandahan man; at kapag nakita natin Siya, walang kagandahan na mananais tayo sa Kanya" (Isa.53:2b).*
>
> *"At lumalaki si Hesus sa karunungan at sa pangangatawan, at sa pagbibigay lugod sa Dios at sa tao" (Lk.2:52).*

Kahit bilang isang "Anak ng Diyos", si Hesus ay kailangang lumago sa Salita bago Siya matawag na ANAK NG DIYOS.

## HUIOTHESIA

At dumating ang araw para sa kanyang "pag-ampon" (Grk: huiothesia - paglalagay ng ANAK, ito ay, ang pagbibigay ng pagiging anak na may kaibahan sa relasyon na nakuha lamang sa kapanganakan, ay karaniwang ginanap sa publiko cf. Gal.4:5). Ito ay itinakda na isagawa sa Kanyang bautismo noong Siya ay nasa mga 30 taong gulang. Sa araw na iyon, ang langit ay nabuksan at ang Makapangyarihang Espiritu ay bumaba at tumahan sa Kanya. **Ang Diyos ay nagkatawang-tao sa TAONG si Hesus - EMMANUEL - ang Dios ay sumasaatin SA LAMAN!** [Tandaan: Ito ay malapit nang dumating na si Satanas din ay magkakatawang-tao sa isang tao, ang antikristo, ang tao ng kasalanan.]

Itong "pag-ampon" ay nagpapahayag kung Sino Siya at kung ano ang posisyong inilagay sa Kanya ng Diyos, ang Kanyang Ama. Noong nagkatawang-tao ang Diyos kay Hesus, ang langit ay hindi lubos na nawalan ng Makapangyarihang Espiritu ng Diyos at napunta sa katawan ni Hesus. Ngunit ang mga taong hindi naniniwala dito ay sinusuportahan ang kanilang paniniwala ng mga bersikulo ng kasulatan (at ng mga iba pang katulad na mga bersikulo ng kasulatan) nang walang anumang pag-unawa:

> *"Hindi ka baga nananampalataya na ako'y nasa Ama, at ang Ama ay nasa akin? Ang mga salitang sinalita ko sa inyo hindi ko sinasalita sa aking sarili: kundi ang Ama na tumatahan sa akin ay gumagawa ng kaniyang mga gawa" (John.14:10-11a).*

Kung ang buong Diyos ay tumahan kay Hesus, at ang Ama ay nasa loob Nya, bakit tumitingala si Hesus sa langit tuwing Siya ay nananalangin (John.17:1; 11:41)? [Tandaan: Ang ilang mga Kristiyano ay talagang naniniwala na si Hesus ay nanalangin sa Ama na nasa loob Nya o nasa Kanyang sarili, sila'y naniniwala na Siya mismo ang (Walang-hangang) Ama (at minamali ang mga salita ni Isaias 9:6).]

Ang Diyos ay ang BUHAY. Walang Buhay sa labas ng Diyos. Dahil ang Diyos ay hindi nakikita (Col.1:15 cf. Isa.45:15), sa Kanyang sariling pagpapayo, bago pa ang simula ng paglikha, pinili Niyang ipahayag ang Kaniyang sarili sa pamamagitan ng nakikitang anyo - ang SALITA, isang KATAWAN. At sa pamamagitan ng SALITA, ang lahat ng bagay ay nalikha dahil ang BUHAY ay nasa SALITA (John.1:3-4). Inilagay ng Diyos ang Kanyang ESPIRITU ng BUHAY sa Kanyang SALITA (John.6:63; Rom.8:2,10; 2 Cor.3:6; Phil.2:16; 1 Jhn.1:1). ANG Buhay ng Diyos ay nasa Salita. Kaya nga, ang kapunuan ng SALITA ng Diyos ang pumunu sa Taong si Hesus. At kung saan ang SALITA, ay naroon din ang ESPIRITU ng Dios, naroon ang BUHAY ng Diyos. Katulad ng kung papaanong ang Espiritu ng Dios ay tumahan kay Hesukristo, at tumahan din sa atin dahil sa ating tinanggap ang Kanyang SALITA.


> *"Sinagot sila ni Hesus, Hindi baga nasusulat sa inyong kautusan, Aking sinabi, Kayo'y mga diyos? Kung tinawag Niya silang mga diyos, yaong mga dinatnan ng salita ng Dios, at ang mga banal na kasulatan ay hindi mangyayaring sirain; Sinasabi baga ninyo sa Kaniya, na Siyang pinabanal ng Ama, at sinugo sa sanglibutan, Ikaw ay mamumusong; sapagka't sinasabi kong ako ang Anak ng Diyos?" (John.10:34-36)*

**Ang Espiritu ng Diyos ay nasa Kanyang Salita *ngunit* ang Diyos ay nananahan sa Kanyang sariling Liwanag sa Langit.**

Sinabi ni Apostol Pablo na si **Hesu Kristo** ay ang "***perpektong tabernakulo, na hindi gawa ng mga kamay***" (Heb.9:11). Ang *Tabernakulo ni Moises* ay ginawa sa pamamagitan ng mga kamay ng mga anak ni Israel. Ginawa nila ito ng mga siyam na buwan para makumpleto ang gusali ng Tabernakulo. (Basahin ang Exodo 25-29, 35-40.) At sa takdang araw at oras noong ang lahat ng bagay ay handa na at ang Tabernakulo ay naitayo, "*tinakpan ng ulap ang tabernakulo ng kapisanan, at **ang kaluwalhatian ng Panginoon ay pumuno sa tabernakulo***" (Ex.40:34). Ang *Shekinah Glory* ay bumaba para manahan sa Kaban ng Tipan kung saan ang SALITA ng BUHAY ay naka-imbak - ang dalawang tapyas na bato ng tipan, ang palayok ng manna, at ang tungkod ni Aaron na namulaklak (Heb.9:4). Sa katulad na paraan, si Hesus ay inihanda at ginawa hanggang sa takdang araw at oras nang Siya ay nabautismuhan sa tubig sa Ilog Jordan. Habang bumabangon Siya paalis sa tubig at tumayo sa ilog, ang Kalangitan ay nabuksan at ang ***Shekinah Glory* ng Dios ay bumaba at tumahan sa Kanya** (Mk.1:9-11; John.1:14; cf. Mal.3:1).

Ngayon, kung si Hesus o ang SALITA ay ang Ikalawang Diyos na parehong umiiral kasama ng Makapangyarihang Espiritu (Na siya nating tinatawag na Ama), at Siya ay literal na naging laman (ibig sabihin ay nagbago bilang Espiritu at naging laman) at Siya ay Diyos na noong sanngol pa lang Siya, kung gayon masasabi din natin na ang Diyos ay tumahan sa Diyos. Iyan ba ay ayon sa Kasulatan?

Ang Tabernakulo ni Moises ay isang pangunang halimbawa ng isang TAO na tatahanan ng makapangyarihang Diyos - "**ANG DIYOS ay nagtabernakulo sa LAMAN (TAO)**" o gaya ng isinulat ni Apostol Pablo "**Ang Dios ay nasa kay Cristo (ang Pinili)**" (2 Cor.5:19). Si Hesukristo ay pinahiran ng Espiritu Santo na Siyang naglagay ng Kanyang Salita sa Kanya para sa gawain ng Diyos.






**Symbol of the Trinity, as it appears in the Catholic church of Tagnon, France.**

**Si Juan Bautista ay hindi nakakita ng TATLONG KATAOHAN ng Diyos sa bautismo** (na sinasabi ng mga Trinitaryan na nakita niya). Narinig ni Juan ang tinig ng Diyos at nakita ang hindi-nakikitang Espiritu ng Diyos sa anyo ng isang kalapati na bumababa mula sa langit at tumahan kay Hesus. Si Hesus pagkatapos ay PUNO NG ESPIRITU SANTO **NG WALANG SUKAT**, at **LAHAT NG BAGAY** AY INILAGAY NG AMA SA KAMAY NIYA (Lk.4:1; Juan.3:34-35). At dahil Siya ang Kristo ng Panginoon, Siya ay susubukin ng diyablo, at Siya ay maghahayag ng Kaisipan at Kalooban ng Walang-hanggang Ama.

[Tandaan: Si Hesus ay malinaw na puspos ng Espiritu Santo bago ang Kanyang bautismo (katulad ng maraming iba pang mga Banal ng Diyos) ngunit hindi ito nangangahulugan na Siya ay Diyos na na nagkatawang tao katulad ng sinasabi ng mga Trinitarians. Si Juan Bautista ay sinabi na puspos din ng Espiritu Santo bago pa mang siya ay ipinanganak (Lk.1:15) ngunit siya ay hindi Diyos. Maraming mga mananampalataya pagkatapos ng Pentecostes ay "puspos ng Espiritu Santo" (Mga Gawa 6:3,5; 07:55; 11:24) ngunit sila ay hindi Diyos. Ang mga talatang ito - Lucas 4:1 at Juan 3:34-35 - ay malinaw na binibigyang-diin kung Sino at Ano si Hesus matapos ang Kanyang bautismo - 1) Siya ay puno ng Espiritu ng Diyos ng **walang sukat** at 2) Ibinigay ng Diyos ang **lahat ng mga bagay** sa Kaniyang mga kamay].

Nasa Panginoong Kristo Hesus ang buong mga katangian ng Diyos, at Siya ay gaganap ng buong nasusulat sa Kanya. (Tandaan, hindi Siya

gumawa ng anumang himala bago ang Kanyang bautismo.) At ang sinuman na talagang nakita si Kristo ay nakita na ang Walang hanggang Ama (Juan14:9), dahil ang Walang Hanggang Ama ay tumahan sa laman na iyon (Juan14:10; Isa .9:6). **Si Hesus ay Dios na nahayag sa laman** (1 Tim.3:16). Ang Diyos ay gumagawa sa pamamagitan ni Hesus. Ang gawa ni Hesus ay naghahayag na tumatahan ang Diyos sa Kanya**. Siya ay ang nahayag na Kaisipan (LOGOS) ng Diyos**. **Siya ay ang Taong-Diyos, Diyos na nagkatawang tao. Siya ay naging ating Tagapagligtas**; kaya, dapat tayong maniwala sa Kanya, upang makakuha ng isang bagong puso, bagong espiritu, at matubos (cf. Ezek.36:26-27; Gawa 16:31; Psm.2:12). "*Ang sumasampalataya sa Anak ay may buhay na walang hanggan; at ang hindi sumasampalataya sa Anak ay hindi makakakita ng buhay*" (Jhn.3:36) dahil Siya ang SALITA ng Diyos na nahayag. Ang pagtatatag ng **Ama-Anak na relasyon** (simula sa Bethlehem) ay gumawa ng posibiledad sa atin, na mga ipinanganak muli na mananampalataya, na maging **mga anak ng Diyos na Buhay** sa pamamagitan ng **Anak mismo ng Diyos** (cf. Psm.89:26-27; Eph.1:5; 2 Cor.6:18). Ang pagiging Ama ng Diyos ay nahayag sa Anak ng Diyos, kaya nga ibinigay ang titulo na, "*ang walang hanggang Ama*" (Isa.9:6).

## SA KANYA AY ANG BUHAY

Obserbahang mabuti. Ang Apostol na si Juan ay nagpahayag na "***ang Salita ay nasa Dios, at ang Salita ay Dios ... Nasa kaniya ang buhay****; at ang buhay ay siyang ilaw ng mga tao*" (Juan1:2,4). ANG SALITA na nagbuhat sa Dios **ay ANG BUHAY mismo**. **Ang Buhay ng SALITA ay siyang ilaw ng mga tao**. **Ang Buhay ay hindi ibinigay sa Kanya**. **Siya ay Buhay Mismo.** Gayun pa man, hindi ito ayon kay Hesus na nagsabi,

> *"Sapagka't kung paanong* ***ang Ama ay may buhay sa kaniyang sarili, ay gayon din namang pinagkalooban niya ang Anak na magkaroon ng buhay sa kaniyang sarili****"* (Juan 5:26).

Si Hesus ay walang BUHAY sa Kaniyang sarili. Ang Diyos Ama ang Syang nagbigay sa Kanya ng kapangyarihan upang magkaroon ng BUHAY sa kaniyang sarili. Oo, si Hesus ay BINIGYAN ng kapangyarihan ng BUHAY, ang liwanag ng BUHAY. Samakatuwid, malinaw na **ANG SALITA ay Diyos; ANG SALITA ay hindi si Hesus**. **Pero si Hesus ay ang SALITA na nahayag. Ang LIWANAG ng BUHAY ay pumarito sa daigdig sa pamamagitan ni Hesu Kristo**. Iyon ang dahilan kung bakit si Hesus ay nagawang magpahayag:

> ***"Ako ang ilaw ng sanglibutan****: ang sumusunod sa akin ay hindi lalakad sa kadiliman, kundi magkakaroon ng* ***ilaw ng buhay****"* (Juan 8:12).

At si Apostol Juan ay nagpatibay sa katotohanang iyon:

*"At ito ang patotoo, na tayo'y binigyan ng Dios ng **buhay na walang hanggan**, at **ang buhay na ito ay nasa kaniyang Anak. Sinomang nasa kanya ang Anak ay nasa kanya ang buhay; at sinomang wala sa kanya ang Anak ng Dios ay walang buhay.**"* (1Jhn.5:11-12).

Sa sandaling ito, hayaan mo akong tawagin ang iyong pansin sa paggamit ng ilang mga salita sa ilang mga bersikulo ng Banal na Kasulatan na inilatag ng Espiritu tungkol sa **pagkasanggol ni Hesus, pagkabata, at ang Kanyang pagtanda**:

Isaias 9:6 - *"Sapagka't sa atin ang <u>isang bata ay ipinanganak</u>, sa atin ang <u>anak na lalaki ay ibinigay:</u> ..."*

Lucas 2:40 - *"At <u>lumaki ang sanggol</u>, at lumakas sa espiritu, at napupuspos ng karunungan: ..."*

Lucas 2:52 - "*At <u>lumago si Hesus</u> sa karunungan at sa pangangatawan, at sa pagbibigay lugod sa Dios at sa tao.*"

Isaias 61: 1 - "*Ang Espiritu ng Panginoong Dios ay <u>nasa akin; sapagka't pinahiran ako ng Panginoon</u> upang ipangaral ang mabubuting balita sa mga maamo; <u>kaniya akong sinugo</u> sa ...*"

Juan 3:16 - "*Gayon nalang ang pagmamahal ng Diyos sa mundo, na <u>ibinigay niya ang kaniyang bugtong na Anak</u>, ...*"

Juan 3:17 - "*Dahil ang Diyos ay hindi <u>ipinadala kanyang Anak</u> sa mundo ...*"

Juan 20:21 - "*... kung paanong <u>sinugo ako</u> ng aking Ama, ...*"

Mateo 21:37 - "*Ngunit pinakahuli sa lahat ay <u>sinugo</u> niya sa kanila ang kaniyang <u>anak na lalaki</u>,...*"

Juan 3: 34-35 - "*<u>Sapagka't Siyang sinugo ng Dios ay nagsasalita ng mga salita ng Dios: sapagka't hindi ibinigay ng Dios ang Espiritu na may sukat sa kaniya. Mahal ng Ama ang Anak, at ibinigay ang lahat ng bagay sa kaniyang kamay</u>.*"

Malinaw, **na si Hesus ay <u>hindi</u> ipinanganak na isang ANAK. Siya ay ipinanganak sa isang SANGGOL at lumago bilang Bata at lumaki sa karunungan habang Siya ay natututu**.

Bilang isang **ANAK**, Siya ay pinahiran ng buong katangian ng Diyos at ipinagkatiwalaan ng lahat ng bagay ng Diyos. **Siya ay ipinadala at ibinigay bilang isang ANAK upang maging Tagapagligtas ng sanglibutan**. Walang pagaalinlangan, ang katotohanan ay si Hesus na Kristo ay ipinadala bilang isang ganap na Lalaki pagkatapos ng Kanyang "pag-ampon" bilang Anak - ang Anak ng Diyos at hindi bilang isang sanggol na Bata (tingnan ang *huiothesia* sa itaas). Bilang isang ganap na ANAK, na tinuruan ng Espiritu, sa madaling salita, Siya pagkatapos ay may kakayahang isagawa ang mga

gawa ng Dios, upang ihayag ang Kanyang Pangalan at upang ihatid ang Kaniyang mga Salita (John.17:3-8).

Sa katulad na paraan, noong tayo ay niligtas ng Diyos, tinanggap natin ang Espiritu ng Anak ng Diyos sa ating mga puso nang tayo din naman ay makatanggap ng "pag-ampon" ng mga anak(Gal.4:4-7). Ngunit kailan maisasakatuparan ang ating "pag-ampon"? Kapag tayo, ang Katawan ni Cristo, ay masakdal (cf. Efeso 4:6-11) at ang ating mga katawan ay natubos.

> "*At hindi lamang sila, kundi pati naman tayo na mayroong mga pangunahing bunga ng Espiritu, sa makatuwid baga'y tayo nama'y nangagsisihibik din sa ating sarili,* ***sa paghihintay ng pag-aampon, o ang pagtubos sa ating katawan***" **(Rom.8:23).**

Kapag nangyari ito, ang "pag-ampon" ng mga banal ay magaganap sa "*pagkahayag ng mga anak ng Diyos*" (cf. Rom.8:19) bilang sila ay nasa posisyong inilagay sa Kaharian ng Diyos para mamahalang kasama ni Kristo sa Kanyang Trono sa "*Age of Regeneration*".

[Tandaan: Noong ang Tabernakulo ni Moises ay natapos at naitayo sa harap ng bayan, bumaba ang Diyos at ang ministeryo ng tabernakulo ay nagsimula. Noong ang Anak ng Diyos ay lumaki at nasa tamang edad, Siya ay na bautismohan sa tubig. Noong Siya'y bumangon mula sa tubig at tumayo sa harap ng mga tao, bumaba ang Diyos at ang ministeryo ni Kristo ay nagsimula. Kapag ang kolektibong Katawan ni Cristo (ang Iglesia) ay maging sakdal at ang pagtubos sa ating katawan ay tapos na, si Kristo ay titipon ng lahat ng Kanyang mga tinubos para sa Ama. Pagkatapos nito ay babalik si Cristo sa lupa kasama ang Kanyang mga banal at ipakilala sila bilang Kanyang ASAWANG-NOBYA sa Kanyang Kaharian. Ang Makapangyarihan Espiritu ay bababa upang pahiran ang mga tinubos at "*ang pagkahayag ng mga anak ng Diyos*" ay magsisimula habang sila'y naghahari kasama ni Kristo ng isang libong taon.]

## PAGSASATAO

Si Kristo ang **BUHAY na SALITA** ng Diyos ay pinagsasatao sa iba't ibang paraan sa buong Bibliya. Sa Kawikaan 8:22, makikita natin ang Diyos ay nagmamay-ari (naglikha, gumawa, nagtayo, nagbigay; Heb: qanah) ng **KARUNUNGAN** na maging **Kanyang Punong Manggagawa** na Siyang Kanyang araw-araw na galak (Prov.8:30). Ang KARUNUNGAN ng Diyos ay ang Kanyang kapangyarihan sa **Isip, Salita at Gawa.** Si Pablo ay tinawag "***si Cristo ang kapangyarihan ng Dios, at ang karunungan ng Dios***" (1 Cor.1:24). Ang SALITA ng Diyos at Kanyang KARUNUNGAN ay kadalasang ginagamit na may kasingkahulugan. Ang KARUNUGAN ay ang KAPAHAYAGAN ng walang hanggang kapangyarihan ng Diyos sa pagbibigay buhay. Iyon ay ang LOGOS ng Diyos na Siyang malikhaing dahilan. Lumabas ito bilang ESPIRITU sa

anyo ng isang katawan katulad din nang ang Diyos ay itinakdang ang tao ay dapat likhain ayon sa hugis ng katawang iyon, gaya ng Kanyang wangis (Gen.1:26).

Ang mga sumusunod ay ang ilang partikular na mga pahayag na nagpapakitang ang **Nakasulat na Salita ay syang pagsasatao kay Cristo**:

> Prov.3: 19 - "*Ang Panginoon sa pamamagitan ng KARUNUNGAN ay itinatag ang lupa.*"
>
> Juan 1: 3 - "*Lahat ng mga bagay ay ginawa NIYA at kung wala SIYA ay walang anumang ginawang bagay ang nagawa."*
>
> - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - -
>
> Prov.10: 29 - "*Ang DAAN ng Panginoon ay isang tanggulan ng matuwid.*"
>
> Juan 14: 6 - "*Ako ang DAAN*" (Sinabi ni Hesus).
>
> - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - -
>
> Deut.8: 3 - "*Ang tao ay hindi nabubuhay sa TINAPAY lamang, kundi sa bawa't salitang lumalabas sa bibig ng Panginoon nabubuhay ang tao.*"
>
> Juan 6:33 - "*Ang TINAPAY ng Diyos ay Siya na bumaba galing sa langit, at nagbibigay buhay sa sanglibutan*" (Sinabi ni Hesus).
>
> - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - -
>
> Psm.34: 20 - "Pinanatili Nya ang lahat ng aking BUTO, ni isa sa kanila ay hindi nabali."
>
> Juan 10:35 - "ANG KASULATAN ay hindi mababali" (Sinabi ni Hesus).

Kaya nga, kahit ang Banal na Kasulatan ng Diyos ay ang literal na paghayag ng ***Buhay na Kristo*** sa ***Nakasulat na mga Salita***.

## SALITA NG DIYOS

Ang mga Hebreo, na kung saan silang binigyan ng Banal na kasulatan, ay hindi nakilala ang pagkakaiba sa pagitan ng salita at gawa. (Para sa ilang halimbawa, basahin Lucas 4:32; Mateo 12:34; 2 Cronica 29:30; Kawikaan 10:19-21.) ***ANG SALITA ng Diyos*** **ay mas madalas na nakikita kaysa sa naririnig**. Ganoon ang paghahayag ng Diyos ng Kanyang sarili sa iba't ibang panahon at sa iba't ibang paraan sa mga piling sisidlan noong panahon ng Lumang Tipan. Walang pagaalinlangang, nakita natin na ang SALITA (Heb: Dabar) ni Jehovah na dumating, o nahayag sa mga lingkod ng Diyos na makapangyarihan sa lahat (Gen.15:1; 15:4; 1 Sam.3:7; 1 Chron.17:3; at iba pa) ay ang parehong SALITA (Grk: LOGOS) na nabanggit sa Juan 1.

Gaya ng ipinasya Nya sa Kanyang Isip, layunin ng Diyos na ihayag ang Kanyang sarili sa anyo ng isang katawan - Katawang Salita - tulad ng isang 'TAO' at hindi bilang mga salita lamang. Bilang Hindi-nakikitang Espiritu, ipinahayag Niya ang Kanyang Personalidad sa nakikitang anyo ng tao sa pamamagitan ng isang *THEOPHANY* (Katawang-Salita). Lahat ng Kaniyang mga *theophany* ay mga anino lamang ng tunay na bagay na darating. Sila ay lumarawan sa MESIYAS, ang ipinangakong Binhi (Gen. 3:15; 22:18; Gal.3:16,29) na Siyang gaganap ng lahat ng sinasalita o isinulat sa Kanya. Kaya, kapag ang kapunuan ng oras ay dumating na, ang Diyos ipinadala ang Kanyang SALITA sa sanlibutan upang ihayag Ito sa anyo ng tao. Ito ay hindi na inihayag sa isang Katawang-Salita (Theophany), ngunit sa tunay na laman ng tao ng isang ganap na Lalaki (hindi ng sanggol o isang bata, dahil ang lahat ng ***Theophanies*** ay ipinahayag sa anyo ng isang ganap na **lalaki**) na ginawang mababang kaunti kaysa sa mga anghel, sa kapanganakan sa pamamagitan ng sisidlan ng isang birheng babae. Katulad ng ang Diyos ay ipinahayag ang Kanyang KAISIPAN sa anyong tao sa theophany, gayon din naman ipinahayag Nya ang Kanyang KAISIPAN sa parehong wangis ng isang lalaki, isang tao (cf. Gen.1:26), sa **nahahawakang pisikal na laman, sa pamamagitan ng kapanganakan**. Ang TAONG iyon (John.19:5) ay ang Buong nahayag na Kaisipan ng Diyos, at tinawag na SALITA ng Diyos katulad ng kung paanong ang Buong Nahayag na Kaisipan ng Diyos ay ipinahayag sa pamamagitan ng Katawang Salita sa simula. **Si Hesu-Kristo ay ANG NATATANGING TAO na mayroong kapunuan ng Diyos na tumatahan sa Kanyang katawan**.

Sa Kanyang paglikha sa tao, binigyan ng Diyos ng buhay ang tao sa pamamagitan ng Kanyang SALITA. Sa Kanyang pagtubos sa tao, nilikhang muli ng Diyos ang tao para sa buhay na walang hanggan sa pamamagitan ng parehong SALITA. "*Ang Dios ay na kay Cristo* (ANG SALITA ng Diyos) *na pinakipagkasundo ang sanglibutan sa kaniyang sarili*" (2 Cor.5:19).

## KATAUHAN AT PERSONALIDAD

Ngayon, dapat ay ganap ng malinaw sa atin na ang **taong** si Kristo Hesus ay **hindi pa umiiral** bago ang Kaniyang buhay dito sa lupa mga 2,000 taon na ang nakakaraan. Siya ay ang Nakatagong Misteryo ng Diyos na lumabas mula sa Isip ng Diyos, bago pa ang anumang bagay ay nalikha, upang IPAHAYAG ang MISMONG PERSONALIDAD ng Diyos. Samakatuwid, si Hesus ay ang LOGOS (SALITA) ng Diyos na nahayag sa laman: "*At siya'y nararamtan ng damit na winisikan ng dugo: at ang kaniyang pangalan ay tinatawag na Ang Salita ng Dios*" (Rev.19:13 cf. Col.1:19; 2:9). Ang SALITA ang Siyang umiiral na noong simula. Ito ay lumabas mula sa Makapangyarihang Espiritu sa simula bilang ang "*pasimula ng paglalang ng Diyos*" at bilang "*ang panganay sa lahat ng mga nilikha.*"

Maliban sa ang iba ay naniniwala na may isa, dalawa, o tatlong KATAOHAN sa pagka-Diyos, ang karamihan sa mga Kristiyano naman ay naniniwala na ang Diyos ay isang KATAOHAN. Dahil sa paraan ng pagkasulat sa Kasulatan at sa iba't-ibang mga **partikular na mga expression na ginamit**, ang mga Trinitaryan ay mali ang pagkahinuha na may **tatlong magkahiwalay at magkapantay na indibidwal** na may **pare-parehong komposisyon sa pagka-Diyos**, kaya nagkaroon sila ng tatlong Diyos sa tatlong Katauhan. Sa kabilang dako naman, ang mga Onenes na mananampalataya ay minsan uma-ayon sa 'Dalawang-Katauhang' aral na nagtuturo na ang LOGOS(SALITA) ay isang Katauhan, at ang Diyos ay isa pang Katauhan, o si HESU KRISTO ay isang Katauhan at ang Makapangyarihan Diyos ay isa pang Katauhan.

[Tandaan: Ang ilang mga Trinitaryan ay sinuubukang bigyang-katwiran ang paggamit ng salitang "katauhan" sa pamamagitan ng pagpalit dito ng salitang "persona". Ngunit ang paggamit ng salitang "persona", na nangangahulugang "*isang maskara na ginagamit ng isang gumaganap, isang karakter na gumanap*", ay sumasalungat sa kanila mismong kahulugan ng Tatlong Katauhan ng Trinidad bilang mga hiwalay, pantay-pantay at natatanging mga indibidwal, na may kanya-kanyang taglay ng kanilang personal na kalooban. Kahit na ang Diyos ay nahayag sa persona ni Melquisedec kay Abraham at gayon din sa Anghel ng Panginoon na nakipagbuno kay Jacob, Siya pa rin ay iisang Diyos at hindi Tatlo.]

Para sa isang mas mahusay na pang-unawa, ating suriin ang mga kahulugan ng mga salitang, "**Katauhan**" at "**Personalidad**". Karamihann ng mga diksyonaryo ay binigyan ng pangunahing kahulugan ang dalawang salita tulad ng sumusunod:

KATAUHAN - i) tao; ii) indibidwal;
iii) ang kanyang aktwal na sarili, pagkatao;
iv) katawan ng isang tao, katawang anyo.

(Bukod sa pagkakaroon ng isang panlupang katawan, ang isang tao ay mayroon ding isang espirituwal na pag-iisip.)

PERSONALIDAD - i) ang kabuoang katangian ng pag-iisip at pag-uugali;
ii) sariling katangian, personal na pagkakakilanlan.

Hindi maikakaila na ang Makapangyarihang Espiritu ay may ***PERSONALIDAD***. Makikita natin ang iba't-ibang katangian ng Kanyang PERSONALIDAD habang ipinapakita Niya ang Kanyang Sarili sa buong Kasulatan. Subalit, ang **Diyos ay hindi isang *TAO*** (Person) kagaya ng isang tao. **Ang Diyos ay isang *ESPIRITU***. Ito ay malinaw na nakasaad sa Juan 4:24 at Efeso 4:4.

Tingnan natin ang isang ilustrasyon. Alam natin na ang isang hayop ay hindi isang tao; ngunit ang isang hayop, tulad ng chimpanzee, ay may isang tiyak na personalidad (iyon ay, ang kabuuan ng mga katangian ng kanyang pag-iisip at pag-uugali).

**Ang *PERSONALIDAD* ng *ESPIRITU* ng Dios ay ipinahayag sa isang *KATAUHAN - ANG KATAUHAN ni Hesu Kristo*** - kahit pa inihayag Niya ang Kanyang Sarili sa isang anyo na katulad ng 'TAO' sa SALITA (KATAWAN) noong simula. Sa Hebreo 1:3 ay nakasaad na si Hesu Kristo ay ang "*nahayag na larawan ng Kanyang katauhan*". Ang salitang '*katauhan*' ay isang hindi tamang pagsalin. Ang salitang Griyego ay '*hupostasis*' na ang ibig sabihin ay '*komposisyon; kakanyahan; totoong katangian'*. Kaya nga, si **Hesu Kristo ay ang tunay na nahayag na komposisyon o katangian ng Diyos**. Sa madaling salita, ang ating Tagapagligtas ay ANG KATAUHAN ng Diyos, ANG MISMONG PERSONALIDAD NG DIYOS na nabunyag at nahayag sa Kanya.

[Tandaan: Ang mga anghel ng Diyos ay hindi tao, sa mkatuwid sila ay hindi mga tao. Sila ay mga nilikhang espiritung nilalang (Psm.104:4; Heb.1:7). Kahit na minsan ay kanilang ipinahahayag ang kanilang sarili sa mga theophanies sa anyo ng mga tao, tulad ng noong ang dalawang anghel at si Elohim ay nagpakita kay Abraham (sa Genesis 18), sila ay hindi tao, period. Ang Diyos ay Espiritu. Ang mga anghel ay mga espiritu.]

## DALAWAHANG KATANGIAN

Marahil, ang pinaka-mahirap na unawaing bagay tungkol kay Hesu Kristo ay ang Kanyang **kabuuang personalidad**. Subalit, nauunawaan natin na katulad ng lahat ng mga tao Siya ay isang indibidwal at isang hiwalay na pagkatao mula sa entidad ng Diyos. Ngunit, tandaan na bago ang Kanyang bautismo, Siya ay isa lamang walang kasalanang tao na dumating direkta mula sa itaas (John.8:23), at hindi mula sa pagsasama ni Maria at Jose. Siya'y may buhay na walang hanggan dahil walang kasalanan sa Kanya. Siya ay banal ngunit hindi Diyos. Dahil dito, sa kalikasan ay hindi siya maaaring mamatay. Ang kamatayan ay maaari lamang dumating sa Kanya sa pamamagitan ng pisikal na puwersa, kung ipapahintulot ng Diyos (Lk.23:46; 1 Cor.15:3.) Siya ay kailangang kumain at matulog (Matt.4:2; 8:24). Nararamdaman niya ang kapaguran at sakit (John.4:6; Lk.22:44). Subalit ang Diyos, na Syang Espiritu, ay hindi napapailalim sa lahat ng ganitong mga hadlang.

Kaya si Hesus ay isang **Tao** at hindi **Diyos** bago ang **pagkakatawang-tao** sa Kanyang bautismo. Siya ay isang tao lamang at isang Anak ng Diyos tulad ni Adan na isang tao din, isang anak ng Diyos na walang kasalanan at may buhay na walang hanggan bago ang kanyang pagkahulog. Ngunit si Hesus lamang ang mayroong pangunang kadakilaan bilang ***Ang Anak ng Diyos*** sapagkat Siya ay

ang **LOGOS** na idiniklara at ipinahayag sa mga banal noong una. **Sa simula**, ang **SALITA** (monogene/Binhi), na kung saan ay mahahayag kay Hesus, ay ang 'Anak' na tumahan sa Diyos na Siyang Ama nating lahat (Jhn.1:2).

Dahil ang **kapuspusan ng Diyos** ay tumahan sa loob Niya matapos ang kanyang bautismo, si Hesus ay naging isang **TAONG-DIYOS**, parehong **Diyos** at **Tao**. Doon lamang Siya nagkarron ng kapangyarihan ng mga salita - "*Sapagka't kung paanong ang Ama ay may buhay sa kaniyang sarili, ay gayon din namang pinagkalooban niya ang Anak na magkaroon ng buhay sa kaniyang sarili: At binigyan niya siya ng kapamahalaang makahatol, sapagka't siya'y anak ng tao* "(John.5:26-27). Bago iyon, walang kapangyarihan sa Kanyang mga salita. Mula sa mga labi ng Taong-Diyos na iyon, ang Diyos na Makapangyarihan sa lahat ay isinalita ang Kanyang buhay at kapangyarihan. Sa kabilang dako, ang taong si Hesus ay ginamit din ang parehong mga labi para makapagsalita, marahil, ng pagpapasalamat sa Kaniyang mga kaibigan na nagbigay sa Kanya ng pagkain at tirahan, at papuri sa Diyos, ang Kanyang Ama.

Na si Hesus ay parehong Diyos at Tao ay hindi nangangahulugan na ang pagkaDiyos at ang paggiging tao ni Kristo ay nagsama sa isang kalikasan, katulad ng paniniwala ng ilang mga Kristiyano. Si Hesus ay ganap na Diyos at ganap na tao. Siya ay may iisang natatanging espiritu at isang natatanging kalooban na galing sa Ama sa Langit.

Nang sabihin ni Pablo na *"sinugo ng Dios ang Kanyang Anak na ginawa mula sa babae*" (Gal 4:4.), walang pagaalinlangan na siya ay tumutukoy sa laman o pagiging tao ni Kristo. Samantalang kapag ang Walang Hanggang Ama o ang Diyos ay nabanggit, ito ay tumutukoy sa Makapangyarihang Espiritu na nananahan sa Anak. Kaya, ang mga dakilang misteryo ng 1 Timoteo 3:16 ay naghahayag na "**ang Diyos ay nahayag sa laman**".

[Tandaan: Ang mga Kristiyano na nagpalagay na alam ng mga sinaunang Hudyo na ang Diyos ay may Anak o na mayroong Diyos Anak, ay pawang nagpapalagay lamang sa pamamagitan ng paghihinuha sa mga sipi ng Kasulatan ng Daniel 3:23-25 at Juan 7:25-29. Totoo na ang mga Hudyo ay naniniwala na ang kanilang Mesiyas (isang tao) ay isa ding Diyos. Ngunit kung nalaman nila na ang Diyos ay may Anak (kung ang Diyos Anak ay talagang tunay na umiiral na), sila sana ay maasayang tinanggap si Kristo bilang kanilang Mesiyas at hindi sana nagsabi na:

> *"Gayunman, alam natin kung saan nagmula itong Tao;* ***datapuwa't kung paparito ang Kristo, walang nakakaalam kung saan siya nagmula****"* (John.7:27, NKJ bersyon).

Kahit si Saul, isang Pariseo, ay hindi nagkaroon ng gayong pagtuturo tungkol sa Diyos Anak kahit na alam niya ang tungkol kay

ADONAI, ang Anghel ni Yaweh. Samakatuwid, ito ay malinaw na kahit na sa panahon ng Lumang Tipan ay hindi nagkaroon ng kapahayagan sa Anak ng Diyos. Ngunit sino ang ika-apat na tao sa apoy na kasama nila Sadrach, Mesach, at ni Abed-nego? Sinabi ni Nabucodonosor,

> *"Narito, aking nakikita ay apat na lalake na hindi gapos na nagsisilakad sa gitna ng apoy, at sila'y walang paso; at ang anyo ng ikaapat ay kawangis ng isang anak ng Diyos"* (Dan.3:25).

Puwede bang si Nabucodonosor, isang hari ng Babelonya, ay magkaroon ng isang kapahayagan tungkol sa "*Anak ng Diyos*"? Ang kataga ay isang mali na pagsasalin. Walang artikulo sa mga salita at ang pagsasalin ay dapat "anak ng Diyos" o "isang anak ng mga diyos", na nangangahulugang "makapangyarihan", "isang anghel", "isang sugo" o "isang mataas na nilalang". (Tingnan ang ibang bersiyon ng Bibliya.) Gayunman, ang pang-apat na tao ay walang iba kundi ang **SALITA** na paunang pagaanyo kay Hesu Kristo, ang Anak ng Diyos.

Ang mga piniling tao noong panahon ng Lumang Tipan ay hindi kailanman tinawag ang Diyos bilang "*Makalangit na Ama*". Gayundin, walang naitatala na sila'y pumihit at tumawag sa isang "*makalangit na Anak*" dahil walang "*Walang pasimulang Anak*". Ang mga salitang "Walang hanggang Ama" at "Amang makalangit" ay mga kataga sa Bagong Tipan. Kahit pa na ang “Walang hanggang Ama” ay ginamit nang isang beses sa Lumang Tipan (sa Isaias 9:6), ito ay ginamit sa mapropetang paraan kaugnay sa Bagong Tipan nang ang Walang hanggang Diyos ay ihahayag ang Kanyang sarili sa laman ng Anak. Ang parehong mga termino ay ginagamit dahil sa Bugtong na Anak na ipinanganak sa pag-aareglo ng pamilya ng Diyos. Tingnan ang Hebreo 1:5-14; cf. 2 Samuel 7:14; Awit 2:7; Gawa 13:33; Mga Taga Roma 1:4; at Daniel 7:9-10; 13-14; Apocalipsis 1:13; Mateo 25:31; Efeso 1:20-22.

Ang pariralang "*na ang pinagbuhatan niya ay mula nang una, mula sa walang hanggan*" tungkol sa "*Pinuno*" na Siyang ilalabas ng Diyos sa Israel, sa hula ni Propeta Micah (5:2), ay hindi nagpapahiwatig na si Hesus (na Siyang nagtupad sa hulang ito ng pagiging Pinuno) ay mula sa walang hanggang nakaraan, ngunit sa halip ay mula sa isang malayong panahon, nakaraang panahon. Gayon pa man, si Hesus ay hindi umiiral bilang isang hiwalay na pagkatao mula sa Diyos. Ngunit, dahil Siya ay ang *Buong Salita* ng Diyos na nagkatawang-tao at nahayag, ang Kasulatan ay binakas Sya sa Kanyang simula sa *ELOHIM* bilang ang Isang nahayag na sa *Isip o Puso* ng Makapangyarihan Espiritu. Siya ay ang Bugtong na Anak (monogene) na kung saan ang ***Logos*** ay lumabas, galing sa walang hanggan Pag-iisip ng sariling payo ng Diyos, upang ipahayag at upang paunang ilarawan. Ang *Logos* pagkatapos ay nagkatawang-tao kay Hesus matapos mismo nang Siya ay nabautismuhan sa tubig sa Ilog Jordan. Ang mga sumusunod na

iba't ibang mga pagsasalin ay magbibigay sa iyo ng isang mas mabuitng pag-unawa:

The Jerusalem Bible – "*his origin goes back to the distant past, to the days of old*" (Ang kanyang pinagmulan ay pabalik sa malayong nakaraan, sa mga araw noong una);

The Sacred Scriptures (Bethel Edition) – "*whose origin is from an ancient era, from ages of eternity*" (na ang pinanggalingan ay mula sa isang sinaunang panahon, mula sa panahon ng kawalang-hanggan);

Lamsa's Translation – "*whose goings forth have been predicted from of old, from eternity*" (na ang pinagbuhatan ay hinulaang mula noong una, mula sa walang hanggan).]

**Nang si Hesus ay nananalangin sa hardin ng Getsemani, ito ay hindi Diyos na nanalangin sa Diyos**. Ang Diyos ay Siyang sinasamba at Siyang tumatanggap ng panalangin. Ang Diyos ay hindi nagbibigay ng pagsamba o panalangin. Kung Siya ay nagbibigay nito, ito ay hindi nagpapaDiyos sa Kanya. Iyon ay ang Taong si Hesus na nanalangin sa Diyos, ang Kanyang Ama. Nang magpakita Siya kay Maria Magdalena, pagkatapos ng Kanyang pagkabuhay muli, "*Sinabi sa kaniya ni Hesus, Huwag mo akong hipuin; sapagka't hindi pa ako nakakaakyat sa* ***aking Ama****: nguni't pumaroon ka sa aking mga kapatid, at sabihin mo sa kanila, Aakyat ako sa* ***aking Ama*** *at* ***inyong Ama****; at ang* ***aking Diyos*** *at* ***inyong Diyos***" (Jhn.20:17).

At **hindi rin ang Diyos ang namatay para sa ating mga kasalanan sa Kalbaryo, dahil HINDI NAMAMATAY ANG DIYOS. Ang Diyos ay ESPIRITU. Iyon ay si Kristo Hesus, ang Bugtong na Anak ng Diyos ang namatay para sa atin** (1 Cor.15:3). Ngunit sa ibang salita, ang Diyos ay parang '*namatay*' na rin. Upang maisagawa ang *Kanyang Planong Tipan ng Pagtubos*, ang Walang Hanggang Espiritu ay dapat maging parehong Diyos at Tao. Ayon sa *Batas ng Tipan*, ang *gumawa ng Tipan* ay kailangang mamatay bago ang Tipan ay magkaroon ng bisa (Heb.8:7-13; 9:16-17). At dahil ang Diyos ay isang Espiritu, kailangan Niyang kunin ang anyo ng isang tao upang maging isa Sya sa sangkatauhan at danasin ang kamatayan para sa atin para matubos tayo (Heb.2:9; Rom.8:3). Kaya sa ganitong pagunawa, Siya Na namatay sa Kalbaryo ay si Jehovah, ang *gumawa ng Tipan.*

## ANG SALITA, HINDI ANG DIYOS, ANG IPINAKO SA KRUS

Mula sa isa pang punto, alam din natin na *ANG SALITA*, na Siyang *Diyos*, ay ipinako sa krus. *ANG SALITA*, na niluwalhati sa simula bago pa ang sanlibutan (John.17: 5), ang Siyang ipinako sa krus sa Kalbaryo. Hindi natin maaaring paghiwalayin ANG SALITA kay Hesus dahil si Hesus ang Salita ng Buhay. Si Hesus, *ANG SALITA* ng Diyos, ang Anak ng Diyos, ay namatay. At pagkatapos ng Kanyang muling pagkabuhay at pag-akyat sa Langit, ang Espiritu Santo ay ibinigay

upang kumpirmahin na ANG SALITA ay muling niluwalhati ng WALANG HANGGANG ESPIRITU, katulad ng Kanyang ipinagdasal (John.12:28 cf. 7:39; 1 Tim.3:16).

Kailangan nating malaman na si **Elohim** ay laging iniisa ang Kanyang sarili sa Kanyang **Salita** dahil sila ay **iisa** (John.1:1; 1 John.5:7). Noong Siya ay mamamatay na sa krus, si Hesus ay biglang nagpakawala ng isang kahila-hilakbot na sigaw, "*Diyos ko, Diyos ko, bakit Mo Ako pinabayaan?*" (Matt.27:46). Ang sigaw na iyon ay isang sigaw ng matinding paghihirap dahil Siya, Na hindi nakakilala ng kasalanan, ay ipinataw sa Kanya ang kasalanan ng sangkatauhan. Siya ay naging ***tagapagdala ng kasalanan***, na tumupad ng maraming hula sa Lumang Tipan na nagsasabi tungkol sa Kanya. Sa ilalim ng pasanin ng kasalanan, naramdaman Niya ang pakiramdam ng tinalikuran ng Diyos dahil Siya ay tao. At dahil kinuha Niya ang kasalanan ng sanlibutan sa Kanyang sarili, ang paghatol ay naipasa sa Kanya. Kaya nga ang kahila-hilakbot na sigaw. Subalit hindi talaga Siya iniwan o pinabayaan ng Diyos (cf. Jhn.16:32). [Tandaan: Ang pag-aaral tungkol sa "Pagkaing Inihandog" sa Aklat ng Levitico kabanata 2:1-3, kung saan ang mainam na harina (katauhan ni Cristo) at ang kamangyan (Ang tagapamagitan na Buhay ni Kristo) ay hinaluan ng langis (Banal na Espiritu ng Diyos) at magkasamang inihurno sa pamamagitan ng apoy sa ibabaw ng dambana (na naglalarawan sa Kalbaryo) ay nagpapatunay na si Hesus ay hindi talaga kailanman pinabayaan ng Diyos sa Kalbaryo.]

## ANG NILUWALHATING KATAWAN NI KRISTO

Matapos nang ang ating Tagapagligtas ay nalupig ang kamatayan at impiyerno, Siya'y nabuhay muli at umakyat sa langit at isinuot ang Kanyang makalangit na katawan, ang Katawang Salita. Ang pagsasanib ng natural at makalangit na katawan ay gumawa ng isang bagong katawan na kung saan ay walang-kasiraan at walang kamatayan. Itong niluwalhating katawan ay isang espirituwal na katawan.

Nang dumating si Adan sa mundong ito, siya ay isang taong ayon sa alabok. Siya ay mayroong makalupang katawang laman. Ang Diyos ay ang parehong nagtanim ng **natural na katawang** ito kay Hesus para maitaas Niya ang isang **espirituwal na katawan** galing sa Kanyang itinanim.

> *"Gayon din naman ang pagkabuhay na maguli ng mga patay. Itinanim ito sa kasiraan; binuhay muli ng walang kasiraan. Inihasik ito sa kasiraang puri; binuhay na maguli na may kaluwalhatian: itinanim na may kahinaan; binuhay na maguli na may kapangyarihan:* ***Inihasik itong isang natural na katawan; binuhay na maguli bilang isang espirituwal na katawan****. May isang natural na katawan, at may isang espirituwal na katawan "(1 Cor.15:42-44).*

Noon ang kasiraan ay pumasok sa kaluluwa ng sangkatauhan, "*ang huling Adan ay naging espiritung nagbibigay buhay*" (1 Cor.15:45b) upang magbigay ng buhay at ng isang bagong katawan - isang espirituwal na katawan - sa mga taong naniwala.

> *"Sapagka't nalalaman natin na kung ang ating panlupang bahay ng tabernakulong ito ay matunaw, mayroon tayong gusali mula sa Dios, bahay na hindi gawa ng mga kamay, walang hanggan sa langit*" (2 Cor.5:1).

Kapag ang isang banal ng Diyos ay mamamatay, ang kanyang kaluluwa ay umaalis sa kanyang makalupang katawan sa alabok na lupa at bumabalik sa Langit upang kunin ang kaniyang "*bahay na hindi gawa ng mga kamay*", isang Katawang Salita. At sa umaga ng muling pagkabuhay, kapag ang mga patay kay Cristo ay bumangon, siya ay magkakaroon ng isang bagong katawan. Siya ay paparoon na may Katawang Salita upang kunin ang kanyang makalupang katawan na alikabok. Ang pagsasanib ng dalawang mga katawang ito ay makakapagdulot ng isang espirituwal na niluwalhating katawan. At para doon sa mga buhay na mga banal, sila din ay magbabago kapag ang kanilang mga katawang Salita ay bababa para takpan ang kanilang mga katawang laman sa huling pagtunog ng pakakak.

> *"Sa isang sandali, sa isang kisap-mata, sa huling pagtunog ng pakakak, dahil tutunog ang pakakak, at ang mga patay ay mangabubuhay na maguli na walang kasiraan, at tayo'y babaguhin. Dahil itong may kasiraan ay kailangang magbihis ng walang kasiraan, at itong may kamatayan ay magbibihis ng walang kamatayan”* (1 Cor.15:52-53).

At kapag ang lahat ng ito ay maganap na, ang mga salitang ito ni Pablo ay magkakatotoo:

> "*Gaya na tayo ay ipinanganak sa larawang ukol sa lupa [ibig sabihin, si Adan], tataglayin din naman natin ang larawang ukol sa langit [ibig sabihin, Kristo*]" (1 Cor.15:49).

Amen. Walang pagsalang tayo din naman ay magsusuot ng parehong uri ng espirituwal na niluwalhating katawan na ngayon ay tinataglay ni Kristo Hesus.

## ANG BUONG NAKAPALOOB NA PAGKADIYOS NI HESU KRISTO – ANG DIYOS NA KAY KRISTO

Sa ika-17 kabanata ng Juan, sinabi sa atin na si Hesus ay dumating upang tumupad ng tatlong bagay na nilayon ng Diyos para sa Kanya. Siya ay ang magtatapos ng ***mga gawain ng Diyos*** (v.4). Siya ay ***maghahayag ng Pangalan ng Diyos*** (v.6). At Siya ay ***maghahatid ng mga salita ng Diyos*** (v.8). Natapos Niya ang lahat ng Kanyang mga misyon sa pamamagitan ng AWTORIDAD na ipinagkaloob ng Diyos sa Kanya. Sa Juan 14:10, sinabi Niya,

*"Hindi ka baga nananampalataya na ako'y nasa Ama, at ang Ama ay nasa akin? Ang mga salita na aking sinasalita sa inyo'y hindi ko sinasalita sa aking sarili: Kundi ang Ama na tumatahan sa akin ay gumagawa ng kaniyang mga gawa."*

Ito ay dapat sapat ng patunay na si **Hesus ay *hindi* ang Kanyang sariling Ama** salungat sa sinasabi ng kilusang "Jesus Only".

Ang SALITA ay ang monogene ng Diyos. Upang matupad ang itinakdang Kalooban ng Diyos, ang SALITA (na umiiral sa isang Katawan – Espiritwal na Katawan) ay kailangang ihayag ang Kanyang pagiging Anak. Ang misteryong nakatago sa relasyon ng MAKAPANGYARIHANG ESPIRITU at SALITA ay ang ***misteryo ng Ama-Anak*** na relasyon. Para gawin ang Ama-Anak na relasyon na isang nakikitang katotohanan sa Kanyang nilikha, itinalaga ng Diyos ang pagiging espiritung Anak ng LOGOS upang kunin ang anyo ng isang tao. Ang LOGOS ay hindi magpapatuloy sa pagiral sa isang Espiritung Katawan. Naghanda ang Diyos ng katawan ng tao mula sa alabok ng lupa para sa LOGOS upang ipakilala bilang ang Anak ng Diyos (Heb.10:5). Nang magkagayo'y natigil ang Theophany noong ang bata ay ipinanganak sa Bethlehem.

*"Kaya't pagpasok niya sa sanglibutan, ay sinasabi, Hain at handog ay hindi mo ibig, ngunit isang katawan ang sa akin ay inihanda mo; Sa mga handog na susunugin at mga hain para sa kasalanan ikaw ay di nalulugod. Magkagayo'y sinabi ko, Narito, ako'y pumarito (sa kabuuan ng mga aklat na nasusulat tungkol sa akin,) na sundin ang iyong kalooban, Oh Dios* "(Heb.10: 5-7).

*"Sapagka't sa mga anghel sinabi niya kailan man, **Ikaw ay aking Anak, sa araw na ito ay naging anak kita**. At muli, **Ako'y magiging kaniyang Ama, At siya'y magiging aking Anak**."* (Heb.1:5)

Si Cristo Hesus, sa Kanyang sangkatauhan, ay maaaring gawin ang Kanyang sariling kalooban. Ngunit ninais lamang Niya ang perpektong Kalooban ng Diyos sa Kaniyang buhay. Siya ay iisa sa SALITA. Hindi mo maaaring paghiwalayin ANG SALITA kay Hesus. Siya ay ang pinaka Salita ng Buhay, ang Buhay ng Diyos mismo. Isinulat ni Pablo:

*"Kahit na Siya ay Anak, gayon may natuto ng pagtalima sa pamamagitan ng mga bagay na kaniyang dinusa"* (Heb.5:8).

Oo, si Hesus ay naging masunurin hanggang sa kamatayan, kahit pa sa kamatayan sa krus.

*"Isipin nyo ito, na kung saan ay na kay Cristo Hesus din: Na bagama't Siyaý nasa anyong Diyos* [bilang Siya ay ang Anak ng Diyos, Siya ay isa sa Salita ng Buhay, Siya ay ang SALITA ng Diyos na nagkatawang-tao], *hindi binilang ang pagiging kapantay ng Diyos anuman na para panghawakan, bagkus*

*hinubad niya, at kinuha ang anyong alipin, na ginawa sa anyo ng mga tao: at palibhasa'y nasumpungan sa anyong tao, siya'y nagpakababa sa kaniyang sarili, na naging masunurin hanggang sa kamatayan, oo, kamatayan sa krus. Dahil din dito: ang Diyos ay pinadakila Siya, at pinagkalooban Siya ng pangalan: na namataas sa lahat ng mga pangalan; upang sa pangalan ni Hesus ang bawat tuhod ay dapat lumuhod, ng mga nangasa langit at sa lupa at sa ilalim ng lupa, at ang bawat dila ay dapat aminin na si Hesu Kristo ay Panginoon, para sa kaluwalhatian ng Diyos na Ama.*" (Phil.2:5-11 mula sa Griyegong teksto gaya ng inilatag ng Numerics Bible; cf. Psm.129:3; Isa.53:2-5,11; Mk.15:19-28; 1 Pet.1:9 -11).

Ang Kanyang isip, Kanyang salita at gawa ay ganap na masunurin sa Diyos, na kung saan Siya at ang Diyos ay literal na **IISA**: "*Ako at ang Ama ay iisa*" (Jhn.10:30 cf. 10:39) at "*Ang nakakita sa akin ay nakakita na sa Ama*" (Jhn.14:9). Ang Kanyang Espiritu ay may pagkakaisang humalo sa Espiritu ng Diyos na **ito ay naging isa sa Espiritu ng Walang hanggang Espiritu**. Nawa'y tayo na mga banal ng Diyos, ay humalo din ang ating mga espiritu sa Espiritu ng Diyos sa pamamagitan ng ating buong pagpapasakop sa Kanyang SALITA na ang mundo ay makita lamang si Kristo sa atin, maging sa sinabi ni Hesus, "*Sa araw na iyon ay inyo ngang malalaman na ako ay nasa aking Ama, at kayo'y nasa akin, at ako'y nasa inyo* "(Jhn.14:20). Naway matupad natin ang Kanyang Kalooban gaya ng Siya'y nanalangin, "*Upang silang lahat ay maging isa; na gaya mo, Ama, sa akin, at ako'y sa iyo, na sila nama'y isa din sa atin: upang ang sanglibutan ay sumampalataya na ikaw ang nagsugo sa akin*"(Jhn.17:21, pati vv.22-23).

Ang mga salita ni Apostol Pablo, sa Filipos 2:6-8, ay madalas na mali ang pagkaunawa dito o mali ang pagkakahulugan. Habang ang Apostol ay tumutukoy sa taong si Hesu Kristo, bilang nakilala niya Siya sa pamamagitan ng paghahayag ng kung Sino Siya, ang ilang Kristiyano ay sinusubukang patunayan na si Hesus ay umiiral na kasabay ng Diyos bago pa man ang paglikha sa pamamagitan ng pagbago ng mga salita ni Pablo na kung basahin ay parang ganito:

"*Isipin nyo ito, na nasa kay Kristo Hesus din:* ***na umiiral na*** *sa anyong Diyos, hindi binilang ang pagiging kapantay ng Diyos anuman na para panghawakan, bagkus hinubad niya, at kinuha ang anyong alipin, na ginawa sa anyo ng mga tao: at palibhasa'y nasumpungan sa anyong tao, siya'y nagpakababa sa kaniyang sarili, na naging masunurin hanggang sa kamatayan, oo, kamatayan sa krus.*

O kaya naman, gamit ang King James Version, napagkakamalan nila ang salitang Griyego na "bagamat" upang mabasa gaya ng mga sumusunod:

*Mangagkaroon kayo sa inyo ng pagiisip, na ito'y na kay Cristo Hesus din naman: Na siya, bagama't (ay **orihinal** na) nasa anyong Dios, ay hindi niya inaring isang bagay na nararapat panangnan ang pagkapantay niya sa Dios, Kundi bagkus hinubad niya ito, at naganyong alipin, na nakitulad sa mga tao: At palibhasa'y nasumpungan sa anyong tao, siya'y nagpakababa sa kaniyang sarili, na nagmasunurin hanggang sa kamatayan, oo, sa kamatayan sa krus.*

Ang mga Kristiyanong ito ay nakikipagtalo na gaya daw ni Adan na umiiral na sa espiritung anyo, si Hesus din naman daw ay umiiral na rin sa anyong Diyos bilang ang tinatawag na Ikalawang Persona ("Walang Hanggang Anak") ng Panguluhang Diyos o mula pa "*sa simula*" tulad ng ipinahayag sa Juan 1:1. At dahil naniniwala sila na Siya ay umiiral na noon pa, si Hesus daw ay maaaring magpasya ayon sa Kanyang kagustuhan na Siya ay dadating sa lupa bilang isang tao. Pero si Adan ba ay talagang mayroong sariling pagpasya na siya ay pwedeng manatili sa anyong espiritu o pumarito sa lupa bilang isang tao? Malinaw na wala. Nilikha ng Diyos ang lahat ng bagay para sa Kanyang sariling mabuting kasiyahan at kaluwalhatian na kanyang pinanukala sa Kanyang sarili ayon sa pasiya ng Kanyang kalooban (Eph.1:19; Rev.4:11). Bago pa umiral **ANG SALITA** sa simula (Jhn.1:1), ang Dakilang Diyos na makapangyarihan sa lahat, sa Kanyang sariling pagpasya, ay itinakda na ang Kanyang BINHI ay pumarito sa lupa at kunin ang anyo ng isang tao upang tuparin ang Kanyang layunin bilang itinalaga. Ang Makapangyarihang Walang Hanggang Espiritu ay hindi humingi ng pahintulot kaninu man. Sya ay nagplano, Siya'y naglikha, Siya ay nagpadala at tinupad Niya ang Kanyang sariling nais "*ayon sa pasiya ng kaniyang kalooban*" (Eph.1:11).

Yamang si Hesu Kristo ay ang "*nahayag na larawan*" ng diwa ng Diyos (Heb.1:3) at ang Salita ng Buhay (1 Jhn.1:1) Siya ay sinamba bilang Diyos. Dahil Sya'y nasa anyong Diyos (ang Salita na nagkatawang-tao, gaya ng paunang inilarawan sa nakaraan), si Hesus ay kapantay ng Diyos Ama. Gayunman, pinili ni Hesus na isuko ang posisyon o pagkakilanlan na iyon kaya Siya ay ipinanganak sa wangis ng tao ngunit walang kasalanan. Siya ay walang pangingiming nagpakumbaba ng kanyang sarili na tinupad ang Kaniyang kamatayan sa krus kung saan ay naplano na ng Diyos. At palagi Nyang idinidirekta ang pansin ng mga tao sa Walang hanggang Ama, ang Espiritu ng Buhay.

*Sapagka't may isang Diyos at may isang Tagapamagitan sa Diyos at tao, ang taong si Kristo Hesus "(1 Tim.2:5).*

*"Ngayon ang isang tagapamagitan ay hindi tagapamagitan ng iisa; datapuwa't ang Dios ay iisa" (Gal.3:20).*

Tungkol kay Hesus, isinulat ni Pablo sa Roma 9:5: "... *sa kaninong ayon sa laman ay dumating si Kristo: na Siyang lalo sa lahat, pinagpala*

*ng Diyos magpakailanman*". ***Si Hesus ay Panginoon at Kristo*** (Mga Gawa 2:36). Kaya wala ni isang anino ng pagdududa, ***ang Panginoong Hesu Kristo ay Parehong Diyos at tao***, at **ang Diyos at si Kristo ay IISA**. Ito ay hindi "*Diyos sa Tatlong Persona, Pinagpalang Trinidad*", kundi *ang Dios sa iisang Katauhan, Pinagpalang Kaisahan.* Kaya, nakikita natin ang pagsasakatuparan ng katotohanan sa Apostolikong kapahayagan patungkol sa Bautismo sa Tubig sa Pangalan ng Panginoong Hesu-Kristo (Gawa 2:38; 8:12,16; 10:48; 19:5 cf. Matt.28:9 – katawagan ng tatlong titulo).

## TAGABIGAY GINHAWA

Ang ***Banal na Espiritu*** ay ang ESPIRITU ng Ama na tumatahan kay Kristo. At dahil si Kristo at ang Diyos ay ISA, ito ay tinatawag din na Espiritu ni Cristo (Phil.1:19) pati na rin ang Espiritu ng kaniyang Anak (Gal.4:6). Pansinin ang mga salitang ito ni Hesus:

> *"At ako'y dadalangin sa Ama, at kayo'y bibigyan niya ng* ***ibang Mangaaliw****, upang siyang sumainyo magpakailan man, Samakatuwid baga'y ang Espiritu ng katotohanan; niyao'y ang sanglibutan ay hindi maaaring tumanggap, dahil Siya'y hindi nila nakikita, ni nakikilala man:* ***Ngunit kilala ninyo Siya; sapagka't siya'y tumatahan sa inyo, at papasa inyo.*** *Hindi ko kayo iiwang magisa:* ***ako'y papasa inyo****".*
>
> - Juan 14:16-18

Sa pamamagitan ng "ibang Mangaaliw (o Tagabigay Ginhawa)" Si Hesus ay hindi tumutukoy sa isa pang Diyos sa halip sa ibang (o sa ibang paraan ng) paglilingkod ni Cristo mismo bilang ang Banal na Espiritu. Malinaw, si Cristo ay nagsasalita sa Kanyang sarili na nanggagaling sa anyo ng Espiritu nang sabihin Niyang, "Samakatuwid baga'y ang ***Espiritu ng katotohanan; niyao'y ang sanglibutan ay hindi maaaring tumanggap, dahil Siya'y hindi nila nakikita, ni nakikilala man: Ngunit kilala ninyo Siya; sapagka't siya'y tumatahan sa inyo, at papasa inyo. Hindi ko kayo iiwang magisa: ako'y papasa inyo***." Ang mga alagad ay kilala Siya sapagkat Siya'y nanahan sa kanila. At, tulad ng ipinangako, dumating si Hesus sa kanila - sa anyo ng Banal na Espiritu noong Araw ng Pentecostes!

Si Apostol Juan na itinala itong mga salita ni Hesus: "*Ang espiritu ang bumubuhay; ang laman ay walang anomang pinakikinabang: ang mga salitang sinalita ko sa inyo ay pawang espiritu, at pawang buhay*" (Jhn.6:63), ay isinulat din sa parehong libro, "*...hiningahan Niya sila, at sinabi, tanggapin ninyo ang Espiritu Santo"* (Jhn.20:22). Ang mga pahayag na ito ay nagtatatag na ang pagkatao ng isang tao at ang kaniyang hininga ay hindi maaaring mapaghiwalay. Maliban na mapaghihiwalay natin ito, hindi tayo magtatagumpay sa pagpapatunay

na ang kataohan ni Hesus at ang Espiritu Santo ay hiwalay at magkaibang indibidwal.

Si **Kristo** (ANG SALITA) ay nagmula sa **Ama** (ANG WALANG HANGGANG ESPIRITU) at kailangan Nyang bumalik sa Ama pagkatapos ng Kanyang pagligtas (Jhn.16:28). Ngunit ipinangako Niya, "*Hindi ko kayo iiwang magisa (Grk: orphanos – walang magulang, ulila): AKO'Y PAPAPASA INYO.*" Sampung araw pagkatapos ng Kanyang pagakyat sa langit, Siya ay nagmulang muli sa parehong Dakilang Bukal ng Buhay upang tumahan sa Kanyang Simbahan at sa bawat miyembro bilang ang Espiritu ng AMA (Gal.4:6; Rev.21:7). Hindi Niya ito maaaring gawin habang Siya ay nasa lupa bilang TAO na ipinanganak sa mundong ito, ngunit maaari nya ng gawin ito ngayon sa ESPIRITUNG anyo (Jhn.14: 16-20). Kaya, ang Katauhan ni Hesu-Kristo, sa anyo ng Banal na Espiritu ng Diyos, ay nananatili sa Kanyang mga Banal na sumusunod sa SALITA. "*Na sa kaniya'y rin naman kayo'y nagtiwala, mula nang kayo'y nangakarinig ng **salita** ng katotohanan, ang evangelio ng inyong kaligtasan, na sa kaniya rin naman, simula noong kayo'y magsisampalataya, ay **tinatakan** kayo ng ipinangakong **Espiritu Santo***" (Eph.1:13). Ang mga salitang ito ni Apostol Pablo ay malinaw na nagtuturo sa Banal na Espiritu Santo na nananahan sa atin: "*Si Kristo na nasa inyo, na pagasa ninyo sa kaluwalhatian*" (Col.1:27; cf. Rom.8:9,11). Oo, tayo'y naging mayaman sa pamamagitan ng kahirapan ni Cristo: "*Sapagka't kayo mga kapatid, ay nalalaman ninyo ang biyaya ng ating Panginoong Hesucristo. Kung papaanong bagamat Siya ay mayaman, gayon ma'y dahil sa atin Siya ay naging dukha, para tayo sa pamamagitan ng Kanyang kahirapan, ay maging mayaman "(*2 Cor.8:9 cf. Eph.2:13-16).

Kung ang Banal na Espiritu ay <u>**hindi**</u> ang Espiritu ng Ama na nananahan sa Anak, kundi isa pang (Ikatlong) katauhan sa Pagaka Diyos, isaalang-alang ang pahayag na ito: "*Yaong aming nakita at narinig ay siya rin naming ibinabalita sa inyo, upang kayo naman ay magkaroon ng pakikiisa sa amin: at totoong may <u>pakikiisa tayo sa Ama, at sa kaniyang Anak na si Hesu Kristo</u>* "(1 Jhn.1:3). Bakit ibinukod ni Apostol Juan ang Banal na Espiritu sa pakikiisa?

Kaya nga, ang nananatili sa mga banal ng Diyos ***ay hindi dalawa o tatlong mga Persona ng Diyos***. Ang mga panghalip na "kami" at "amin" sa Bagong Tipan, tulad ng nasa Juan 14:23, ay tumutukoy sa pagkakaiba ng kung ano ang Diyos bilang si **Yaweh na Makapangyarihan sa lahat** at kung ano Siya bilang **Tagapagligtas** sa **Taong si Yahshua**. Sa Juan 12:45 ay makikita natin ang operasyon ng dalawang opisina ng iisang Tao - "*At siyang nakakakita sa **Akin** ay nakikita **Siyang** nagsugo sa Akin.*" Tandaan ang **dalawahang katangian** ni Kristo Hesus - ang Espiritu ng Ama na **Makapangyarihan sa lahat, Nakakaalam sa lahat at Nasa lahat ng dako**, at ang Espiritu ng Anak **na mapagpakumbaba, pagsunod, tagapamagitan,**

**mapanalanginin at sumusunod. Ang mga ito ay IISANG ESPiRITU** (Efeso 4:4; Jhn.4:24).

**SIMULA AT WAKAS**

*Kung magkagayo'y darating ang wakas, pagka ibibigay na niya ang kaharian sa Dios, sa makatuwid baga'y sa Ama; pagka lilipulin na niya ang lahat ng paghahari, at lahat ng kapamahalaan at kapangyarihan. Sapagka't kinakailangang siya'y maghari hanggang mailagay niya sa ilalim ng kaniyang mga talampakan ang lahat niyang mga kaaway. Ang kahulihulihang kaaway na lilipulin ay ang kamatayan. Sapagka't kaniyang pinasuko ang lahat ng mga bagay sa ilalim ng kaniyang paa. Datapuwa't kung sinasabi, ang lahat ng mga bagay ay pinasuko, ay maliwanag na itinangi yaong nagpasuko ng lahat ng mga bagay sa kaniya. At kung ang lahat ng mga bagay ay mapasuko na sa kaniya, kung magkagayo'y ang Anak rin ay pasusukuin naman sa nagpasuko ng lahat ng mga bagay sa kaniya, upang ang Dios ay maging lahat sa lahat.*

– 1 Cor.15:24-28

**Si Hesus ay hindi kailanman naging isang WALANG SIMULANG ANAK ng Diyos. Siya ang BUGTONG NA ANAK ng Diyos**. Dahil dito, ang **ministeryo ng pagiging Anak** ay mayroong **wakas** tulad ng ito ay may **simula**. Pagkatapos ng Kanyang paghahari sa Milenyo bilang Hari ng mga hari, si Hesu Kristo ay uupo sa Dakilang Puting Trono para ipasa ang huling paghatol at para linisin ang lupa mula sa lahat ng bakas ng kasalanan at kamatayan. Pagkatapos nito ay kanyang ibabalik sa AMA ang Kanyang tinubos na Kaharian upang ang AMA ay maging lahat lahat katulad noong simula. Pagkatapos kukunin ni Hesus ang pagiging ulo ng mga Anak ng Diyos bilang Panganay, ang Panganay sa maraming magkakapatid. Ang Pagkapanginoon ni Hesu Kristo, isang ginawad na kapamahalaan kung saan ay kanyang minanang karapatan na ibinigay ng Ama at kung saan ay kasalukuyang nangyayari, ay ilalagay sa sakop ng PagkaDiyos- "**upang ang Diyos ay maging lahat lahat**".

Sa Apocalipsis 1:8, ang Panginoon, na *Siyang ngayon, Siyang noon, at Siyang darating*, ang Makapangyarihan sa lahat (ang Walang Hanggan, Mataas at Matayog na Espiritu) ay nagsabi,

*"Ako ang Alpha at Omega, ang simula at ang wakas."*

Ang talatang ito ay nagsasalita tungkol sa Kanya, na Siyang walang hanggan, *kaugnay* sa Kanyang planong paglikha, at kung papaano Niya ito dadalhin sa isang perpektong wakas na Kanyang pinanukala at itinalaga noon pang simula ayon sa pasya ng Kaniyang Sariling Kalooban. At kung ang **ORAS** - "*ang simula at wakas*" - ay malikum na

ng ***kawalang hanggan*** ng Diyos, o ang Walang Hanggang Espiritu, mayroon na lamang **kawalang hanggan**.

**Wakas**


***Ang mga Tradisyon ng mga Iglesiya ay nagsasabi:***




***Ang salita ng Diyos ay nagsasabi:***

***"Sinasamba ninyo ang hindi ninyo nakikilala…Datapuwa't dumarating ang oras, at ngayon nga, na sasambahin ng mga tunay na mananamba ang Ama sa espiritu at katotohanan: sapagka't hinahanap ng Ama ang mga gayon na maging mananamba sa kaniya. Ang Dios ay Espiritu: at ang mga sa kaniya'y nagsisisamba ay kinakailangang magsisamba sa espiritu at sa katotohanan. Ang Dios ay liwanag (kapahayagan, katotohanan), at sa kaniya'y walang anomang kadiliman (tradisyon, kasinungalingan)."***

**Triune divinity...**




**...as worshipped in ancient Assyria.**



**...as worshipped among the Pagans of Siberia.**

## ANG ESPIRITUWAL NA MULING KAPANGANAKAN SA PAMAMAGITAN NG HINDI NASISIRANG BINHING-SALITA



# * ADENDA *

## Ang Doktrina ng Trinidad

Ang doktrina ng Trinidad (3-sa-1 na Diyos) ay kinikilala at inilarawan ng mga masigasig na mga manunuro nito bilang “isang misteryo na hindi mapaliwanag o maintindihan". Sa katunayan, ito ay walang iba kundi isang KALITUHAN!

Sa kanyang aklat na "*The Two Babylons*", si Alexander Hislop ay binakas ang karamihan ng mga gawain at turo ng Romanong kulto sa paganismo at napatunayan na ang pagsamba sa Papa, ang pinagmulan nito, ay ang pagsamba kay Nimrod at sa kanyang asawa. Tingnan ang Genesis 10:8-12.

Sa paghahambing ng Romano Katoliko (maaari din nating isama pati ang Protestantismo dahil ito ay hindi talaga umalis sa Katolisismo) sa sinaunang Babyloniang paganismo, si Hislop ay gumagamit ng "*Trinity in Unity*" bilang kanyang pinakaunang paksa. Sa pagkuha mula sa iba't ibang batayan, lilitaw na ang ideya ng Trinidad ay isang sinaunang ideya: "*Sa pagkakaisa ng iisang Diyos ng mga taga Babilonya, mayroong tatlong katauhan ... at sila ay gumagamit... ng tatsulok na may parehong sukat, katulad nang tanyag na Romanong Iglesia sa panahong ito." (Pg.16) "Ang mga Papa ay mayroong ... sa monasteryo ng tinaguriang Trinidad sa Madrid, na isang imahe ng tatlong Diyos, na may tatlong ulo sa iisang katawan.*" (Pg.17) Ang katulad na Diyos na may tatlong ulo ay matatagpuan sa sinaunang pinakamataas na diyos sa Indya at sa Buddha ng Japan (Pg.17-18). "*Ang pagkilala sa Trinidad ay unibersal sa lahat ng mga sinaunang bansa sa mundo."* (Pg.18).

Ang isa sa paulit-ulit na tema na makikita sa Lumang Tipan ay ang pagkamuhi ng Banal na Diyos sa mga paganong diyos o idolo. Ang Diyos ng Israel ay hindi kailanman maihahalintulad ang Kanyang sarili sa alinman sa mga paganong kasuklamsuklam!

Ang mga sumusunod ay mga aral sa Trinidad ng dalawang kilalang mga gurong Trinitarian:

"*Ang ibig sabihin namin sa Banal na Trinidad ay mayroong tatlong hiwalay at natatanging katauhan sa Panguluhang Diyos, ang bawat isa ay may kanya-kanyang sariling personal na espiritung katawan, personal na kaluluwa, at personal na espiritu na kung paano ang tao, anghel o ang iba pang nilalang ay may kanya-kanyang sariling katawan, kaluluwa, at espiritu. Ang ibig naming sabihin sa katawan, kung ito man ay katawang espiritu o isang katawang laman, ito’y bahay*

*para sa pagtira ng mga personal na kaluluwa at espiritu. Ang kaluluwa ay yaong nakakaramdam at ang espiritu ay yaong nakakaalam.* " (Finis J. Dake, ni Dake Annotated Reference Bible)

Si Keith L. Brooks ay sinabi, "*Kung ang doktrina ng Trinidad ay hindi tatanggapin, si Kristo ay hindi banal at ang karakter ng Kanyang ginawang pagtubos ay mapupunta sa wala. Kung mayroong Trinidad ... at ang pagsamba ay hindi ibinibigay kay Hesus at sa Banal na Espiritu, sa gayon ang tamang pagsamba ay ipinagkait sa dalawang-ikatlong bahagi ng Panguluhang diyos. "*(Kinuha mula sa 'Our Daily Bread', Hulyo 8, 1971)

Ito ay mga salita ng mga taong pantas sa kanilang sariling pagiisip. Ginagawa lamang nilang mangmang ang kanilang sarili sa pamamagitan ng paglantad ng kanilang kamangmangan at kahangalan.

Ang Panginoong Hesu Kristo ba ay isang-ikatlong bahagi lamang ng Panguluhang Diyos? 1 Timoteo 3:16 at Colosas 2:9 ay maliwanag na sinasabi na ang Diyos ay nahayag sa laman, at ang Panginoong Hesu Kristo ay ang KAPUNUAN ng Diyos sa katawan. Lamang, ito ay nangangahulugang IISANG DIYOS sa IISANG KATAUHAN, si Hesu Kristo.

Ang mga Trinitarians ay naging mangangatay noong kanilang kinatay ang Diyos sa tatlong pantay pantay na bahagi para makagawa ng Tatlong mga Diyos mula sa Makapangyarihang Espiritu. Wala kahit saan sa Biblia ay mayroong anumang mga pagtukoy sa Diyos bilang isang Trinidad o ng isang tatlohang Diyos. Ngunit, ang mga Trinitarians ay kumukuha ng halos 80 "na malalakas na teksto sa Biblia" pare "*ipakita*" ang Trinidad.

Itong doktrina ng TRINIDAD ay lumaganap noong mga panahon pagkatapos ng kamatayan ng huling Apostol noong 2nd Century. Napakaraming mga magagaling na mga theologo na sinubukang talakayin ang PagkaDiyos. Kabilang sa kanila ay mga taong tulad nina Ignatius, Polycarp, Justin Martir, Irenaeus, Clemens at iba pa.

Tingnan natin kung paano ni Justin itong nakuha ng tama noong una at pagkatapos ay napunta sa mali at pagkalito.

*"Siya (si Justin) ay talagang nahirapan sa pagpapahayag ng puntong ito. Siya ay, ito ay totoo, ang mga tagasunod ni Philo, at kahit pa si San Juan; dahil para kay San Juan ang Logos o Sanhi o Salita ay ang kapangyarihan na sa pamamagitan Nito ay ginawa ng Diyos ang mundo, at Siya ring liwanag na lumiliwanag sa bawat tao na ipinapanganak sa daigdig, kung iyon ang tamang pagsalin; ngunit si Justin ay tinangkang ipaliwanag ang na bagay na pinaka-tiyak na paraan. Ang Banal na Sanhi ay ang pangalawang Diyos. Siya ang "*pangalawang Diyos sa bilang, ngunit hindi sa isip*"; iyon ay upang sabihin,* "siya ay ang pangalawang Diyos at siya ay hindi ang pangalawang Diyos". (Dictionary of Christian Biography)

Ngayon, tingnan mo kung mauunawaan mo ito:

*"Ang ilan ay sinabi na mayroon lamang isang sangkap sa pagka-Diyos, ang iba tatlo. Ang ilan ay pinahihintulutan, ang ilan naman ay tumatanggi sa pahayag na ito ... ayon sa paggabay sa kanila ng umiiral na kabulaanan ng mga araw na iyon at ng kanilang sariling paghuhusga tungkol sa mga paraan ng pagtagpo sa mga ito... ang ilan ay nagdeklara na ang Diyos ay nasa bilang na tatlo; ang iba naman ay nagsabing nasa bilang na isa; habang sa iba ay lumilitaw na pilosopiya lamang na ibukod ang ideya ng numero at sama-sama sa diskusyon ng mahiwagang Katangian na kung saan ay lampas sa paghahambing, kung titingnan bilang isa o tatlo, at hindi pumapasailalim ni bumubuo ng anumang nililikhang-isip na uri.*" (The Arian of the 4th Century)

Sa maraming siglo, ang doktrina ng Trinidad ay ang 'sentrong doktrina' ng karamihan sa mga Protestante, Evangelical at Katolikong simbahan. Ngunit ang doktrinang ito ay hindi bahagi ng "*pananampalataya na ibinigay na minsan sa mga banal*" (Judas 3). Ang Katolikong Encyclopedia nagsasaad:

*"Ito (ang Trinidad), ang tinuturo ng Iglesia, ay ang kapahayagan patungkol sa kalikasan ng Diyos na si Hesu Kristo, ang Anak ng Diyos, ay dumating sa mundo upang iligtas ang sanglibutan: at kung saan siya (ang Katolikong simbahan) ay nagaalok sa tao bilang ang pundasyon ng buong dogmatikong sistema."*

Kaya nakikita natin na ang Romano Katolikong Simbahan ang nagpalaganap ng TRINIDAD bilang pundasyong doktrina ng kanyang buong dogmatikong sistema. At noong huling 25 na taon ng ika-apat na Siglo na "*ang depinitibong Trinitarian na aral nang* 'Iisang Diyos sa Tatlong Persona' *ay naging* lubusang tinanggap sa Kristiyanong pamumuhay at pagiisip." (Holy Trinity." - New Cath Ency.)

Narito ang sinasabi ng talaan sa kung anu ang paniniwala sa TRINIDAD:

"*Hindi natin maaaring pagdudahan ang pagkakaroon ng iba't ibang mga opinion ang mga kinikilalang Ama sa mahiwagang paksa na ito hanggang sa huling kahulugan ng Iglesia."* (Dictionary of Doctrines & History Theology)

At totoo nga, ang doktrina ng pagka-Dios ay nagkaroon ng kanyang huling kahulugan - ang kapanganakan ng Tatlo-sa-iisang Diyos - noong taong 325 AD, mga 300 taon pagkatapos ng kamatayan, muling pagkabuhay at pag-akyat ni Kristo! Ang *Paganong Roma* ang nanguna sa pagpapalaganap ng doktrinang ito! Ito ay paganong doktrina na inumpisahan ng paganong simbahan! Makikita mo ang "Trinidad" na ito sa Kredong ng Nicea na itinatag sa pamamagitan ng Konseho ng Nicea noong 325 A.D. Ang tinatawag na *"Apostles Creed"* (100-150 AD) na kung saan hindi naman isinulat ng alinman sa mga apostol, ay ni hindi pinapaliwanag ang pagka-Dios bilang isang *Trinidad*. "Ito ay

hindi, bilang nakita na, direkta at kaagad na ang salita ng Diyos." (New Cath. Ency.) Tunay, ito ay maaaring hindi matagpuan sa Salita ng Diyos!

Simula nga noon, ang doktrinang ito ay lubusan nang naging bahagi ng buhay ng mga Kristiyano at maging sa pag-iisip, at maraming sa mga Kristiyano ngayon ay nahihirapang itapon ang maling doktrinang ito ng pagka-Diyos. Sila ay tinuruan sa sistema ng iglesia upang maniwala at tanggapin ito bilang isang *HIWAGA.*

Ito ay tunay ngang misteryo, na isang nilikha ng sistema ng simbahan.

"*Ang isang mabungang sanhi ng pagkakamali sa sinauna at modernong panahon ay pagtatangkang ipaliwanag o ilarawan ang doktrinang ito, na nakakalimutang ito ay isang HIWAGA para tanggapin ng may pananampalataya, na HINDI MAAARI, mula sa kanyang sariling likas na katangian, mauunawaan ng talino ng tao.*" ("Trinity" - Dict. of Doct. & Hist. Theo.)

Puwede bang ang isang tunay na Kristiyano ay maniwala, sa pamamagitan ng pananampalataya, sa isang bagay na hindi naman talaga totoo?

Ang *TRINIDAD* ay palaging misteryo, na puno ng maraming kontrobersiya, at mahirap maunawaan ninoman. Ang lahat ng matalinong pagtatangka sa pag-unawa nito ay nagsasanhi lamang ng mas maraming hindi pagkakaunawaan! Lahat ng teologong nagtangka sa pagpapaliwanag nito ay nagresulta sa mas maraming pagkalito.

Bakit?

Lamang dahil ito ay isang gawa ng tao, isang katha! Ang lahat ng mga iskolar ng Bibliya ay inaaminin na walang nabangit sa Bibliya patungkol sa TRINIDAD; ito'y '*ipinahiwatig*' lamang, tulad ng sinasabi nila. Ang kanilang pagtangkang bigyang-kahulugan ang payak na Kasulatan sa pamamagitan ng malabong Kasulatan ay isa nang luma at kamangmangang kaugalian.

Bakit hindi sila kumuha ng isang mas matalino at mas matinong pagharap sa problema? Iyon ay, upang gamitin ang payak na Kasulatan upang pag-aralan at maunawaan ang Malabo at nakatagong Kasulatan!

O, ganun nalang ka desperado ang mga mananampalataya ng Bibiya sa patnubay ng Banal na Espiritu upang tulungan ang mga itong makakilala sa Banal na Katotohanan ng Diyos at sa labis na mga salita at mga gawa-gawang doktrina ng karnal na mga tao!

# ANG KREDO NG ATANASYA

Sa paghahari ni Constantine, ipinahayag ang Kristiyanismo bilang ang relihiyon ng estado para sa Imperyong Romano. Dahil dito, ang mga tao ay hayag na nagsimulang magtalakayan ng mga teolohiya na itinakda sa mga pilosopo. Ang impluwensyang pilosopiko ng Platoniko sa Juan 1:1 at iba pang mga sagradong kasulatan ay nagdulot ng isang malaking pagtatalo sa "pag-iral" ng Logos.

Si Arius, isang presbyter ng Alexandria at pinuno ng sektang Arianismo - ay nagturo na si Hesus ay ang unang nilikha, "gumawa ng ikalawang Diyos" na mas mababa sa Makapangyarihan. Bilang salungat sa konsepto ng Trinitarian, itinuro niya na si Hesus ay hindi pantay o hindi katulad ng Diyos Ama.

Doon sa Konseho ng Nicaea noong 325 A.D. ay nabuo ang Nicene Creed na naglalayong alisin ang Arianismo at upang tanggapin ng simbahan ang doktrina ng Trinitaryang Pagka-Diyos. Gayunpaman, ang kapahayagan ng Salita ng Diyos ay nagpapatunayan na ang parehong mga doktrina, kahit na may mga bahaging totoo, ay puno pa rin ng mga kamalian. Si Athanasius, isang diyakono na nanguna sa pakikipaglaban kay Arius, ay kalaunang naging Obispo ng Alexandria.

Ang Kredo ng Atanasya, na matatagpuan sa Aklat ng Karaniwang Panalangin, ay lubos na nagpapahayag ng paniniwala ng iglesia sa maraming iba't ibang mga diyos.